# PAGSASANAY NG MGA KUMPLETONG PINUNO

Manwal para sa pagsasanay ng mga pinuno sa mga maliliit na grupo at bahay simbahan para mamuno sa pagtatayo ng mga simbahan

**Pagsasanay ng mga Kumpletong Pinuno**

*Manwal para sa pagsasanay ng mga pinuno sa maliliit na grupo at bahay simbahan para mamuno sa pagtatayo ng mga simbahan*

Ni Daniel B. Lancaster, PhD

Inilathala ng: T4T Press

Unang limbag: 2013

Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring kopyahin o ipamigay sa kahit na anong paraan, elektronik or mekanikal, kasama ang pag-photocopy, pagrekord o kahit na ano pang systema ng pag-imbak at pagkuha, ng walang kasulatang pahintulot ng manunulat, maliban sa paggamit ng maiigsing pagsipi sa isang pagsusuri.

Karapatan sa Pagmamay-ari 2013 ni Daniel B. Lancaster

ISBN 978-1-938920-80-6 nilimbag

Ang lahat ng kasulatan ay galing sa MAGANDANG BALITA BIBLIA, © 1980 ng Philippine Bible Society. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

# Contents

Paunang Salita.............................................................. 7
Pagpapasalamat ............................................................ 9
Pambungad................................................................ 11

## Unang Bahagi: Mga Saligang Bahagi

Ang Estratehiya ni Hesus .............................................. 17
Pagsasanay ng mga Pinuno ............................................ 20
Prinsipyo ng Pagsasanay ............................................... 25

## Ikalawang Bahagi: Mga Aral Ng Pamumuno

Pagbati...................................................................... 31
Magsanay Tulad Ni Hesus ............................................. 45
Mamuno Tulad ni Hesus ................................................ 58
Patatagin ang Sarili ....................................................... 74
Magpatatag Kasama Ang Iba.......................................... 89
Ipamahagi ang Ebanghelyo........................................... 102
Gumawa ng Disipulo ................................................... 120
Magsimula ng Mga Grupo ............................................ 137
Palaguin ang Mga Grupo ............................................. 155
Sundin si Hesus .......................................................... 173

## Ikatlong Bahagi: Pagkukunan

Dagdag Na Aralin ........................................................ 187
Apendiks A ................................................................ 188
Apendiks B ................................................................ 201
Apendiks C ................................................................ 203
Apendiks D ................................................................ 205

*Para sa Alaala ni Tom*

# Paunang Salita

Ang pagpapabisa ng ministro ng simbahan ay isang hindi natatapos na hamon. Alam ng mga may kinalaman sa paninilbi kay Hesus na konti lang ang mga problema na masimportante sa paninigurado na mabisa ang mga paraan na ginagamit sa pagsasanay ng mga naniniwala. Isa sa mga pinakamabisang paraan ng pagsasanay ng mga naniniwala ngayon ay ang mga librong *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus*. Ang unang libro, *Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo*, ay nagbibigay ng mga aralin na madaling gayahin para gawing mga disipulong parang si Kristo ang mga bagong naniniwala. Ang ikalawang librong ito ay ang pagpapatuloy nito sa pagbibigay ng mga aralin para gawing mga pinunong nagpaparami ng grupo ang mga disipulong parang si Kristo. *Ang Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ni Dan Lancaster ay isang subok na paraan ng pagsasanay. Ito ay praktikal at malinaw sa pagtuturo – nagbibigay ng mga dula, larawan, at mga pansariling karanasan para sa mga nagsasanay.

Ang *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ay isa sa mga siguradong pinakamabisang paraan ng pagsasanay ng mga naniniwala para sa ministro. Ang librong ito ay hindi lang mabisa, ito din ay pinapabilis ang pagsanay ng pagkapinuno. Ang mga aralin ay pinangungunahan ang mga kailangan ng mga pinuno, nagbibigay ng pangarap kung ano ang itsura ng isang maka-Diyos na pinuno, at mga hakbang na susundin sa pagtatanim ng mga bagong simbahan.  Ang librong ito ay tinutulungan ang mga pinunong sinasanay upang maayos na makapagsanay din ng mga pinuno. Ang *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ay tumutulong

sa mga pinunong maintindihan ng mabuti ang kanilang mga sarili at ang mga taong katrabaho nila sa isang bagong paraan sa pamamagitan ng paggamit ng walong imaheng may kinalaman sa personalidad.

Sa kabuuan, ang *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ay nagbibigay sa mga bagong naniniwala sa isang pamamaraang kumpleto. Ang ikalawang librong ito ay itinutuloy ang matulungin at praktikal na paraan na sinimulan sa unang libro. Ang ministro ng *Mga Hari ng Hari* ay nangangailangan ng pinakamabisang paraan. Ito ay isang plano ng pagsasanay ng pinuno na tumutugon sa pangangailangan na ito.

Roy J. Fish

# Pagpapasalamat

Ang lahat ng libro ng pagsasanay ay listahan ng mga natutunan sa buhay. Ang *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* ay hinda naiiba. Malaki ang aking utang na loob sa mga taong nagsanay sa akin upang ako ay makapagsanay ng iba.

May ilang kaibigan ako sa Timog-Silangang Asya na nakipagtulungan sa akin na gawin ang mga materyales na ito para sa pagsasanay ng mga pinuno. Salamat kina Gilbert David, Jeri Whitfield, Craig Garrison, Steve Smith, Neill Mims, at Woody & Lynn Thingpen para sa inyong mga kabatiran, suporta, at tulong. Kami ay sama-sama na ng ilang taon sa proyektong ito.

Ilang pinunong espiritwal na ang lubos na naging impluwensiya sa aking buhay at gusto ko silang pasalamatan. Tinuruan ako ni Dr. Ricky Paris na hanapin ang Diyos ng buong puso. Naging modelo sina Gaylon Lane, L.D. Baxley, at Tom Popelka ng walang kundisyong pagmamahal at espiritwal na pamumuno noong dumaan ako sa isang mahirap na yugto ng aking peregrinasyon. Pinalago ni Dr. Elvin McCann ang apoy ng misyon na ipinagkaloob sa akin ng Diyos. Ipinakita ni Rev. Nick Olson sa akin kung paano maging isang tao ng estratehiya at integridad. Pinakilala sa akin ni Dr. Ben Smith si Hesus, at naging katapatang-loob mula noon. Pinaisip sa akin ni Dr. Roy Fish ang pangarap na magpalago ng disipulo maaga pa lang sa aking pagkaministro. Tinuro sa akin ni Rev. Ron Capps na ang pinakamagaling na pinuno ay siya din pinakamagaling na tagapaglingkod. Maraming salamat sa inyong lahat sa pagsanay sa akin na maging pinuno, upang ako ay makapagsanay rin ng iba.

Si Tom Wells ay nanilbihan na pinuno ng pagsamba sa Highland Fellowship, ang pangalawang simbahan na aming itinayo. Isang magaling na musikero at mabuting kaibigan, kami ni Tom ay naka-ilang tasa na ng kape sa pag-uusap tungkol sa walong imahe ni Kristo. Tinulungan niya akong gawin ang simpleng pamamaraan ng paghahanap ng personalidad na ginamit sa *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno.* Itinatag namin ang simbahan at nagplano ng mga ministro ayon sa walong imahe ni Kristo. Nagbigay din kami ng serbisyong konsultasyon sa mga lokal na simbahan tungkol sa kalusugan ng simbahan. Kahit ngayong nasa piling ka na ng Diyos, Tom, ang sinimulan mo ay ipinagpapatuloy namin, hindi ka namin makakalimutan, at nangungulila na kami sa iyo.

Gusto ko din magpasalamat ng lubos kina David and Jill Shanks na tumulong sa proyektong ito. Ang kanilang kagandahang-loob ay nagbigay-daan sa hindi mabilang na mga naniniwala sa Asya na patatagin ang kanilang pagkadisipulo, pamumuno, at pagtatayo ng simbahan. May mahabang pila sa langit na maghihintay na magpasalamat sa inyo.

Ang aking pamilya ay inihahandog ang librong ito bilang regalo sa pamilya ninyo. Si Holli, ang aking asawa, at ang aking mga anak na sina Jeff, Zach, Karis, at Zane ay lahat nagsakripisyo at sumuporta sa proyektong ito para gumawa ng mga makabagbag-pusong espiritwal na pinuno at magdala ng lunas sa mga sakit ng iba't ibang bansa.

Daniel B. Lancaster, PhD.
Timog-Silangang Asya

# Pambungad

Binigyan ng Diyos ang aming pamilya ng pribilehiyo na makapagtayo ng dalawang simbahan sa Amerika. Ang unang simbahan ay sa Hamilton, Texas, ang sentro sa isa sa mga pinakamahirap na bayan sa Texas. Ang mga alaala ng kung paano nakapagbigay ang Diyos ng paraan sa isang grupo ng naniniwala para makapagtayo ng simbahan na may dalawandaang upuan kahit na mahirap ang buhay ay nakakapagpasigla hanggang ngayon. Iniba ng Diyos ang buhay naming lahat ng natandaan Niya ang Hamilton.

Sinimulan namin ang aming pangalawang pagtayo ng simbahan sa Lewisville, Texas. Ako ay nag-aral ng ilang taon as Lewisville, isang umaasensong lungsod sa lugar na Dallas at Ft. Worth. Ang aking bahay simbahan, Lakeland Baptist, ay tumulong sa pagtayo ng simbahan at sumuporta sa aming mga pinansyal, emosyonal, at espiritwal na mga pangangailangan. Kami ang pang-labingwalong simbahan na naitayo sa lugar. Dahil sa aming karanasan bilang tagapagtayo ng mga simbahan, inanyahan kami ng pastor na simulan ang simbahan ng walang pangunahing grupo, at sa halip ay umasa sa aming pagbahay-bahay.

Dalawang buwan matapos maitayo ang simbahan, ako ay nagkaroon ng labis na sakit sa aking katawan at tinamaan ng matinding pagod. Sabi ng mga doctor ay meron akong lupus, sa parehong araw na ipinanganak ang aking ikaapat na anak. Sa mga sumunod na pagsusuri, natuklasan na ang sakit ko pala ay ankylosing spondylitis – isang sakit kung saan nagkakadikit ang buto sa likod, buto sa dibdib, at ang mga kasukasuan sa balakang. Gumamit ako ng mga malakas na gamot para hindi ko

maramdaman ang sakit, pero malakas magpaantok ang mga gamot na ito. Dalawang oras kada araw ko lang kaya magtrabaho, at ang natitirang oras ay inilalaan ko sa pagpapahinga at pagdarasal.

Ang panahon na ito sa aming pagkaministro ay isang madilim na gabi para sa aming kaluluwa. Dahil sa sakit at pagod na aking nararamdaman, madami akong hindi nagawa. Pero kahit na malala ang aking sakit, naramdaman pa rin namin ang Diyos na tinatawag kami upang itayo ang simbahan. Hiniling namin sa Diyos na tulungan niya kami, pero sumagot Siya at sinabing ang kanyang mga biyaya ay sapat na. Naramdaman namin na iniwan na kami ng Diyos, pero hindi nawala ang pagmamahal Niya para sa amin. Nagduda kami sa Kanyang tawag, pero inilapit lang Niya kami lalo sa Kanya at binigyan kami ng pag-asa. Inisip namin na baka pinaparusahan kami ng Diyos para sa isang kasalanan na hindi namin alam, pero pinuno Niya kami ng pananalig na ililigtas niya ang mga nawawala at ibabalik sa Kanyang pamilya. Ang aming pangarap na balang araw ay makapag-misyon sa iba't ibang lugar ay kumupas at nawala.

Paano mo gagamitin ang oras mo kung dalawang oras ka lang nakakapagtrabaho sa isang araw sa isang bagong tayong simbahan? Binigyan kami ng pagkakataon ng Diyos na magsanay ng mga pinuno. Natutunan ko kung paano kausapin ang isang tao ng isang oras habang kumakain ng tanghalian, at pagkatapos ay meron na siyang estratehiya para sa susunod na buwan, na madalas ay nakasulat lamang sa isang tisyu! Isang sistema ng pagsasanay ng iba, na sinundan ng pagsasanay nila ng iba pa, ay nabuo. Tinulungan namin ang mga taong matuklasan kung paano sila ginawa ni Kristo upang sumunod sa kanya sa mga paraang praktikal. Madaming bata't matanda na nakapasok sa Kaharian, kahit na madami kaming paghihirap na dinanas.

Tatlong taon makalipas ng aking pagkakaroon ng sakit, nagsimula kami ng bagong gamot na nagdulot ng malaking pagbabago. Kinaya ko ang pananakit at pagod. Pero imbis na bumalik sa lumang modelo na ginagawa ng pastor ang lahat, tinuloy namin ang pagsasanay ng mga pinuno. Apat na taon pagkatapos naming simulan ang simbahan, bumisita ako sa Timog-Silangang

Asya kasama ang isang kaibigan. Nung bumaba ako ng eroplano sa isang banyagang lugar, narinig kong bumulong ang Diyos sa aking puso na ako'y nasa bago kong bahay. Tinawagan ko ang aking asawa ng gabing iyon at siya din daw ay sinabihan ng Diyos ng parehong mensahe. Pagkalipas ng isang taon, binenta namin ang lahat ng aming ari-arian at lumipat ang aming pamilya ng apat sa Timog-Silangang Asya.

Nagtrabaho kami sa isang bansang hindi bukas sa mga banyaga at nagsimulang gumawa ng mga disipulo. Hiniling namin sa Diyos na bigyan kami ng tatlong lalaki at tatlong babae na kung kanino pwede naming ibuhos ang buhay namin, tulad ng ehemplo ni Hesus kay Peter, James, at John. Sinagot ng Diyos ang aming hiling at binigyan kami ng mga taong pwede naming sanayin, tulad ng pagsasanay ni Barnabas kay Paul. Habang nagsanay kami ng masmarami pang tao para sundin si Hesus, nagsimula kami ng mga bagong grupo, at ilan dito ay naging mga simbahan. Nang lumaki ang mga grupo at simbahang ito, kinailangan nila ng masmarami at masmagaling na mga pinuno. Ang bansa na pinagtrabahuhan namin ay wala ding maayos na pamumuno. Sinimulan naming aralin kung paano sinanay ni Hesus ang kanyang mga disipulo na maging mga pinuno. Itinuro namin ang mga leksyon na ito sa aming mga kaibigan at meron kaming natuklasan; na ang paggawa ng mga disipulo at pagsanay ng mga pinuno ay halos magkapareho lang. Ang paggawa ng mga disipulo ay ang simula, at ang pagsanay ng mga pinuno ay ang pagtutuloy. Natuklasan din namin na masmaganda ang resulta ng pagsasanay namin habang ginagaya namin ang mga ginawa ni Hesus.


Ang mga aralin na itinuro namin sa mga pinuno ang nilalaman ng manwal na ito. Si Hesus ang pinakamagaling na pinuno, at nabubuhay siya sa Kanyang mga tagasunod. Habang sumusunod tayo sa Kanya, nagiging masmagaling tayong mga pinuno. Pagpalain ka ng Diyos bilang isang pinuno, at pati ang mga taong iyong iimpluwensiyahan sa pamamagitan ng manwal na ito. Madami nang mga pinuno ang nakapagsanay ng ilang henerasyon ng mga pinuno gamit ang materyales na ito, at ipinagdarasal namin ang basbas ng Diyos sa iyong buhay habang ginagawa mo ito.

Unang Bahagi

# Mga Saligang Bahagi

# Ang Estratehiya ni Hesus

Ang estratehiya ni Hesus para maabot ang mga bansa ay nahahati sa limang taktika: Magiging matatag sa Diyos, ipamahagi ang Ebanghelyo, gumawa ng disipulo, bumuo ng mga grupo na magiging mga simbahan, at magsanay ng mga pinuno. Habang kayang mapag-isa ng bawat taktika, sila ay bumubuo ng isang prosesong puno ng sinerhiya kapag pinagsama-sama. Ang materyales sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* ay nagtuturo sa mga pinuno na maging simula sa pagtatayo ng simbahan sa kanilang mga lugar sa pamamagitan lang ng pagsunod kay Hesus.



Ang *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* ay nagsisimula sa *Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo* at ang unang apat na taktika sa estratehiya ni Hesus. Ang mga disipulo ay natututo kung paano magdasal, sumunod sa mga utos ni Hesus, at manalig sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu (Maging matatag sa Diyos). Ang mga disipulo ay natutuklasan kung paano samahan ang Diyos kung saan Siya kumikilos at makibahagi sa Kanyang testimonya – isang napakalakas na sandata sa labanan ng pananalig. Sunod, natututo sila kung paano pinamamahagi ang Ebanghelyo at imbitahin ang mga tao pabalik sa pamilya ng Diyos (ipamahagi ang Ebanghelyo). Kapag natapos ang kurso, ang mga pinuno ay nabibigyan na ng kaalaman kung paano bumuo ng maliit na grupo, pangarap na palaguin ang dami, at plano para maabot ang komunidad (Bumuo ng grupo).

Ang pagbuo ng disipulo ay nagbunga ng dalawang pangangailangan habang sinanay namin sila. Iniisip ng mga baguhang pinuno kung paano sila magiging pinunong pang-espiritwal, at kung anong mga hakbang ang kailangan nilang gawin para ang isang grupo ay maging isang simbahan. Dahil ang mga taktika sa estratehiya ni Hesus ay hindi sunod-sunod, ang ilan sa mga disipulo ay humingi ng pagsasanay bilang pinuno at pagkatapos ay pagsasanay kung paano magtayo ng simbahan. Ang ibang disipulo naman ay baligtad ang pagkasunod-sunod na hiningi. Dahil dito, nagsimula kaming magbigay ng dalawa pang pagsasanay para sa mga disipulo na gusto talagang magsanay rin ng iba.

Ang *Pagsimula ng Mga Kumpletong Simbahan* ay tumutulong sa mga nakatayo nang simbahan sa pagbuo ng mga bagong grupo at simbahan – ang ikaapat na taktika sa estratehiya ni Hesus. Konting pinuno pa lang ang nakakapagtayo ng simbahan, at isang madalas na pagkakamali ay ang pagkopya ng istruktura ng kanilang lumang simbahan para sa bagong tayong simbahan. Ang gawaing ito ay madalas hindi maganda ang resulta. Ang *Pagsimula ng Mga Kumpletong Simbahan* ay umiiwas sa pagkakamaling ito sa pagsasanay ng mga disipulo na sundin ang walong kautusan

ni Kristo na sinunod ng sinaunang simbahan sa Mga Gawa 2. Ang grupo ay naging praktikal sa pagsunod sa bawat kautusan at bumuo ng isang kasunduan sa simbahan ng sama-sama. Kung ang grupo ay nararamdaman ang pagsunod kay Hesus, ang seminar ay nagtatapos sa isang seremonya bilang isang bagong simbahan.

Ang *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ay tumutulong sa mga pinuno na magsanay ng iba upang maging makabagbag-puso at espiritwal na mga pinuno – ang ika-limang taktika sa estratehiya ni Hesus. Isang mahalagang bahagi ng pagtatayo ng simbahan ay ang paggawa ng mga pinuno. Sa seminar na ito, ang mga pinuno ay pinapakitaan ng proseso ni Hesus sa pagsanay ng mga pinuno at ang pitong katangian ni Hesus bilang ang pinakamagaling na pinuno. Natutuklasan ng mga pinuno ang personalidad nila at mga paraan upang makisama sa mga taong iba ang personalidad sa kanila. Sa huli, ang mga pinuno ay gumagawa ng "Plano Ni Hesus" na hango sa labindalawang tuntuning pang-ministro na binigay ni Hesus sa kanyang mga disipulo sa Lucas 10. Ang seminar ay nagtatapos sa pakikibahagi ng mga pinuno ng mga ginawa nilang "Plano Ni Hesus" at pagdarasal kasama ang isa't isa. Ang mga pinuno ay naninindigan na tulungan ang isa't isa at magsasanay ng mga bagong pinuno.

Parehong *Pagsimula ng Mga Kumpletong Simbahan* at *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ay nagsasanay ng mga disipulo kung paano gayahin ang ministro at mga paraan ni Hesus. Ang mga tagapagsanay ay binibigyan ang mga pinuno ng mga paraan na pwede nilang aralin at ipamahagi sa iba. Ang *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* ay hindi isang aralin, kung hindi isang paraan ng pamumuhay. Sa higit dalawang libong taon, ang Diyos ay biniyayaan at nagbago ng hindi mabilang na mga buhay sa simpleng bagay lang na pagsunod sa Kanyang Anak. Ang mga naniniwala ay sumunod sa estratehiya ni Hesus at nakakita ng buong kultura na nag-iiba dahil doon. Sana gawin din ito ng Diyos sa buhay mo at sa mga taong iyong isasanay para sundin si Hesus.

# Pagsasanay ng mga Pinuno

Ang *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ay ang pagpapatuloy ng unang kurso, ang *Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo*, at tumutulong sa mga nagsimula ng grupo ng disipulo na gumaling bilang mga pinuno at makapagparami ng mga grupo.

## Resulta Ng Pagsasanay

Pagkatapos ng seminar ng pagsasanay na ito, ang mga nag-aral ay magagawa ang mga sumusunod:

- Magturo sa ibang pinuno ng sampung pangunahing aralin sa pagiging pinuno.
- Magsanay ng ibang mga pinuno gamit ang isang prosesong madaling gawin na iniayon sa mga paraan ni Hesus.
- Makakilala ng iba't ibang klase ng personalidad at tulungan ang mga taong magtrabaho bilang isang grupo.
- Bumuo ng planong estratehiya para matawag pabalik ang mga nawawala sa kanilang espiritwal na pagkatao sa kanilang komunidad at makapagpadami ng bagong grupo.
- Intindihin kung paano mamuno sa pagtatayo ng simbahan.

# Proseso Ng Pagsasanay

Ang bawat sesyon ng pagsasanay ng pagiging pinuno ay sumusunod sa iisang istruktura na iniayon sa kung paano sinanay ni Hesus ang kanyang mga disipulo na maging pinuno. Ang susunod ay isang ehemplo nito na may kasamang takdang oras sa bawat gawain.

## PAGPURI

- Kumanta ng dalawang koro ng sama-sama (o masmadami pa kung kasya sa oras).

  (10 minuto)

## PROGRESO

- Isang pinuno ay magbabahagi ng progreso ng kanyang ministro simula nang huling magkita ang grupo. Ipagdarasal ng grupo ang pinuno at ang kanyang ministro.

  (10 minuto)

## PROBLEMA

- Ang tagapagsanay ay magsasabi ng isang karaniwang problema ng isang pinuno. Ito ay ipapaliwanag gamit ang isang kwento o isang personal na ilustrasyon.

  (5 minuto)

## PLANO

- Tuturuan ng tagapagsanay ang mga pinuno ng isang simpleng aralin na magbibigay ng kaalaman at kasanayan sa paglulutas ng problemang pang-pinuno.

  (20 minuto)

## PAGSASANAY

- Ang mga pinuno ay hahatiin sa mga grupo ng apat at pag-uusapan ang aralin, kasama ang mga sumusunod:

  - Progreso sa pagkapinuno ayon sa aralin.
  - Mga problemang hinarap na may kinalaman sa aralin.
  - Mga plano para pagbutihin ang pagkapinuno sa susunod na 30 araw base sa natutunan.
  - Isang kasanayan na gagawin sa susunod na 30 araw base sa natutunan.

- Ang mga pinuno ay tatayo at bibigkasin ang berso sa aralin ng sampung beses ng sabay-sabay, anim na beses habang binabasa sa Bibliya at apat na beses galing sa memorya.

  (30 minuto)

## PAGDARASAL

- Mga grupo ng apat ay magbabahagi sa isa't isa ng mga ikinababahala at ipagdarasal ang isa't isa.

  (10 minuto)

## PAGTATAPOS

- Karamihan ng mga sesyon ay natatapos sa isang gawain upang magamit ng mga pinuno ang napag-aralan sa kanilang mga personal na sitwasyon.

  (15 minuto)

# Palatuntunan Ng Pagsasanay

Gamitin ang manwal na ito para magsagawa ng isang tatlong araw na seminar o isang sampung linggong programang pagsasanay. Ang bawat sesyon sa parehong palatuntunan ay may haba ng mga isa't kalahating oras at ginagamit ang Proseso ng Pagsasanay ng Mga Pinuno sa pahina 18.

Ang pagsasanay ng pagkapinuno ay kadalasan nagaganap isang beses sa isang buwan, dalawang beses sa isang buwan, o sa isang tatlong araw na seminar. Mga pinuno na kasalukuyang namumuno sa isang grupo lang ang pwedeng dumalo.

# Palatuntunan Para Sa Tatlong Araw

| | Day 1 | Day 2 | Day 3 |
|---|---|---|---|
| 8:30 | Pagbati | Magpatatag Kasama ang Iba | Magsimula ng Mga Grupo |
| 10:00 | *Pahinga* | *Pahinga* | *Pahinga* |
| 10:30 | Magsanay Tulad ni Hesus | Paligsahan ng Dula | Palaguin ang Mga Grupo |
| 12:00 | *Tanghalian* | *Tanghalian* | *Tanghalian* |
| 1:00 | Mamuno Tulad ni Hesus | Ipamahagi ang Ebanghelyo | Sumunod Kay Hesus |
| 2:30 | *Pahinga* | *Pahinga* | |
| 3:00 | Patatagin ang Sarili | Gumawa ng Mga Disipulo | |
| 5:00 | *Hapunan* | *Hapunan* | |

# Palatuntunan Kada Linggo

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Week 1* | Pagbati | *Week 6* | Ipamahagi ang Ebanghelyo |
| *Week 2* | Magsanay Tulad ni Hesus | *Week 7* | Gumawa ng Mga Disipulo |
| *Week 3* | Mamuno Tulad ni Hesus | *Week 8* | Magsimula ng Mga Grupo |
| *Week 4* | Patatagin ang Sarili | *Week 9* | Palaguin ang Mga Grupo |
| *Week 5* | Magpatatag Kasama ang Iba | *Week 10* | Sumunod Kay Hesus |

# Prinsipyo ng Pagsasanay

Ang pagtulong sa iba upang maging masmabuting pinuno ay parehong nakakasigla at nakakapagod. Taliwas sa opinion ng nakararami, ang mga pinuno ay ginagawa, hindi ipinapanganak. Upang dumami ang mga pinuno, ang pagsanay sa kanila ay dapat sadya at may sistema. Ang inaakala ng iba, ang mga pinuno ay nakikilala dahil sa kanilang personalidad. Pero kapag tiningnan mo ang mga matagumpay na pastor ng malalaking simbahan sa Amerika, makikita na iba-iba ang personalidad nila. Kapag sinundin natin si Hesus, sinusundin natin ang pinakamahusay na pinuno sa kasaysayan, at gumagaling tayo na maging pinuno.

Ang mga baguhang pinuno ay nangangailangan ng balanse na pagsasanay. Para maging balanse ang pagsasanay, kailangan ng mga aralin sa kaalaman, karakter, kasanayan, at pag-udyok. Kailangan ang apat na kasangkapan na ito upang maging magaling na pinuno. Kapag walang kaalaman, ang mga maling akala ay makakapangligaw sa pinuno. Kapag walang karakter, ang isang pinuno ay makakagawa ng pagkakamaling moral at espiritwal na makakasama sa misyon. Kapag walang kasanayan, ang pinuno ay laging babaguhin ang mga patakaran o gagamit ng mga makalumang paraan. At ang huli, ang pinuno na may kaalaman, karakter at kasanayan, pero walang pag-udyok ay gusto lamang na manatili ang lahat sa kasalukuyang kalagayan at panatilihin ang kanyang posisyon.

Kailangang aralin ng mga pinuno ang mga importanteng paraan upang magawa ng maayos ang kanilang trabaho. Pagkatapos ng mahabang oras sa pagdarasal, ang bawat pinuno ay nagangailangan ng matinding pangarap. Ang pangarap ay dapat sumagot sa tanong na "Ano ang susunod na kailangan mangyari?" Dapat alam ng mga pinuno ang kahalagahan ng kanilang ginagawa. Ang layunin ay dapat sumagot sa katanunangan na "Bakit ito importante?" Ang pagkaalam ng sagot sa tanong na ito ay nakatulong sa maraming pinuno sa mahihirap na oras. Susunod, dapat alam ng mga pinuno ang kanilang misyon. Pinagbubuklod ng Diyos ang mga tao sa isang komunidad upang gawin ang Kanyang kagustuhan. Ang misyon ay dapat sumasagot sa katanungan na "Sino ang dapat kabahagi?" At ang huli, ang mga magaling na pinuno ay dapat may malinaw at maigsi pero malaman na mga hinahangad. Kadalasan, ang mga pinuno ay gagamitin ang pangarap, layunin, at misyon sa apat o limang hinahangad. Ang mga hinahangad ay dapat sumagot sa katanunang na "Paano natin gagawin?"

Natuklasan namin kung gaano kahirap na pumili ng mga bagong pinuno mula sa isang grupo. Lagi kayong magugulat sa kung sino ang pipiliin ng Diyos! Ang pinakamabuting paraan ay tratuhin ang lahat na parang pinuno na talaga. Ang isang tao ay pwedeng pinamumunuan lang ang sarili, pero pamumuno pa rin ito. Ang mga tao ay nagiging masmagaling na pinuno ayon sa ating inaasahan sa kanila (pananampalataya). Kung tratuhin natin ang mga tao na tagasunod, sila ay nagiging tagasunod. Kung tratuhin natin ang mga tao na pinuno, sila ay nagiging pinuno. Namili si Hesus mula sa lahat ng antas ng komunidad para ipakita na ang magaling na pagkapinuno ay dumedepende sa pagsunod sa Kanya, at hindi sa mga panglabas na katangian na madalas hinahanap ng iba. Bakit ang konti ng mga pinuno natin? Dahil ang mga pinuno ngayon ay ayaw bigyan ng pagkakataon ang iba upang mamuno.

Konti lang ang nakakapigil sa kilos ng Diyos ng masmabilis pa sa pagkawala ng maka-Diyos na pagkapinuno. Nakakalungkot na sa karamihan ng lugar sa Amerika at ibang bansa na nagsanay kami ng tao ay mayroong malaking kawalan ng pagkapinuno.

Ang mga maka-Diyos na pinuno ang susi sa shalom – kapayapaan, kabiyayaan, at katarungan – sa isang komunidad. Isang sikat na kasabihan mula kay Albert Einstein ay pwedeng ipakahulugan sa susunod: "Hindi natin kayang gawan ng solusyon ang ating mga problema ngayon sa kasalukuyang estado ng pamumuno." Ginagamit ng Diyos ang *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* para magsanay at mag-udyok ng mga bagong pinuno. Ipinagdarasal namin na ito ay mangyayari para sa iyo. Sana ay ang pinakamagaling na pinuno sa kasaysayan ay punuin ang iyong puso at isipan ng lahat ng biyayang espiritwal, bigyan ka ng lakas, at palakasin ang iyong impluwensiya – ang tunay na panukat ng pagkapinuno.

## Ikalawang Bahagi

# Mga Aral Ng Pamumuno

# 1

# Pagbati

Nagpapakilala ang mga tagapagsanay at mga pinuno sa isa't isa sa unang aralin. Pagkatapos, matututunan ng mga pinuno ang pinagkaiba ng pagsasanay sa paraang Griyego at paraang Hebrew. Ginamit ng Hesus ang parehong paraan, at dapat natin gayahin ito. Ang paraang Hebrew ang pinaka-epektibo sa pagsasanay ng mga pinuno at ang pinakamadalas gamitin sa *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno*.

Ang hinahangad ng aralin ay ang pagkakaintindi ng mga pinuno ng estratehiya ni Hesus para maabot ang buong mundo. Ang limang bahagi ng estratehiya ni Hesus ay: Maging matatag sa Diyos, ipamahagi ang Ebanghelyo, gumawa ng disipulo, bumuo ng mga grupo na magiging mga simbahan, at magsanay ng mga pinuno. Ang mga pinuno ay babalikan ang mga aralin sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus, Unang Bahagi: Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo* na binibigyan ang mga naniniwala ng kakayahang magtagumpay sa bawat hakbang ng estratehiya ni Hesus. Ang mga pinuno ay magsasanay din na bumuo ng pangarap ng pagsunod sa estratehiya ni Hesus para sa iba. Ang sesyon ay matatapos sa isang tawag para sa pagsunod kay Hesus at sa Kanyang mga utos araw-araw.

# PAGPURI

- Kumanta ng dalawang koro ng sabay-sabay.
- Hilingin sa isang respetadong pinuno na magdasal para sa presensiya at biyaya ng Diyos sa pagsasanay.

# ANG SIMULA

## Pagpapakilala ng Mga Tagapagsanay

- Ang mga tagapagsanay at mga pinuno ay uupo sa isang bilog para simulan ang pambungad na sesyon. Para maging impormal ang atmospera, tanggalin ang mga lamesa na nakaayos.
- Ang mga tagapagsanay ay ipapakita sa mga pinuno kung paano magpakilala.
- Ang tagapagsanay at ang kanyang aprentis ay ipapakilala ang isa't isa sa mga pinuno. Ibabahagi nila ang kanilang mga pangalan, impormasyon tungkol sa kanilang pamilya, grupong etniko (kung kailangan), at isang paraan kung paano biniyayaan ng Diyos ang grupong kanilang pinamumunuan sa nakaraang buwan.

## Pagpapakilala ng Mga Pinuno

- Hatiin ang mga pinuno sa mga pares.

  *"Ipakilala niyo ang inyong kapares tulad ng ginawa namin ng aking aprentis."*

- Dapat alamin ng mga pinuno ang pangalan ng kanilang kapares, impormasyon tungkol sa kanilang pamilya,

grupong etniko (kung kailangan), at isang paraan kung paano biniyayaan ng Diyos ang grupong kanilang pinamumunuan sa nakaraang buwan. Anyayahan sila na isulat ang impormasyon sa kanilang kwaderno para hindi nila makalimutan.
- Pagkatapos ng limang minuto, hilingin sa mga magkapares na ipakilala ang mga sarili nila sa lima o masmadami pang kapares sa parehong paraan.

## Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

- Hilingin sa mga pinuno na ayusin ang mga upuan nila para maging mga hilera – ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Dapat makabuo ng dalawa o higit pa na hilera at may daanan sa gitna. Ang mga pinuno ay uupo habang ang mga tagapagsanay ay nakatayo sa harap.

  *"Ang tawag dito ay ang paraang Griyego ng pagtuturo. Ang guro ay nagbabahagi ng kaalaman, ang mga estudyante ay nagtatanong, at lahat ay kinakausap ang guro lamang. Madalas, ang mga guro ay ganito magturo sa isang klase, lalo na sa mga bata."*

- Hilingin ang mga pinuno na ilagay ang kanilang mga upuan sa isang bilog tulad ng ayos sa simula ng sesyon. Ang mga pinuno at mga tagapagsanay ay nasa bilog ng sama-sama.

  *"Ang tawag dito ay ang paraang Hebrew ng pagtuturo. Ang guro ay nagtatanong, ang mga estudyante ay pinag-uusapan ang aralin, at lahat ay kinakausap ang lahat, hindi lang ang guro. Ang mga guro ay minsan ginagamit ito kapag nagtuturo sa mga matatanda. Aling paraan ang ginamit ni Hesus?"*

- Hayaan ang mga estudyante na pag-usapan ang katanungan bago sabihin na "Pareho." Ginamit ni Hesus ang paraang Griyego sa pakikipag-usap sa malalaking grupo at ang paraang Hebrew sa pagsasanay ng kanyang mga disipulo upang maging mga pinuno.

*"Aling paraan ang madalas ginagamit ng mga guro?"*

- Ang paraang Griyego ang madalas ginagamit ng mga guro, kaya ito ang ating nakasanayan.

*"Sa mga pagsasanay na ito, ipapakita namin kung paano magsanay ng mga pinuno tulad ng paraan ni Hesus. Karamihan sa mga sesyon sa Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno ay gagamit ng paraang Hebrew, dahil ito ang ginamit ni Hesus sa pagsanay ng mga pinuno. Gusto natin Siyang gayahin.*

# Plano

*"Ang ating hangarin sa aralin na ito ay maintindihan ang estratehiya ni Hesus para maabot ang mundo, para siya'y ating sunurin."*

## Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?

–Mateo 16:18–
At sinasabi ko naman sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya, at hindi makapananaig sa kanya kahit kapangyarihan ng kamatayan.

*"Si Hesus ang nagtatayo ng Kanyang simbahan."*

## Bakit Importanteng Malaman Kung Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?

–Awit 127:1–

Malibang ang Panginoon ang gumawa nitong bahay, ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan; ang lunsod na hindi ang Diyos ang s'yang magsasanggalang, walang saysay ang naroong nakatayong mga bantay.

*"Kailangan si Hesus ang magtayo ng simbahan, dahil kung hindi, bale wala ang ating gagawin. Habang siya ay nasa mundo at sa buong kasaysayan ng simbahan, iisang estratehiya lang ang ginamit ni Hesus sa pagtayo ng simbahan. Aralin natin ang Kanyang estratehiya para siya'y ating tularan."*

## Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?

- Iguhit ang krokis sa baba ng baha-bahagi, habang ipinapaliwanag ang estratehiya ni Hesus upang maabot ang mundo.



## MAGING MATATAG SA DIYOS

–Lucas 2:52–
Patuloy na lumaki si Hesus. Umunlad ang kanyang karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao.

–Lucas 4:14–
(pagkatapos ng panunukso) Bumalik si Hesus sa Galilea, at sumasakanya ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kumalat sa palibot na lupain ang balita tungkol sa kanya.

*"Ang unang taktika sa estratehiya ni Hesus ay 'Maging matatag sa Diyos.' Ang espiritwal na pagkapinuno ay nakaayon sa isang malinis at malapit na relasyon sa Diyos. Para tayo ay maging matatag, kailangan natin manatili kay Hesus.*

Maging matatag sa Diyos
Itaas ang mga braso at pumustura na parang isang malakas na lalaki.

*Habang nananatili tayo kay Hesus, tayo ay nagdarasal, sumusunod sa Kanyang kautusan, sumasama sa kanyang Espiritu, at nakakatrabaho si Hesus.*

- PAG-ARALAN MULI ang mga araling "Pagdasal," "Pagsunod," at "Pagsama" kasama ang kanilang mga galaw ng kamay sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus, Unang Bahagi: Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo*:

*"Ang mga aralin na ito ay nagsasanay sa atin na manatili kay Kristo. Tinutulungan din nila tayo na turuan ang iba na manatili din sa Kanya. Bahagi ng pagiging matatag sa Diyos ang pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Ang ibang parte*

*ng estratehiya ni Hesus ay naglalaman ng mga kautusan na kailangan nating sundin sa lahat ng oras, gamit ang pusong puno ng pagmamahal."*

## IPAMAHAGI ANG EBANGHELYO

–Marcos 1:14, 15–
Pagkatapos dakpin si Juan, si Hesus ay nagtungo sa Galilea at ipinangaral ang Mabuting Balita mula sa Diyos: "Dumating na ang takdang panahon, at malapit na ang paghahari ng Diyos! Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at maniwala kayo sa Mabuting Balitang ito."

*"Nagiging matatag tayo sa Diyos sa pagdarasal at pagsama sa Espiritu. Isa pang paraan upang maging matatag tayo sa Diyos ay sa pagsunod sa mga kautusan ni Hesus. Inuutusan tayo ni Hesus na samahan Siya sa kanyang trabaho at ipamahagi ang magandang balita."*

Ipamahagi ang Ebanghelyo
Gumawa ng kilos sa kanang kamay na parang nagsasaboy ng mga binhi.

*"Para sa nakararami, ang pagbabahagi ng kwento tungkol sa kung paano sila nailigtas ng Diyos ay isang magandang simula sa pamamahagi ng Ebanghelyo. Ang mga tao ay nakikinig at natutuwa sa aming kwento. Nakikita namin ang ginagawa ng Banal na Espiritu sa pagbabahagi ng aming kwento, para siya ay aming sundin.*

*Kapag nakikita natin kung saan nagpaparamdam ang Diyos, ipinamamahagi natin ang simpleng Ebanghelyo. Siguraduhin natin na maitanim ang binhi ng Ebanghelyo. Tandaan: kung walang binhi, walang ani!"*

- PAG-ARALAN MULI ang mga araling "Pagpunta," "Pamamahagi," at "Pagtanim" kasama ang kanilang mga galaw ng kamay sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus, Unang Bahagi: Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo.*

*"Huwag kayong mahuhulog sa patibong ni Satanas. Maraming naniniwala ang may maling akala na kailangan nilang maging masmatatag sa Diyos bago sila makakapamahagi ng Ebanghelyo. Hindi nila nakikita na ang kabaligtaran ang tama. Tayo ay nagiging masmatatag pagkatapos nating sundin ang mga utos ni Hesus, hindi bago. Sundin nyo ang mga utos ni Hesus sa pamamahagi ng Ebanghelyo at kayo ay lalakas ang pananampalataya. Kung maghihintay pa kayo hanggang kayo ay "sapat na matatag," hindi niyo na maipapamahagi ang inyong pananampalataya."*

## GUMAWA NG DISIPULO

–Mateo 4:19–
Sinabi niya sa kanila, "Sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao."

*"Habang tayo'y nananatili kay Hesus at sumusunod sa Kanyang utos na ipamahagi ang Ebanghelyo, ang mga tao ay tutugon at gugustuhin na tumindi ang kanilang paniniwala."*

**Gumawa ng Disipulo**
Ilagay ang mga kamay sa puso at itaas sa pagsamba. Ilagay ang mga kamay sa baywang at ipagdikit tulad ng sa pagdasal. Ituro ang mga kamay sa isip at ibaba na parang nagbabasa ng libro. Itaas ang mga braso tulad ng isang malakas na lalaki at gumawa ng galaw ng kamay na parang nagsasabay ng mga binhi.

*"Ang pinakaimportanteng kautusan ay ang mahalin ang Diyos at ang sangkatauhan. Pinapakita natin ito sa mga bagong tagasunod ni Hesus sa mga paraang praktikal. Tinuturuan din natin sila kung paano magdasal, sundin ang mga kautusan ni Hesus, samahan ang Espiritu, puntahan kung saan ang presensiya ni Hesus, magbahagi ng kwento, at magbahagi ng simpleng Ebanghelyo, para sila ay maging matatag din sa Diyos."*

- PAG-ARALAN MULI ang araling "Pagmamahal" kasama ang mga galaw ng kamay sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus, Unang Bahagi: Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo*.

## BUMUO NG MGA GRUPO AT SIMBAHAN

–Mateo 16:18–
At sinasabi ko naman sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya, at hindi makapananaig sa kanya kahit kapangyarihan ng kamatayan.

*"Habang tayo'y sumasama kay Hesus at sumusunod sa Kanyang mga utos, ipinamamahagi natin ang Ebanghelyo at gumagawa ng disipulo. Pagkatapos ay susundin natin ang halimbawa ni Hesus at bubuo ng mga grupo na magsasamba, magdadasal, mag-aaral, at magsasama-sama sa ministro. Sinisimulan ni Hesus ang mga grupong ito sa buong mundo para patatagin ang Kanyang Simbahan at tumulong sa pagtatayo ng mga bagong simbahan para sa Kanyang kaluwalhatian."*

Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
Ang mga kamay ay gagawa ng galaw na naghihiling sa mga tao ng pumalibot sa inyo.

## MAGSANAY NG MGA PINUNO

–Mateo 10:5-8–

Ang labindalawang ito'y sinugo ni Hesus at kanyang pinagbilinan: "Huwag kayong pupunta sa lugar ng mga Hentil, o sa alinmang bayan ng mga Samaritano. Sa halip ay hanapin ninyo ang mga nawawalang tupa ng sambahayan ng Israel. Humayo kayo at ipangaral ninyo na malapit nang maghari ang Diyos. Pagalingin ninyo ang mga maysakit at buhayin ang mga patay. Pagalingin ninyo ang mga ketongin at palayasin ang mga demonyo. Yamang tumanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kayo nang walang bayad.

*"Habang tayo'y sumasama kay Kristo, pinapakita natin ang pagmamahal natin para sa Kanya sa pagsunod ng Kanyang mga utos. Ipinamamahagi natin ang Ebanghelyo para ang mga nawawala ay makakabalik sa pamilya ng Diyos. Magsisimula tayo ng mga grupo na magsasamba, magdadasal, mag-aaral, at magsasama-sama sa ministro. Habang dumadami ang grupo, lumalaki din ang pangangailangan para sa mga pinuno. Alinsunod sa Prinsipyong 222 sa 2 Timoteo 2:2, tayo'y nagsasanay ng mga pinuno na magsasanay ng iba pang pinuno, na magsasanay ng masmadami pang pinuno."*

Magsanay ng Mga Pinuno
Tumayo ng matikas at sumaludo na parang sundalo.

- PAG-ARALAN MULI ang araling "Pagpaparami" kasama ang galaw ng kamay sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus, Unang Bahagi: Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo.*

*"Iwasan natin ang isang madalas na maling inaakala tungkol sa estratehiya ni Hesus. Karamihan sa mga naniniwala ay ginagawa ang mga utos na ito ng sunod-sunod. Iniisip nila na kailangan muna nilang magpamahagi ng Ebanghelyo, at pagkatapos ay gagawa sila ng disipulo. Si Hesus, gayunman, ay ipinakita sa atin na dapat nating sundin ang lahat ng kautusan sa lahat ng lugar. Halimbawa, habang ipinamamahagi natin ang Ebanghelyo, sinasanay na natin ang tao kung paano maging tagasunod ni Hesus. Habang gumagawa tayo ng disipulo, tinutulungan natin ang mga baguhang naniniwala na maghanap ng grupo o bumuo ng panibagong grupo. Simula pa lang, nagpapakita na tayo ng mga ugali ng isang makabagbag-puso at espiritwal na pinuno.*

*Ang estratehiya na ito na may limang bahagi ay naglalarawan kung paano itinayo ni Hesus ang Kanyang simbahan. Ginaya ng mga disipulo ang estratehiya ni Hesus sa sinaunang simbahan. Ginaya ni Pablo ang estratehiya na ito sa kanyang misyon sa mga Hentil. Ganito din ang ginawa ng mga matagumpay na espiritwal na pinuno sa kasaysayan ng simbahan. Kapag sinamahan ng mga pinuno si Hesus sa kanyang estratehiya para maabot ang buong mundo, nagbibigay ng malaking biyaya ang Diyos sa mga bansa. Sundin natin ang estratehiya ni Hesus para lumaki ang biyaya ni Kristo sa bansang ito!"*

## Berso Pang-saulo

–I Mga Taga-Corinto 11:1–
Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin

muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.

- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

## PAGSASANAY

*"Ngayon, sanayin natin ang ating natutunan sa estratehiya ni Hesus para maabot ang mundo. Tayo ay magsasalitan sa pamamahagi ng estratehiyang ito sa isa't isa. Pagkatapos nito ay magkakaroon na tayo ng lakas ng loob na turuan ang iba."*

- Hilingin ang mga pinuno na bumuo ng mga pares.

*"Kumuha kayo ng papel. Itupi niyo ito sa gitna. Itupi niyo pa ng isang beses tulad ng ginagawa ko. Kapag binuklat niyo ito, meron na kayong apat na hati para guhitan ng estratehiya ni Hesus."*

- Hilingin sa mga pinuno na sanayin ang pagguhit ng estratehiya ni Hesus at ang pagpapaliwanag nito sa isa't isa. *Parehong pinuno* ay iguguhit ang larawan ng *sabay*, pero isa lang ang magpapaliwanag. Hindi kailangang aralin muli ng mga pinuno ang mga aralin sa *Paggawa ng Mga Kumpletong Disipulo* habang ginuguhit ang mga larawan.
- Kapag natapos na ang unang tao sa pares sa kanyang pagguhit at pagpapaliwanag sa larawan ng estratehiya ni Hesus, gagawin din ito ng pangalawang tao. Pagkatapos, *pareho* ay guguhit ng panibagong larawan sa *pangalawang* beses. *Tatayo* ang magkapares at sabay sasabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses, tulad sa nakaraang gawain.

*"Pagkatapos iguhit ang larawan ng dalawang beses at sabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses kasama ang iyong kapares, maghanap ng ibang kapares at gawin ulit ang lahat ng ito.*

*Kapag tapos na kayo ng pangalawa niyong kapares, maghanap ulit ng isa pa."*

*"Gawin ito hanggang nakapagguhit at nakapagpaliwanag kayo ng estratehiya ni Hesus sa apat na magkakaibang tao."*

*(Sa pagtatapos ng gawain na ito, dapat puno na ang harap at likod ng mga papel ng mga pinuno. Walo na dapat ang larawan ng estratehiya ni Hesus.)*

# Pagtatapos

## "Sundin Nyo Ako" Sabi ni Hesus

–Mateo 9:9–
Umalis si Hesus sa lugar na iyon. Sa kanyang paglakad, nakita niya ang isang taong ang pangala'y Mateo; nakaupo ito sa paningilan ng buwis. Sinabi ni Hesus sa kanya, "Sumunod ka sa akin." Tumindig si Mateo at sumunod sa kanya.

*"Isa sa mga pinakakinasusuklaman na tao noong panahon ni Hesus ay ang mga tagakolekta ng buwis. Walang naniwala na may tatawag kay Mateo dahil siya ay isang tagakolekta ng buwis.*

*Dahil tinawag ni Hesus si Mateo, pinapakita nito na masimportante sa kanya ang ngayon kaysa ang nakaraan. Baka inaakala niyo na hindi makakapasok ang Diyos sa buhay niyo*

*dahil masyado nang madaming kasalanan ang nagawa niyo. Baka nahihiya kayo sa mga dati niyong nasabi. Pero may magandang balita na ginagamit ng Diyos ang kahit sinuman na pipiliin na sundin si Hesus ngayon. Naghahanap ang Diyos ng mga taong gustong sumama at sumunod.*

*Kapag sinusunod natin ang isang tao, ginagaya natin siya. Ang isang aprentis ay kinokopya ang kanyang amo para matutunan ang trabaho. Ang mga estudyante ay lumalaking kagaya ng kanilang mga guro. Ang taong kinokopya natin ay ang taong nagiging tayo.*

*Ang layunin ng Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus ay para ipakita sa mga pinuno kung paano gayahin si Hesus. Naniniwala kami na masmadalas natin Siyang kopyahin, lumalapit tayo sa pagiging tulad Niya. Kaya sa pagsasanay na ito, magtatanong kami ng mga tanong na pangpinuno, aaralin ang Bibliya, tutuklasin kung paano pinamunuan ni Hesus ang iba, at magsasanay na sundin Siya."*

- Hilingin sa isang kilalang pinuno sa grupo na tapusin ang aralin sa isang dasal ng pagkabiyaya at dedikasyon sa pagsunod sa estratehiya ni Hesus na maabot ang mundo.

# 2

# Magsanay Tulad Ni Hesus

Isang malimit na problema sa mga lumalaking simbahan o grupo ay ang pangangailangan ng mga pinuno. Ang mga ginagawa para magsanay ng mga pinuno ay madalas nabibitin dahil wala tayong simpleng proseso na sinusunod. Ang hangarin ng aralin na ito ay para ipaliwanag kung paano nagsanay si Hesus ng mga pinuno, para siya ay ating magaya.

Nagsanay si Hesus ng mga pinuno sa pamamagitan ng pagtanong sa kanila ng progreso na nagawa nila sa mga misyon nila, at pinag-uusapan ang mga problemang naranasan. Pinagdasal din Niya sila, at tumulong sa pagbuo ng mga plano para sa ikabubuti ng misyon. Isang importanteng bahagi ng kanilang pagsasanay ay ang pagpapakadalubhasa sa mga kasanayan na gagamitin nila sa mga ministro sa hinaharap. Dito sa ikalawang aralin, ginagamit ng mga pinuno ang prosesong ito sa kanilang grupo at sa estratehiya ni Hesus para maabot ang mundo. Sa huli, ang mga pinuno ay

gagawa ng "puno ng pagsasanay" na tutulong ayusin ang pagsasanay at pagdadasal para sa mga pinuno na sinasanay nila.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Hilingin sa isang pinuno na magdasal para sa sesyon na ito.

## Progreso

- Hilingin sa isa pang pinunong sinasanay na magbahagi ng isang maigsing testimonya (tatlong minuto) kung paano binibiyayaan ng Diyos ang kanyang grupo. Pagkatapos magbahagi ng pinuno, hilingin sa grupo na ipagdasal siya.

## Problema

*"Alam ng mga simbahan at grupo na kailangan pa nila ng mga pinuno, pero madalas ay hindi nila alam kung paano magsanay ng mga bago. Ang mga pinuno ngayon ay napakadaming kinukuhang responsibilidad at trabaho kaya napapagod sila agad. Ang mga tagasunod ay hinihiling sa mga pinuno na gumawa ng masmadami pa hanggang sumuko na ang mga pinuno dahil sa kakulangan. Ang mga simbahan at grupo sa lahat ng kultura ay laging hinaharap ang problemang ito."*

## Plano

*"Pwede nating matutunan kung paano magsanay ng makabagbag-puso at espiritwal na mga pinuno. Ang hangarin*

*ng aralin na ito ay ipakita kung paano nagsanay si Hesus ng mga pinuno, para Siya ay magaya natin."*

## Pag-aralan Muli

**Pagbati**

- Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?
- Bakit Ito Importante?
- Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?
    - Maging Matatag sa Diyos
    - Ipamahagi ang Ebanghelyo
    - Gumawa ng Disipulo
    - Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
    - Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

## Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

–Lucas 10:17–
Bumalik na tuwang-tuwa ang pitumpu't dalawa. "Panginoon," sabi nila, "kahit po ang mga demonyo ay sumusunod kapag inutusan namin, sa ngalan ninyo."

### PROGRESO

*"Bumalik ang mga disipulo mula sa kanilang misyon at sinabi ang progreso nila kay Hesus. Sa parehong paraan, kinakausap namin ang mga pinunong aming sinasanay. Nagpapakita kami*

*ng personal na interes sa pangangamusta sa pamilya nila at sa progresong nagawa ng ministro nila."*

**Progreso**
**Iikot ang mga kamay sa isa't isa, papunta sa taas.**

–Mateo 17:19–
Pagkatapos ay lumapit ang mga alagad kay Hesus at nagtanong nang walang ibang nakaririnig, "Bakit hindi po namin mapalayas ang demonyo?"

## PROBLEMA

*"Nakaranas ng mga problema ang mga disipulo sa kanilang ministro at hiniling nila kay Hesus na tulungan silang intindihin kung bakit sila nabigo. Sa parehong paraan, hinihiling namin sa mga pinuno na ibahagi ang mga problemang hinaharap nila para tayo ay sabay lalapit sa Diyos para sa mga solusyon."*

**Problema**
**Ilagay ang mga kamay sa gilid ng ulo at kunyari ay hinihila ang inyong buhok.**

–Lucas 10:1-2–
Pagkatapos ng mga bagay na ito, ang Panginoon ay humirang pa ng pitumpu't dalawa. Pinauna niya sila nang dala-dalawa sa bawat bayan at pook na patutunguhan niya.

## PLANO

*"Binigyan ni Hesus ang mga disipulo ng mga simple, espiritwal, at maka-estratehiyang plano para sundin sa kanilang misyon. Sa parehong paraan, tinutulungan namin ang mga pinuno na gumawa ng plano para sa susunod na taktika na simple, nakadepende sa Diyos, at sumasagot sa mga problemang hinaharap nila."*

**Plano**
**Ilabas ang kaliwang kamay tulad ng isang papel at kunyaring sulatin ito gamit ang kanang kamay.**

–Juan 4:1-2–
Nabalitaan ng mga Pariseo na lalong marami ang nahihikayat at nababautismuhan ni Hesus kaysa kay Juan. (Ngunit ang tatoo'y hindi si Hesus ang nagbabautismo, kundi ang kanyang mga alagad).

## PAGSASANAY

*"Ang pagkakatuklas na ang mga disipulo, hindi si Hesus, ang nagbibinyag ng mga bagong naniniwala ay nakakagulat sa maraming pinuno. Sa mga sitwasyon tulad nito, hinayaan ni Hesus ang mga disipulo na magsanay sa mga gawain na gagawin nila pagkatapos Niyang bumalik sa langit. Sa parehong paraan, binibigyan namin ang mga pinuno ng pagkakataon na sanayin ang mga kasanayan na kailangan nila pagbalik nila sa kanilang mga ministro. Binibigyan namin sila ng isang lugar kung saan pwede silang magsanay, magkamali, at bumuo ng lakas ng loob."*

Pagsasanay
Igalaw ang mga braso ng taas baba, tulad ng nagbubuhat ng mabigat.

–Lucas 22:31-32–
"Simon, Simon! Makinig ka! Hiniling ni Satanas at ipinahintulot naman sa kanya, na kayong lahat ay subukin. Subalit idinalangin ko na huwag lubusang mawala ang iyong pananampalataya. At kapag nagbalik-loob ka na, patatagin mo ang iyong mga kapatid."

## PAGDARASAL

*"Alam ni Hesus na magkakamali si Pedro at maaakit na sumuko. Alam din ni Hesus na ang pagdarasal ang susi sa katatagan at kasipagan sa pagsama natin sa Diyos. Ang pagdarasal sa mga taong pinamumunuan natin ang pinakaimportanteng suporta na maibibigay natin sa kanila."*

Pagdarasal
Ipagdikit ang mga kamay na parang nagdadasal malapit sa inyong mukha.

# Berso Pang-saulo

–Lucas 6:40–
Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.
- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

## Pagsasanay

- Hatiin ang mga pinuno sa mga grupo ng apat
- Ituro ang proseso ng pagsasanay sa mga pinuno, at magbigay sa kanila ng 7-8 na minuto na pag-usapan ang bawat bahagi.

### PAG-ARALAN MULI

*"Ano ang limang bahagi sa estratehiya ni Hesus para maabot ang mundo?"*

- Iguhit ang krokis sa pisara habang sinasagot ng mga pinuno.

### PROGRESO

*"Aling bahagi ng estratehiya ni Hesus na maabot ang mundo ang pinakamadaling gawin para sa inyong grupo?"*

## PROBLEMA

*"Magbahagi ng mga problema na hinarap ng inyong grupo ayon sa estratehiya ni Hesus na maabot ang mundo.Aling bahagi ng estratehiya ni Hesus ang pinakamahirap gawin para sa inyong grupo?"*

## PLANO

*"Magbahagi ng isang gawain na gagawin ng grupong pinamumunuan niyo sa susunod na 30 araw na makakatulong sa kanila na sundin ang estratehiya ni Jesus na maabot ang mundo ng masmabuti."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.

## PAGSASANAY

*"Magbahagi ng isang kasanayan na ikaw mismo ang gagawa sa susunod na 30 araw para makatulong sa iyo na maging masmabuting pinuno ng inyong grupo."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.
- Pagkatapos magbahagi ng lahat ng kanilang kasanayan na gagawin, ang lahat sa grupo ay tatayo at sabay-sabay sasabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses.

## PAGDARASAL

*"Sa inyong maliliit na grupo, ipagdasal ninyo ang plano ng isa't isa at ang kasanayan na sasanayin niyo sa susunod na 30 araw upang maging masmabuting mga pinuno."*


# Pagtatapos

## Puno ng Pagsasanay

*"Ang 'Puno ng Pagsasanay' ay isang kagamitan na malaki ang maitutulong sa pagaayos at pagdarasal para sa mga taong aming sinasanay na maging pinuno."*

- Sa pisara, iguhit ang katawan ng puno, mga ugat ng puno, at isang linya na nagpapakita kung saan tumutubo ang damo.

*"Ganito ko sinisimulan iguhit ang puno ng pagsasanay. Iguhit ang katawan, tapos ang mga ugat, tapos ang mga damo. Sinasabi ng Bibliya na tayo ay umuugat kay Kristo, kaya ilalagay ko ang pangalan Niya dito. At dahil itong larawan na ito ay ang aking puno ng pagsasanay, ilalagay ko ang pangalan ko dito."*




- Isulat ang "Hesus sa mga ugat at ang iyong pangalan sa katawan.

  *"Si Hesus ay ginamit ang karamihan sa oras niya ng pagsasanay ng pinuno sa tatlong tao: Pedro, Santiago, at Juan. Gusto ko Siyang gayahin, kaya ito din ang aking gagawin. Binigyan ako ng Diyos ng tatlong pinuno na gagamitan ko na karamihan ng oras ko para magsanay."*

- Gumuhit ng tatlong linya pataas at palabas mula sa katawan ng puno. Sa taas ng bawat linya, isulat ang pangalan ng tatlong pangunahing pinuno na iyong sinasanay.


  *"Nagsanay si Hesus ng tatlo at pinakita sa kanila kung paano magsanay ng iba. Kung ang bawat isa ay magsanay din ng tatlo pa (tulad ni Hesus), meron na tayong labindalawang nasanay na pinuno. Merong labindalawang disipulo si Hesus. Hindi ba nakakaaliw?"*




- Gumuhit ng tatlong linya pataas at palabas mula sa tatlong pangunahing pinuno na inyong sinasanay. Lagyan ang

taas ng bawat linya ng pangalan ng taong sinasanay ng pinuno na inyong sinasanay. Magbahagi ng mga kwento na dinadala ng Banal na Espiritu sa inyo tungkol sa puno ng pagsasanay. Gumuhit ng mga dahon sa mga sanga para matapos ang inyong puno.

*"Ngayon gusto kong gumuhit kayo ng inyong sariling "Puno ng Pagsasanay.' Baka kailanganin niyong magsulat ng ibang mga pangalan ng gawa ng pananampalataya sa mga taong iyon, pero gawin niyo ang inyong makakaya upang magkaroon ng labindalawang tao sa inyong puno. Ang unang tatlong sanga ang mga pangunahing pinuno na isasanay niyo. Ang bawat isa sa mga pinunong iyon ay may tatlong sanga na nilalaman ang mga pangalang ng pinuno na pinakamadalas nilang sinasanay."*




- Habang ginuguhit ng mga pinuno ang kanilang mga "Puno ng Pagsasanay," ibahagi ang sumusunod:

*"Ako ay madalas matanong, 'Paano ba ako dapat magsanay ng mga pinuno?' Ang sabi ni Hesus, humingi ka lang at makukuha*

*mo. Humingi na ba kayo sa kanya para sa kailangan niyo? Ang pagsasanay na ito ay magbibigay sa inyo ng inyong mga kailangan upang makapagsanay ng mga pinuno.*

*Ang sinasabi ng iba, 'Wala akong kilala na pwede kong sanayin na maging pinuno.' Ang sabi ni Hesus, maghanap ka lang at makikita mo. Naghahanap ba kayo ng mga tao na sasanayin o naghihintay lang na pumunta sila sa iyo? Sabi Niya, 'maghanap' at hindi 'maghintay.'*


*Tanong pa rin ng iba, 'Saan ako magsisimula sa pagsasanay ng mga pinuno?' Ang sabi ni Hesus, kumatok ka at bubukas ang pinto. Kumakatok ba kayo? Bibiyayaan tayo ng direksyon ng Diyos kapag magtiwala tayo sa pananampalataya.*

*Kadalasan, ang rason kung bakit wala tayong "Puno ng Pagsasanay" ay dahil hindi tayo nagtanong, kumatok, o naghanap ng isa. Kapag sumunod tayo sa mga utos ni Hesus, mula sa pusong puno ng pagmamahal, bibigyan tayo ng Diyos ng mga pagkakaton upang magsanay ng masmarami pa sa ating inaakala.*

*Ang kagamitan na ito ay magagamit niyo para tulungan ang ibang pinuno sa progreso, problema, plano, pagsasanay, at pagdarasal."*

- Humiling sa isang pinuno sa grupo na tapusin ang sesyon sa isang dasal.

  *"Ipagdasal natin ang mga pinuno sa ating mga puno ng pagsasanay at ang mga plano na ginawa natin sa ating mga maliliit na grupo. Ipagdasal natin ang mga gagawin natin upang magsanay na maging masmabuting pinuno sa susunod na buwan."*


Steve
Roy
Frank
Zach
Charles
Ed
Jeff
Zane
Patrick
Tom
John
Keith
Dan
Jesus

# 3

# Mamuno Tulad ni Hesus

Si Hesus Kristo ang pinamagaling na pinuno sa kasaysayan. Walang ibang tao na nakapagimpluwensiya ng masmaraming tao at ng masmadalas kaysa sa Kanya. Ang ikatlong aralin ay pinapakita ang pitong katangian ng isang magaling na pinuno, base sa estilo ng pamumuno ni Hesus. Pagkatapos, ang mga pinuno ay pag-iisipan ang mga kagalingan at kahinaan ng kanilang mga karanasang pangpinuno. Ang magtatapos ng sesyon ay isang laro na magtuturo sa grupo ng kapangyarihan ng "ipinamamamahaging pagkapinuno."

Ang lahat ay umaangat at bumabagsak ayon sa puso ng pinuno, kaya titingnan natin kung paano pinamunuan ni Hesus ang kanyang disipulo upang Siya ay ating magaya. Minahal sila ni Hesus hanggang sa huli, inintindi ang Kanyang misyon, inalam ang mga problema sa grupo, binigyan ang Kanyang mga tagasunod ng ehemplo na susundin, humarap na puno ng kabaitan, at naniwala na ang Diyos ay binibiyayaan ang Kanyang pagsunod. Ang lahat ay

nanggagaling sa puso, kaya ang ugali ng puso ang dapat kung saan tayo magsimula bilang mga pinuno.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Humiling sa isang pinuno na ipagdasal ang sesyon na ito.

## Progreso

- Hilingin sa isa pang pinunong sinasanay na magbahagi ng isang maigsing testimonya (tatlong minuto) kung paano binibiyayaan ng Diyos and kanyang grupo. Pagkatapos magbahagi ng pinuno, hilingin sa grupo na ipagdasal siya.
- Isang alternatibo ay ang paggawa ng oras na pagsasanay sa isang pinuno gamit ang "Progreso, Problema, Plano, Pagsasanay, Pagdarasal" na proseso ng pagsasanay ng pagkapinuno.

## Problema

*"Punong-puno ang mundo ng mga pinuno na may iba't ibang estilo ng pagkapinuno. Bilang tagasunod ni Hesus, ano kaya ang magiging estilo ng pagkapinuno ko?"*

## Plano

*"Si Hesus Kristo ang pinamagaling na pinuno sa kasaysayan. Walang ibang tao na nakapagimpluwensiya ng masmaraming tao at ng masmadalas kaysa Siya. Sa aralin na ito, titingnan natin kung paano pinamunuan ni Hesus ang iba, para siya ay ating magaya."*

# Pag-aralan Muli

**Pagbati**

Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?

Bakit Ito Importante?

Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan??

- Maging matatag sa Diyos
- Ipamahagi ang Ebanghelyo
- Gumawa ng Disipulo
- Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
- Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

**Magsanay Tulad ni Hesus**

Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

- Progreso
- Problema
- Plano
- Pagsasanay
- Pagdarasal

*–Lucas 6:40–Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.*

# Sino ang Pinakamagaling na Pinuno Ayon kay Kristo?

–Mateo 20:25-28–

Kaya't pinalapit sila ni Hesus at sinabi sa kanila, "Alam ninyo na ang mga pinuno ng mga Hentil ay naghahari sa kanila, at ang mga dinadakila ang siyang nasusunod. Ngunit hindi ganyan

ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa inyo na ibig maging dakila ay dapat maging lingkod. At sinumang ibig maging pinuno ay dapat maging alipin ninyo, tulad ng Anak ng Tao na naparito, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ialay ang kanyang buhay upang matubos ang marami."

*"Ang pinakamagaling na pinuno ay ang pinakamagaling na tagapaglingkod."*

**Sumaludo parang sundalo at pagkatapos ay ipagdikit ang mga kamay at yumuko parang tagapaglingkod.**

## Ano ang Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno?

–Juan 13:1-17–

[1]Bisperas na ng Paskuwa. Alam ni Hesus na
dumating na ang panahon ng kanyang paglisan
sa sanlibutang ito upang bumalik sa Ama.
Mahal niya ang kanyang mga tagasunod na
nasa sanlibutan, at ngayo'y ipakikita niya kung
hanggang saan ang kanyang pag-ibig sa kanila.
[2]Naghahapunan si Hesus at ang mga alagad.
Naisilid na ng diyablo sa isip ni Hudas, anak ni
Simon Iscariote, ang pagkakanulo kay Hesus.
[3]Alam ni Hesus na ibinigay na sa kanya ng Ama
ang buong kapangyarihan; alam din niyang siya'y
mula sa Diyos at babalik sa Diyos.
[4]Kaya't nang sila'y naghahapunan, tumindig
si Hesus, naghubad ng kanyang panlabas na
kasuutan, at nagbigkis ng tuwalya.
[5]Pagkatapos, nagbuhos siya ng tubig sa
palanggana, at sinimulang hugasan ang paa ng

mga alagad at punasan ng tuwalyang nakabigkis
sa kanya.
6 Paglapit niya kay Simon Pedro, tumutol ito.
“Panginoon,” sabi niya, “diyata’t kayo pa ang
maghuhugas ng aking mga paa?”
7 Sumagot si Hesus, “Hindi mo nauunawaan
ngayon ang ginagawa ko, ngunit mauunawaan
mo rin pagkatapos.”
8 Sinabi sa kanya ni Pedro, “Hinding-hindi ko po
pahuhugasan sa inyo ang aking mga paa.” “Kung
hindi kita huhugasan, wala kang kaugnayan sa
akin,” tugon ni Hesus.
9 Kaya’t sinabi ni Pedro, “Panginoon, hindi lamang
po ang mga paa ko, kundi pati aking kamay at ulo!”
10 Ani Hesus, “Maliban sa kanyang mga paa, hindi
na kailangang hugasan pa ang naligo na,
sapagkat malinis na ang kanyang buong katawan.
At malinis na kayo, ngunit hindi lahat.”
11 (Sapagkat alam ni Hesus kung sino ang
magkakanulo sa kanya, kaya sinabi niyang malinis
na sila, ngunit hindi lahat.)
12 Nang mahugasan na ni Hesus ang kanilang mga
paa, siya’y nagsuot ng damit at nagbalik sa hapag.
“Nauunawaan ba ninyo kung ano ang ginawa ko
sa inyo?” tanong niya sa kanila.
13 ”Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon, at
tama kayo, sapagkat ako nga.
14 Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay
naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong
maghugasan ng paa.
15 Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito’y dapat
ninyong tularan.
16 Sinasabi ko sa inyo: ang alipin ay hindi dakila
kaysa kanyang panginoon, ni ang sinugo kaysa
nagsugo sa kanya.

[17]Kung nauunawaan ninyo ang mga bagay na ito at inyong gagawin, mapapalad kayo."

## 1. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Mahal ang mga Tao

*"Sa unang berso, si Hesus at ang mga disipulo ay pinagsasaluhan ang huling hapunan bago ipinako sa krus si Hesus. Nakasulat sa Bibliya na minahal silang lahat ni Hesus hanggang huli, at ipinakita sa kanila kung gaano Niya sila kamahal sa hapunang ito.*

*Bilang pinuno, ang mga tao ay minsan mahirap mahalin kapag nagkakamali sila, pero minahal ni Hesus ang mga taong kanyang pinamunuan hanggang sa huli.*

*Bilang pinuno, ang mga tao ay minsan mahirap mahalin kapag pinupuna ka nila, pero minahal ni Hesus ang mga taong kanyang pinamunuan hanggang sa huli.*

*Bilang pinuno, ang mga tayo ay minsan mahirap mahalin kapag binibigo ka nila, pero minahal ni Hesus ang mga taong kanyang pinamunuan hanggang sa huli.*

Mahalin ang mga tao
Tapikin ang dibdib ng inyong kamay.

## 2. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Kanilang Misyon

*"Sa ikatlong berso, nakasulat sa Bibliya na alam ni Hesus kung saan Siya nanggaling, saan Siya pupunta, at na binigay ng Diyos ang lahat sa Kanyang pamumuno.*

*Alam ni Hesus na dumating siya sa mundo para sa isang layunin.*

*Alam ni Hesus na dumating siya sa mundo para mamatay sa krus para sa ating mga kasalanan.*

*Alam ni Hesus na dumating siya sa mundo para talunin si Satanas at ibalik tayo sa Diyos.*

*Binibigyan ng Diyos ang bawat tao ng natatanging misyon na gagawin sa mundo. Alam ng mga magaling na pinuno ang kanilang misyon at nagbibigay inspirasyon sa iba na sundin sila."*

Alamin ang kanilang misyon
Sumaludo parang sundalo at tumango, "oo."

## 3. Ang mga Magaling na Pinuno ay Pinagsisilbihan ang Kanilang Mga Tagasunod

*"Sa ikaapat na berso, tumayo si Hesus sa kanyang pagkain at tinanggal ang panglabas na kasuotan. Pagkatapos ay binalutan niya ng tuwalya ang kanyang baywang at nagsimulang hugasan ang mga paa ng kanyang mga tagasunod.*

*Ang mga pinuno ng mundo ay inaasahang pagsisilbihan sila na kanilang mga tagasunod. Samantala, ang mga pinuno tulad ni Hesus ay pinagsisilbihan ang kanilang mga tagasunod.*

*Ang mga pinuno ng mundo ay ginagamitan ng kanilang kapangyarihan ang mga taong pinamumunuan nila. Samantala, ang mga pinuno tulad ni Hesus ay nagbibigay ng kapangyarihan sa kanilang mga tagasunod."*

*"Ang mga makamundong pinuno ay iniisip lamang ang sarili nila at hindi ang mga taong pinamumunuan nila. Samantala, ang mga pinuno tulad ni Hesus ay iniisip ang mga kailangan ng kanilang mga tagasunod, dahil naniniwala silang ibibigay ng Diyos ang kanilang mga kailangan habang inaalagaan nila ang iba. Binibiyayaan tayo ng Diyos upang pwede nating biyayaan ang iba."*

Pagsilbihan ang Mga Tagasunod
Yumuko ng nakalagay ang mga kamay sa posisyong pangdasal.

## 4. Ang mga Magaling na Pinuno ay Nagwawasto ng May Kabaitan

*"Sa mga bersong 6 hanggang 9, nagkamali ng ilang beses si Pedro, pero winasto siya ni Hesus ng may kabaitan.*

*Sabi ni Pedro kay Hesus na huwag hugasan ang paa niya. Ang sabi ni Hesus ay kailangan daw iyon para sa pagkakaibigan nila. Winasto siya ng may kabaitan.*

*Sabi naman ni Pedro na linisin ni Hesus ang kanyang buong katawan. Ang sabi ni Hesus ay malinis na siya, ulit na winasto ng may kabaitan.*

*Pinupuna, sinisisi, at inaapi ng mga pinuno ng mundo ang mga tao. Samantala, ang mga pinuno tulad ni Hesus ay nagwawasto ng may kabaitan, nagpapalakas ng loob ng kanilang mga tagasunod, at nagpapasigla ng mga tao.*

Nagwawasto ng may Kabaitan
Gumawa ng korteng puso gamit ang mga hintuturo at hinlalaki ng parehong kamay.

## 5. Ang mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Mga Kasalukuyang Problema sa Grupo

*"Sa bersong 10 at 11, nakasulat sa Bibliya na alam ni Hesus na si Hudas ay problema sa grupo at na magtataksil siya sa Kanya.*

*Ang pagintindi kung nasaan ang mga problema sa isang grupo ay isang importanteng bahagi ng pamumuno. Maraming pinuno ang tinataguan ang mga problema na hinaharap ng kanilang grupo, pero ang mga problema ay lumalaki lamang.*

*Pansinin niyo kung paano nagpakita ng pagpigil si Hesus sa kanyang pakikitungo kay Hudas, dahil alam niyang ang Diyos ang bumabawi para sa mga masamang gawain, at hindi ang mga pinuno mismo."*

Mga problema sa grupo
Ilagay ang mga kamay sa gilid ng ulo na kunyari ay masakit ang ulo.

## 6. Ang mga Magaling na Pinuno ay Nagbibigay ng Magandang Ehemplo para Sundin

*"Sa bersong 12 hanggang 16, pinaliwanang ni Hesus kung bakit Niya hinugasan ang mga paa ng mga disipulo. Siya ang pinuno pero hinugasan Niya ang paa nila, na isang gawain ng tagasunod. Pinakita ni Hesus sa mga disipulo na ang pagkapinuno ay kasama ang pagsilbi sa isa't isa.*

*Ginagaya ng mga tagasunod ang kanilang mga pinuno. Kung sinusunod natin si Hesus, ang mga sumusunod sa atin bilang mga pinuno ay sinusundan rin si Hesus."*

Magbigay ng magandang ehemplo
Tumuro papuntang langit at itango ang ulo ng "oo."

## 7. Ang mga Magaling na Pinuno ay Alam na Biniyayaan Sila

*"Sa berso 17, sinabi ni Hesus sa mga disipulo na bibiyayaan sila ng Diyos habang namumuno sila sa iba sa pamamagitan ng paninilbi sa kanila.*

*Ang pamumuno sa iba ay minsan mahirap, pero ang mga sumusunod kay Jesus ay alam na biniyayaan sila.*

*Ang pamumuno sa iba ay minsan nakalulumbay, pero binibiyayaan ni Hesus ang mga namumuno ng kasama ang Kanyang piling.*

*Hindi laging pinapasalamatan ng mga tagasunod ang kanilang mga pinuno, pero ipinangako ni Hesus ang suporta ng Diyos kapag sinunod natin ang Kanyang ehemplo ng pamumuno sa pamamagitan ng pagsisilbi sa iba.*

Alam na sila'y biniyayaan
Iangat ang mga kamay sa pagsamba sa kalangitan.

## Berso Pang-saulo

–JUAN 13:14-15–
KUNG AKONG PANGINOON NINYO AT GURO AY NAGHUGAS NG INYONG MGA PAA, DAPAT DIN KAYONG MAGHUGASAN NG PAA. BINIGYAN KO KAYO NG HALIMBAWA AT ITO'Y DAPAT NINYONG TULARAN.

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.
- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

# PAGSASANAY

- Hatiin ang mga pinuno sa mga grupo ng apat.

*"Ngayon, gagamitin natin ang parehong proseso ng pagsasanay ng ginamit ni Hesus upang sanayin ang ating mga natutunan sa araling pangpinuno na ito."*

- Ituro ang proseso ng pagsasanay sa mga pinuno, at magbigay sa kanila ng 7-8 na minuto na pag-usapan ang bawat bahagi.

## PROGRESO

*"Magbahagi sa grupo kung alin sa pitong katangian ng magaling na pinuno ang pinakamadaling gampanan para sa iyo."*

## PROBLEMA

"Magbahagi sa grupo kung alin sa pitong katangian ng magaling na pinuno ang pinakamahirap gampanan para sa iyo."

## PLANO

*"Magbahagi ng isang gawain na pamumunuan niyo ang grupo niyo na gawin sa susunod na 30 araw na makakatulong sa kanilang sundin ang ehemplo ni Hesus ng pagkapinuno."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.

## PAGSASANAY

*"Magbahagi ng isang kasanayan na ikaw mismo ang gagawa sa susunod na 30 araw para makatulong sa iyo na maging masmabuting pinuno ng inyong grupo."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.
- Pagkatapos magbahagi ng lahat ng kanilang kasanayan na gagawin, ang lahat sa grupo ay tatayo at sabay-sabay sasabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses.

### PAGDARASAL

*"Sa inyong maliliit na grupo, ipagdasal ninyo ang plano ng isa't isa at ang kasanayan na sasanayin niyo sa susunod na 30 araw upang maging masmabuting mga pinuno."*

# PAGTATAPOS

## Chinlone

- Humiling sa anim na tao na ipakita ang kanilang galing sa paglalaro ng Chinlone*. Tulungan ang anim na makagawa ng bilog sa gitna ng kwarto.

  *"Ako ay nag-imbita ng isang sikat na koponan ng larong Chinlone para ipakita ang kanilang kagalingan. Palakpakan natin sila para ipakita ang ating kagalakan sa kanilang pagpunta."*

- Ayusin ang mga manlalaro na may tao sa harap bilang "pinuno." Humiling sa iba na gumawa ng dalawang hilera na nakaharap sa pinuno.

  *"Una, ipapakita sa atin ng sikat na koponan ng larong Chinlone ang paraang 'Griyego.' Makinig sa mga patakaran na kanilang susundin. Ang bawat tao ay sisipain ang bola papunta sa pinuno. Pagkakuha ng pinuno nung bola, isisipa niya ito papunta sa iba pang manlalaro. May parusa ang mga manlalaro na sisipain ang bola papunta sa iba pang manlalaro at hindi sa pinuno. "*

- Hilingin sa koponan na ipakita ang paraang "Griyego" ng paglalaro ng Chinlone. Ang paglalaro ng Chinlone ng ganitong paraan ay nakakaasiwa at nakakalito sa mga

manlalaro. Magpatawa sa pamamagitan ng paghawak sa mga taong magpapasa ng bola sa taong hindi ang pinuno. Sumigaw ng "Mali!" Itama ang kanilang mali at ipakita na sa pinuno lang dapat isisipa ang bola.

*"Anong nangyari sa paglalaro nila ng Chinlone ng ganitong paraan?" (Maghirap maglaro ng ganitong patakaran. Mukhang hindi interasado ang mga manlalaro. Hindi masaya.)*

- Ngayon, hilingin sa mga manlalaro na bumuo ng regular na bilog ng Chinlone, pero ilagay ang "pinuno" sa gitna.

  *"Ngayon, ang paraang Hebrew naman ang gagawin ng koponan ng Chinlone, pero ang pinuno ay susubukang gawin ang lahat. Gagamitin natin ang patakaran kanina – ang mga manlalaro ay sisipain lang ang bola papunta sa pinuno, na isisipa papunta sa iba."*

- Masmaayos ang koponan ngayon, pero ang pinuno ay magpapakita ng pagod pagkatapos ng ilang minuto. Magpatawa sa pagtawag ng mali kapag hindi sinipa ang bola papunta sa pinuno.

  *"Anong nangyari nang maglaro ng Chinlone ng ganitong paraan?" (Mahirap ang trabaho ng pinuno at sobrang napagod siya. Madaming maling nagawa ang mga manlalaro. Hindi interesado ang mga manlalaro at manonood.)*

- Hilingin sa mga manlalaro na bumuo ng tradisyonal na bilog ng Chinlone kung saan ang lahat, pati ang pinuno, ay nasa bilog. Sabihin sa kanila na hindi na nila dapat ipasa ang bola sa pinuno sa lahat ng beses. Hayaan sila maglaro ng Chinlone.

*"Ngayon, ipapakita sa atin ng sikat na koponan ng Chinlone kung paano maglaro ng totoong paraang Hebrew."*

- Hayaan sila maglaro ng ilang minuto hanggang ang lahat ng tao sa seminar ay natutuwa sa panonood sa kanila.



*"Anong nangyari nang naglaro sila ng Chinlone ng ganitong paraan?" (Ang buong koponan ay naglaro. Ang buong koponan ay nagpakita ng galing. Nakagawa sila ng magagaling na kilos.)*

*Ang pangatlong paraan ng paglalaro ng Chinlone ay isang magandang halimbawa ng pagkapinunong tagapaglingkod. Tinutulungan ng pinuno ang lahat sa grupo na makasali at makapagbigay. Hindi ginagawa ng pinuno ang lahat, pero pinapayagan niya ang iba na gawin ang kanilang natatanging estilo. Ito ang ehemplo ng pagkapinuno na binigay sa atin ni Hesus na sundin."*

- Humiling sa isang pinuno sa grupo na tapusin ang sesyon sa isang dasal.

  *"Ipagdasal niyo tayong lahat bilang mga pinuno na mamuno tulad ni Hesus at para sa mga plano na ginawa natin sa ating maliliit na grupo. Ipagdasal niyo din ang mga kasanayan na ating sasanayin para maging masmagaling tayong mga pinuno sa susunod na 30 araw."*

  **Ang Chinlone ay isang larong karaniwan nilalaro ng mga lalaki sa Myanmar. Ang mga manlalaro ay gumagawa ng bilog at nagpapasahan ng bolang gawa sa tubo sa isa't isa gamit lamang ang paa. Ang layunin sa Chinlone ay panatilihin ang bola na hindi tumatama sa lupa ng pinakamatagal na kakayanin. Ang mga manlalaro ay kadalasan nagsasanay ng mga espesyal na sipa at galaw para hangaan ng iba. Ang mga mataas at eksaktong mga sipa ang kadalasang pinapalakpakan ng mga nanonood at naglalaro.*

  *Ang Chinlone ay nilalaro ng mga tao sa buong Asya, pero iba-iba ang tawag sa larong ito. Magtanong sa mga lokal na residente kung ano ang pangalan ng laro sa lugar na pinagsasanayan.*

  *Kung kayo ay nagsasanay ng mga pinuno sa isang lugar na walang laro tulad ng "Chinlone," pwedeng gumamit ng "hacky sack" imbis na bola. Pwede din gumamit ng lobo para sa pagsasanay.*

# 4

# Patatagin ang Sarili

Ang mga pinunong sinasanay niyo ay namumuno sa mga grupo at natututunan kung gaano kahirap ang pamunuan ang iba. Ang mga pinuno ay humaharap sa mga espiritwal na pagtatalo galing sa labas ng grupo at sa mga pagkakaiba ng personalidad sa loob ng grupo. Isang susi sa mabuting pamumuno ay ang pagkakakilala sa iba't ibang klase ng personalidad at pag-aaral para pagbuklurin sila bilang isang grupo. Ang araling "Patatagin ang Sarili" ay nagbibigay sa mga pinuno ng simpleng paraan para matuklasan nila ang kanilang personalidad. Kapag inintindi natin kung bakit tayo ginawa ng Diyos, magkakaroon tayo ng bakas kung paano tumatag sa Kanya.

Mayroong walong klase ng personalidad: sundalo, tagahanap, pastol, tagapunla, anak, santo, tagapaglingkod, at tagapamahala. Pagkatapos tulungan ang mga pinuno kung anong klase ang personalidad nila, ang mga tagapagsanay ay sasabihin ang mga kalakasan at kahinaan ng bawat isa. Ang karamihan ay iniisip na ang

mahal ng Diyos ay ang klase ng personalidad na pinahahalagahan ng kanilang kultura. Ang ibang pinuno ay naniniwala na ang kanilang kakayahang mamuno ay ayon sa kanilang personalidad. Ang mga paniniwala na ito ay hindi totoo. Ang sesyon na ito ay magtatapos sa pagdidiin na ang mga pinuno ay dapat tratuhin ang mga tao bilang mga indibidwal. Ang pagsasanay ng pagkapinuno ay dapat tumugon sa pangangailangan ng bawat indibidwal, at hindi isang klase para sa lahat.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Hilingin sa isang pinuno na magdasal para sa sesyon na ito.

## Progreso

- Hilingin sa isa pang pinunong sinasanay na magbahagi ng isang maigsing testimonya (tatlong minuto) kung paano binibiyayaan ng Diyos and kanyang grupo. Pagkatapos magbahagi ng pinuno, hilingin sa grupo na ipagdasal siya.
- Isang alternatibo ay ang paggawa ng oras na pagsasanay sa isang pinuno gamit ang "Progreso, Problema, Plano, Pagsasanay, Pagdarasal" na proseso ng pagsasanay ng pagkapinuno.

## Problema

*"Madalas nagkakamali ang mga pinuno dahil umaasa sila na gagalaw at sasagot ang kanilang mga tagasunod sa iisang paraan. Ngunit ang Diyos ay gumawa ng mga tao na iba-iba ang klase ng personalidad. Isang susi sa magaling na pagkapinuno ay ang*

*pagkakakilala sa iba't ibang klase ng personalidad at pag-aaral para pagbuklurin sila bilang isang grupo.*

*Si Hesus ay isang anak at gusto Niyang lumago ang pagmamahal at pagkakaisa sa kanyang pamilya. Ang pagiintindi sa iba't ibang personalidad ay tutulong sa atin na mahalin lalo ang iba."*

# Plano

*"Sa araling ito, matututunan natin ang walong klase ng personalidad. Matutuklasan niyo kung anong klase ng personalidad ang binigay sa inyo ng Diyos, at kung paano tulungan ang iba na malaman ang klase ng personalidad nila. Ang lahat ng naniniwala ay magiging masmatatag sa Diyos kung naiintindihan nila kung paano sila ginawa ng Diyos."*

## Pag-aralan Muli

**Pagbati**

- Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?
- Bakit Ito Importante?
- Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?
  - Maging Matatag sa Diyos
  - Ipamahagi ang Ebanghelyo
  - Gumawa ng Disipulo
  - Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
  - Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

**Magsanay Tulad ni Hesus**

Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

Progreso
Problema
Plano
Pagsasanay
Pagdarasal

*–Lucas 6:40–Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.*

**Mamuno Tulad ni Hesus**

Sino ang Pinakamagaling na Pinuno Ayon kay Hesus?

Ano ang Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno?


1. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Mahal Ang Mga Tao
2. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Kanilang Misyon
3. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Pinagsisilbihan ang Kanilang Mga Tagasunod
4. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagwawasto ng May Kabaitan
5. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Mga Kasalukuyang Problema ng Grupo
6. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagbibigay na Magandang Ehemplo Para Sundin
7. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam na Biniyayaan Sila

*–Juan 13:14-15–Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan.*

## Anong Personalidad ang Binigay Sayo ng Diyos?


- Hilingin sa mga pinuno na gumuhit ng malaking bilog sa isang malinas ng pahina ng kanilang kwaderno.

  *"Ang bilog na ginuhit ko ay tumatayo para sa lahat ng tao sa mundo."*



- Hilingin sa mga pinuno na gumuhit ng pahalang na linya na humahati sa gitna ng bilog. Ang kanang bahagi ng bilog ay pangalanang "Mga Relasyon" at ang kaliwang bahagi ay pangalanang "Mga Gawain."

  *"Ang lahat ng tao ay nabibilang sa dalawang grupo: ang mga nakatuon sa mga relasyon at ang mga nakatuon sa mga gawain. Ginawa ng Diyos ang parehong klase ng tao, kaya walang masmabuti o masmasama; ito lang ang paraan kung paano ginawa ng Diyos ang mga tao. Pumili ng punto sa linya na sa tingin niyo ay sumasakatawan sa kung anong klaseng tao ka."*





*(Ang taong masnakatuon sa mga gawain ay maglalagay ng tuldok masmalapit sa kaliwang bahagi. Ang taong masnakatuon sa mga relasyon ay maglalagay ng tuldok masmalapit sa kanang bahagi. Kung ang tao ay medyo pantay na nakatuon sa gawain at relasyon, sabihan sila na ilagay ang tuldok sa bandang gitna ng linya, pero dapat ay masmalapit pa rin sa isang bahagi.)*

*"Ibahagi ang resulta sa iyong katabi at tingnan kung sasang-ayon siya sa iyo sa pinili mong punto. Bibigyan ko kayo ng limang minuto."*

- Hilingin sa mga pinuno na gumuhit ng linyang pababa na humahati sa bilog sa apat na magkasinglaking bahagi. Pangalanan ang taas ng bilog na "extrovert" at ang baba ng bilog na "introvert."

  *"Ang lahat ay nabibilang sa dalawa pang grupo: ang mga 'palabas' (extrovert) ang pagkatao at ang mga 'paloob' ang pagkatao (introvert). Wala sa dalawa ang masmabuti o masmasama. Ganito lang ang pagkagawa ng Diyos ng mga tao.*


  *Piliin kung saan sa pababang linya ang sumasakatawan sa inyong pagkatao."*





*(Ang 'palabas' na tao ay pipili ng punto masmalapit sa taas ng bilog. Ang 'paloob' na tao ay pipili ng punto masmalapit sa baba ng bilog. Kung ang tao ay medyo pantay na 'palabas' at 'paloob', sabihan sila na ilagay ang tuldok sa bandang gitna ng linya, pero dapat ay masmalapit pa rin sa isang bahagi.)*

*"Ibahagi ang resulta sa iyong katabi at tingnan kung sasang-ayon siya sa iyo sa pinili mong punto. Bibigyan ko kayo ng tatlong minuto."*

- Hilingin sa mga pinuno na gumawa ng dalawang palihis na linya ("X") na maghahati na sa bilog sa walong magkasinglaking bahagi.
- Ang mga pinuno ay guguhit ng isang kahon ng putol-putol na linya para malaman kung saan nabibilang ang inyong personalidad.
- Ang ilustrasyon sa baba ay nagpapakita ng tapos na krokis na nagpapakita ng isang taong may personalidad na tagahanap.




- Simula sa hating 9:00-10:30, gumalaw pakanan at ipaliwanag ang walong klase ng personalidad:
- Isulat ang klase ng personalidad sa blanko habang pinapaliwanag ang kanilang positibo at negatibo na katangian.



## SUNDALO

- Mataas ang gawain, masmataas ng konti ang palabas kaysa paloob.
- Positibo: Nakikita ang kailangan para magtagumpay, determinado at marangal, gagawin ang kung ano ang kailangang gawin.
- Negatibo: Pwedeng maging dominante at insensitibo, maaaring panalunin ang laban pero matalo sa giyera.

## TAGAHANAP

- Mataas ang palabas, masmataas ng konti ang gawain kaysa relasyon.
- Positibo: Nakakakita ng mga bagong pagkakataon, magaling gumawa ng mga koneksyon, magaling sa negosyo.
- Negatibo: Maaaring maghanap ng pansariling kasiyahan, maaaring hindi makapagtuon sa isang gawain, maaaring isipin na ang bago ang laging masmaganda.

## PASTOL

- Mataas ang palabas, masmataas ng konti ang relasyon kaysa gawain.
- Positibo: Nakikita ang mga espiritwal na pangangailangan ng mga tao, natutuwang mamuno ng mga grupo, at magaling sa pagpapalakas ng loob ng mga tao sa mga problemang emosyonal.
- Negatibo: Maaaring maging mapag-utos, maaaring magsimula ng mga maliliit na grupo, maaaring mahirapan makipagtrabaho sa ibang pamumuno.

## TAGATANIM

- Mataas ang relasyon, masmataas ng konti ang palabas kaysa paloob.
- Positibo: Nakikita ang potensyal sa mga tao, nagtuturo, laging pinapabuti ang sariling kakayahan.
- Negatibo: Maaaring magtanim ng alitan, mahirap tanggapin kapag pinapahina ang loob, nagsasalita tungkol sa mga paboritong bagay ng masyadong madalas.

## ANAK

- Mataas sa relasyon, masmataas ng konti ang paloob kaysa palabas.
- Positibo: Nakikita ang kung ano ang kailangan gawin para maramdaman ng iba na "parte sila ng pamilya," tagapanatili ng kapayayapaan, at mahalaga sa kanya ang pagka-indibidwal ng bawat isa.
- Negatibo: Maaaring naniniwala na ang pamilya niya ang pinakamagaling, maaaring seloso at hindi panatag.

## SANTO

- Mataas ang paloob, masmataas ng konti ang relasyon sa gawain.
- Positibo: Nakikita ang mga paraan para makalapit ang mga tao sa Diyos, tagapagtanggol ng tradisyon, at ang boses ng moralidad sa komunidad.
- Negatibo: Maaaring lumabas na "masbanal sa inyo," nahihirapan na tumanggap ng iba, minsan ay masyadong strikto sa patakaran.

### TAGAPAGLINGKOD

- Mataas ang paloob, masmataas ng konti ang gawain kaysa relasyon.
- Positibo: Nakikita kung paano mabigay ang mga materyal na pangangailangan ng mga tao, matapat, masmagaling magtrabaho ng hindi nakikita ng iba.
- Negatibo: Naninilbihan ng iba pero maaaring hindi naaalagaan ang sariling pamilya, mabagal tumanggap ng pagbabago, mahirap makakita ng kabuuang sitwasyon.

### TAGAPAMAHALA

- Mataas ang gawain, masmataas ng konti ang paloob kaysa palabas.
- Positibo: Nakikita ang pinakamabuting paraan para ayusin ang mga pagkukunan, matalino at praktikal.
- Negatibo: Maaaring bumagal sa pamamahala, kulang sa awa, maaaring bigyan ng masmalaking importansya ang kailangan ng organisasyon kaysa kailangan ng mga tao.

*"Ipakita sa kapares kung alin sa walong klaseng personalidad ang meron ka at magbigay ng mga halimbawa."*

## Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamahal ng Diyos?

- Hayaan ang mga pinuno na pag-usapan ang tanong na ito. Ang kanilang mga sagot ay magbibigay ng kaalaman sa kanilang kultura. Ang bawat kultura ay maspinahahalagahan ang isa o dalawang imahe ni Kristo kasya iba.

*"Ginawa ng Diyos ang bawat klase ng personalidad at pagkatapos Niya, sinabi niya na 'Mabuti ang lahat.' Paborito niya ang lahat."*

## Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamagaling na Pinuno?

- *Hilingin sa mga pinuno na pag-usapan ang tanong na ito. Kadalasan, dalawa o tatlong imahe ni Kristo ang lalabas na paborito. Ang mga pinuno ay ipaglalaban ang dalawa o tatlong imahe na ito ang pinakamagaling na pinuno. Natuklasan namin na malaki ang pinagkaiba ng mga sagot ng mga Kanluran at Silangan na kultura. Pagkatapos sabihin ng grupo ang kanilang sinasaisip, ibahagi ang kaalaman na ito sa kanila.*

  *"Maraming tao ang nagugulat na malaman na pwedeng maging magaling na pinuno ang kahit alin sa walong klase ng personalidad. Ang pagkapinuno ay hindi nakadepende sa personalidad. Pwede ko kayong dalhin sa walong napakalaking simbahan sa Amerika na may dumadalong masmadami sa 5,000 katao kada linggo. Karamihan ay sasabihin na pinamumunuan ang mga simbahang ito ng magagaling na mga pinuno. Kung kakausapin mo ang mga pastor, matutuklasan mo na iba-iba ang mga klase ng personalidad nila. Ang bawat isa ay namumuno gamit ang iba't ibang imahe ni Kristo. Hindi personalidad ang gumagawa ng magaling na pinuno. Ang magaling na pinuno ay ang may kakayanan na pamunuan ang buong grupo na magtrabaho ng sama-sama at magtagumpay. Si Hesus ang pinakamagaling na pinuno sa kasaysayan. Sundin niyo Siya at magiging magaling na pinuno din kayo."*

## Berso Pang-saulo

–Mga Taga-Roma 12:4-5–
Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Kristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.
- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

# Pagsasanay

- Hatiin ang mga pinuno sa mga grupo ng apat. Hilingin na gamitin nila ang proseso ng pagsasanay sa araling ito.
- Ituro ang proseso ng pagsasanay sa mga pinuno, at magbigay sa kanila ng 7-8 na minuto na pag-usapan ang bawat bahagi.

### PROGRESO

*"Ibahagi kung alin sa walong klase ka naaayon at magbigay ng halimbawa."*

## PROBLEMS

*"Ibahagi kung alin sa walong klase ka pinaka-hindi naaayon at magbigay ng halimbawa."*

## PLANO

*"Magbahagi ng simpleng plano para matuklasan ang iba't ibang klase ng personalidad sa inyong grupo sa susunod na buwan."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.

## PAGSASANAY

*"Magbahagi ng isang gawain na ikaw mismo ang gagawa sa susunod na 30 araw para makatulong sa iyo na maging masmabuting pinuno."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.
- Pagkatapos magbahagi ng lahat ng kanilang kasanayan na gagawin, ang lahat sa grupo ay tatayo at sabay-sabay sasabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses.

## PAGDARASAL

*"Ipagdasal ninyo ang plano ng isa't isa at ang kasanayan na sasanayin niyo sa susunod na 30 araw upang maging masmabuting mga pinuno."*

# Pagtatapos

## Ang American Cheeseburger

*Hilingin sa mga pinuno na magkunwari na kayo ay nasa kainan. Hatiin ang mga pinuno sa mga grupo ng tatlo o apat at ipaliwanag na ang mga grupo nila ay mga "lamesa" sa kainan. Sabihin na ikaw ang serbidor nila at kukunin mo ang gusto nilang kainin.*

- Maglagay ng twalya sa taas ng iyong braso, pumunta sa unang lamesa, at tanungin kung ano ang gusto nilang kainin. Kahit ano pa ang sabihin nila, sabihin mo na "Pasensya na po, wala po kami nun ngayon, bibigyan na lang po namin kayo ng American Cheesburger."
- Pagkatapos ng ilang lamesa, ang karamihan ay hihingin na lang ang American Cheeseburger dahil iisipin nila na yun lang ang meron.

*"Ang dulang ito ay pinapakita ang isang madalas na pagkakamali sa pagkakapinuno. Ang mga pinuno ay inaasahan na ang lahat ay gagalaw at magiging magkakapareho, pero ginawa ng Diyos na magkakaiba ang bawat tao. Ang mga magaling na pinuno ay natututunan kung paano makipagtrabaho sa mga taong iba't iba ang personalidad. Tinuturuan nila ang mga tao kung paano makisama at igalang ang pagkakaiba ng iba."*

- Hilingin ang isa sa mga pinuno na magdasal ng dasal ng pasasalamat para sa iba't ibang paraan ng pagkagawa Niya ng mga tao.

# 5

# Magpatatag Kasama Ang Iba

Ang mga pinuno ay natuklasan ang klase ng personalidad nila sa huling aralin. Sa "Magpatatag Kasama Ang Iba," pinapakita kung paano makisalamuha ang kanilang personalidad sa ibang tao. Bakit walo ang klase ng personalidad ng mga tao sa mundo? Ang sabi ng iba, ito ay dahil walong tao ang laman ng barko ni Noah habang ang iba ay nagsasabi na ito ay dahil walo ang direksyon sa aguhon – hilaga, hilangang kanluran, atbp. Pwede natin ipaliwanag ito ng simple. Ang mundo ay may walong klase ng personalidad dahil ang Diyos ay ginawa ang mga tao sa Kanyang imahe. Kung gusto niyong makita kung ano ang itsura ng Diyos, ang sabi ng Bibliya ay tingnan niyo si Hesus. Ang walong klase ng personalidad sa mundo ay sumasalamin sa walong imahe ni Hesus.

Si Hesus ay sundalo – kumander ng hukbo ng Diyos. Si Hesus ay tagahanap – naghahanap at nagliligtas sa mga nawawala. Si Hesus ay pastol – nagbibigay sa kanyang mga tagasunod ng pagkain, tubig, at pahinga. Si Hesus ay tagatanim – tinatanim ang

Salita ng Diyos sa ating mga buhay. Si Hesus ay anak – minahal siya ng Diyos at inutusan tayo na making sa Kanya. Si Hesus ay tagapagligtas at tinatawag tayo na irepresenta natin Siya sa mundo ng mga santo. Si Hesus ay tagapaglingkod – masunurin sa Kanyang Ama, kahit sa punto ng kamatayan. At ang huli, si Hesus ay tagapamahala – madaming kwento ay tungkol sa pamamahala ng oras, pera, at tao.

Ang lahat ng pinuno ay dinadala ang responsibilidad ng pagtulong sa mga tao na matutong makipagtrabaho sa iba. Hindi naiiwasan ang alitan sa pagitan ng magkakaibang personalidad dahil iba ang tingin nila sa mundo. Ang dalawang pinakamadalas na ginagawa ng tao kapag may alitan ay ang iwasan ito o makipagaway. Ang ikatlong paraan kapag may alitan, na pinamumunuan ng Espiritu ng Diyos, ay ang maghanap ng solusyon na rumerespeto at nagpapatibay sa bawat klase ng personalidad. Natatapos ang sesyon sa isang paligsahan ng pag-arte na pinapakita ang katotohanang ito sa isang katawa-tawang paraan. Ang krokis ng "walong imahe ni Kristo" ay tutulungan tayo na maintindihan kung paano mamahalin ng masmabuti ang iba. Ito ang tungkulin ng lahat ng tagasunod ni Hesus.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Hilingin sa isang pinuno na magdasal para sa sesyon na ito.

## Progreso

- Hilingin sa isa pang pinunong sinasanay na magbahagi ng isang maigsing testimonya (tatlong minuto) kung paano binibiyayaan ng Diyos and kanyang grupo. Pagkatapos magbahagi ng pinuno, hilingin sa grupo na ipagdasal siya.

- Isang alternatibo ay ang paggawa ng oras na pagsasanay sa isang pinuno gamit ang "Progreso, Problema, Plano, Pagsasanay, Pagdarasal" na proseso ng pagsasanay ng pagkapinuno.

## Problema

*"Natutunan natin ang walong klase ng personalidad sa huling aralin. Ang kaalaman na ito ay tutulong sa atin maintindihan ang alitan na nangyayari sa isang grupo. Walang makakapigil sa isang misyon o ministro ng masmabilis kaysa sa alitan. Ang mga tao ay nagbibitiw ng maaanghang na salita at nananakit ng tao ng iba. Dahil dito, ang misyon o ministro ay babagal na ng sobra ang galaw."*

## Plano

*"Si Hesus ang Tagapagligtas at tinatawag ang Kanyang mga tagasunod na maging mga Santo na sumasakatawan sa Kanya sa mundo. Alam ng mundo na tayo ay mga Kristiyano sa pagharap natin sa problema ng sama-sama. Ang plano para sa sesyon na ito ay ay ipakita kung bakit nagkakaroon ng alitan at kung paano harapin ang mga ito kapag nangyayari."*

### Pag-aralan Muli

**Pagbati**

- Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?
- Bakit Ito Importante?
- Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?
  - Maging Matatag sa Diyos
  - Ipamahagi ang Ebanghelyo

Gumawa ng Disipulo
Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

**Magsanay Tulad ni Hesus**

Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

Progreso
Problema
Plano
Pagsasanay
Pagdarasal

*–Lucas 6:40–Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.*

**Mamuno Tulad ni Hesus**

Sino ang Pinakamagaling na Pinuno Ayon kay Hesus?

Ano ang Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno?

1. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Mahal Ang Mga Tao
2. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Kanilang Misyon
3. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Pinagsisilbihan ang Kanilang Mga Tagasunod
4. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagwawasto ng May Kabaitan
5. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Mga Kasalukuyang Problema ng Grupo
6. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagbibigay na Magandang Ehemplo Para Sundin

7. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam na Biniyayaan Sila

*–Juan 13:14-15–Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan.*

**Patatagin ang Sarili**

Anong Personalidad ang Binigay Sayo ng Diyos?
- Sundalo
- Tagahanap
- Pastol
- Tagatanim
- Anak
- Santo
- Tagapaglingkod
- Tagapamahala

Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamahal ng Diyos?

Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamagaling na Pinuno?

*–Mga Taga-Roma 12:4-5–Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Kristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.*

## Bakit Walo ang Klase ng Tao sa Mundo?

–Genesis 1:26–

Pagkatapos likhain ang lahat ng ito, sinabi ng Diyos: "Ngayon, lalangin natin ang tao. Ating gagawin siyang kalarawan natin . . . ."

–Colosas 1:15–
Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita, at siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha.

*"Ang tao ay ginawa sa imahe ng Diyos. Kung gusto niyong makita ang imahe ng Diyos, tingnan niyo si Hesus. Kahit na tayo ay nasa pinakamababang punto ng buhay, sinasalamin natin si Hesus. May walong imahe si Hesus sa Bibliya na tumutulong sa atin na kilalanin si Hesus."*

## Ano ang Personalidad ni Hesus?

### SUNDALO

–Mateo 26:53–
Hindi mo ba alam na makahihingi ako sa aking Ama nang higit pa sa labindalawang batalyon ng mga anghel at padadalhan niya ako agad?

Sundalo
Itaas ang espada.

### TAGAHANAP

–Lucas 19:10–
Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang naligaw."

Tagahanap
Tumingin sa iba't ibang direksyon ng nasa taas ng mga mata ang kamay.

## PASTOL

–Juan 10:11–
"Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.

**Pastol**
**Ilapit ang mga kamay sa sarili na nagpapalapit ng mga tao.**

## TAGATANIM

–Mateo 13:37–
Ito ang tugon ni Hesus, "Ang Anak ng Tao ang naghahasik ng mabuting binhi."

**Tagatanim**
**Isaboy ang mga binhi gamit ang kamay.**

## ANAK

–Lucas 9:35–
At may isang tinig mula sa alapaap na nagsabi, "Ito ang aking Anak, ang aking Hinirang. Siya ang inyong pakinggan!"

**Anak**
**Ilapit ang mga kamay sa bibig tulad ng kumakain.**

## TAGAPAGLIGTAS/SANTO

–Marcos 8:31–
Mula noon, ipinaalam na ni Hesus sa kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao'y dapat magbata ng maraming hirap. Siya'y itatakwil ng matanda ng bayan, ng mga punong saserdote at ng mga eskriba at ipapapatay. Ngunit sa ikatlong araw, muli siyang mabubuhay.

*"Tayo ay tinatawag na maging santo para irepresenta ang Kanyang nakapagliligtas na gawain sa mundo."*

☟ **Tagapagligtas/Santo**
**Ilagay ang kamay sa pwesto ng pangdasal.**

## TAGAPAGLINGKOD

–Juan 13:14-15–
Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan.

☟ **Tagapaglingkod**
**Humawak ng martilyo.**

## TAGAPAMAHALA

–Lucas 6:38–
"Magbigay kayo, at bibigyan kayo ng Diyos: hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang takalang ginagamit

NINYO SA IBA AY SIYA RING GAGAMITIN NG DIYOS SA INYO."

Tagapamahala
Kumuha ng pera mula sa bulsa.

## Ano ang Tatlong Pagpipilian Natin Kapag May Alitan na Mangyari?

### TUMAKBO PALAYO (SAGOT NG KATAWAN)

*"Ang iba't ibang personalidad ay may iba't ibang ideya at paggawa ng mga tungkulin. Ang mga taong nasa magkabilang dulo ng bilog ay ang madalas nahihirapan makisama sa isa't isa. Nahihirapan silang intindihin ang isa't isa.*

*Halimbawa, ang tagatanim ay gustong gumamit ng pera at oras para makitang gumaling ang mga tao, pero ang tagapamahala ay gustong tipirin ang pera at oras para sa ipagpapatuloy ng misyon. Ang mga mabuting desisyon ay kailangan ng pananaw ng pareho. Ang pagkampi sa isa ay gumagawa ng kompetisyon at maling pagdedesisyon.*

*Para sa karamihan, ang pagtugon sa alitan ay mahirap at ang kinalalabasan ay hindi nag-uusap ang dalawang partido. Takot sa masmatinding alitan at sakitan, lumalayo na lang tayo. Naiisip natin na masmabuting maging ligtas kaysa magsisi.*

*Sa sitwasyon na ito, ang mga tao ay nakikipagaway, tumatakbo, at nagtatago sa isa't isa."*

Ipagdikit ang mga kamao. Ipaglayo sila at ilagay sa likod.

## MAKIPAGAWAY (SAGOT NG KATAWAN)

*"Minsan ay hindi iniiwasan ang alitan, pero inaaway naman ang hindi kasundong tao. Nararamdaman natin na tayo ay nasaktan at hindi naintindihan, kaya gusto natin silang magbayad para sa ginawa nila. Maaarin tayong makipagaway gamit ang salita, ugali, o kamao. Ang alitan ay lalong lumalaki.*

*Halimbawa, ang tagahanap ay gusto ng mga bagong karanasan at pagkakataon, habang ang santo ay gusto na ang grupo ay mananatili lamang sa isang matibay na pundasyon. Kailangan natin ang pareho sa katawan ni Kristo. Magandang gawain para sa dalawang grupo na magsubok ng luma at bago ng magkasama.*

*Ang mga paraan ng pagsamba ay ang madalas tamaan ng ganitong problema. Ang mga grupo ay ginagawa lang ang paraan nila at minamaliit ang mga paraan ng iba. Ang mga salita, ugali, at kilos ay naglalaban at ang pagkakaisa ay nawawala.*

*Sa sitwasyon na ito, tayo ay nakikipagaway sa isa't isa."*

Ipagdikit ang mga kamao at ipagbangga sila.

## MAGHANAP NG PARAAN GAMIT ANG ESPIRITU NG DIYOS UPANG MAKAPAGSAMA-SAMA (SAGOT NG ESPIRITU)

*"Ang Banal na Espiritu ang nagpapatnubay sa ikatlong sagot. Kapag naramdaman natin na ang gusto ng ating katawan ay tumakbo o makipaglaban, pwede tayong humiling sa Espiritu na tulungan tayong makahanap ng paraan upang makapagsama-sama. Naniniwala tayo na ang mga solusyon sa problema na nanggagaling sa katawan ni Kristo ay masmabuti. Ang ikatlong sagot ay pinakapinapahalagahan ang komunikasyon, pagtitiwala, at pagmamahal."*

*"Halimbawa, gusto ng sundalo na ayusin ang simbahan para sa isang misyon para sa Diyos. Gusto naman ng anak na maging lugar ng paghihilom ng pamilya ang simbahan. Ang sundalo ay nakatuon sa gawain; ang anak ay nakatuon sa relasyon. Sa pagbubuklod nila sa Espiritu, makakahanap sila ng paraan para gawin ang misyon nila at matutulungan ang lahat na maramdaman na parte sila ng grupo. Tayo ay nagtratrabaho, pero tayo din ay nagsasasaya.*

*Sa sitwasyon na ito, naghahanap tayo ng paraan para magsama-sama kay Kristo at kumilos patungo sa Kanyang kaharian."*

**Ipagdikit ang mga kamo, bitiwan ang kamao at pagbuklurin ang mga daliri, at igalaw ng taas baba ang mga kamay, tulad ng nagsasama.**

## Berso Pang-saulo

–Mga Taga-Galacia 2:20–
At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.
- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

# Pagsasanay

## Paligsahan ng Pag-arte

- Hatiin ang mga pinuno sa grupo ng walo pataas. Sabihan sila na gagawa kayo ng paligsahan ng pag-arte at may premyo sa mga mananalo. Bibigyan ng premyo ang grupo na makakagawa ng pinakanakakatawa at pinakatotoo na dula.
- Ang bawat miyembro ng grupo ay pipili ng imahe ni Kristo na gagayahin. Sila ay dapat pumili ng imahe na naiiba sa kanilang personalidad. Halimbawa, ang taong may personalidad na "sundalo" ay dapat pumili ng imahe ni Kristo maliban sa "sundalo" para gamitin sa pag-arte.
- Ang dula na gagawin ay "isang pagpupulong tungkol sa pagtatayo ng bagong simbahan sa karatig bayan." Ang mga miyembro ay dapat umarte ayon sa ginagampanan ng may alitan sa isa't isa. Walang sumasagot ayon sa Espiritu.
- Mayroon silang 5 minuto para ipakita ang dula nila. Anyayahan sila na palabisin ang pag-arte para malaman ng mga nanonood kung anong personalidad ang ginagampanan nila.
- Bigyan ang mga pinuno ng oras para sanayin ang kanilang dula (mahigit 20 minuto).
- Simulan ang paligsahan. Sa dulo ng dula ng bawat grupo, tingnan kung kayang hulaan ng mga pinuno ang ginampanan ng bawat aktor. Ibigay ang "unang gantimpala" sa grupo na pinakanakakatawa at pinakatotoo. Mga ideya para sa premyo: libro ng Ebanghelyo, CD ng mga kantang pangsamba, mga matamis, atbp.
- Pagkatapos ng lahat ng grupo, papiliin ang bawat grupo ng mga pinakamagaling na aktor sa kanila. Hilingin ang mga napili na bumuo ng isa pang grupo at gumawa ng isa pang dula bilang grupo ng mga pinakamagaling na aktor.

# Isang Madalas na Tanong

## Ano ang pinagkaiba ng walong imahe ni Kristo sa mga regalong espiritwal?

Ginawa ng Diyos ang mga tao sa Kanyang imahe, at kung may gustong makakita sa imahe ng Diyos, sinasabi ng Bibliya na tingnan si Hesus. Ang walong imahe ay kung paano ginawa ang mga tao, parehong naniniwala at hindi naniniwala. Ang paggamit sa walong imahe bilang pundasyon sa paglago ng espiritu ay sumasagot sa problema sa imbentaryo ng regalong espiritwal. Paano matutuklasan at makakapagimbentaryo ng regalong espiritwal ang isang hindi naniniwala kung hindi nga sila naniniwala sa Diyos?

Ang walong imahe ni Kristo ay parang mga "timba" na pinagbubuhusan ng mga regalong espiritwal bago ilabas. Ang pastol ay maaaring merong regalong espiritwal ng awa, paghihikayat, o pagbibigay, depende sa binigay ng Espiritu. Nakita din namin na ang ilang regalong espiritwal ay pumapaligid sa ilang imahe ni Kristo. Halimbawa, ang regalo ng paglilingkod ay madalas kaakibat ng imaheng tagapaglingkod.

# 6

# Ipamahagi ang Ebanghelyo

Paano maniniwala ang mga tao kung hindi pa nila naririnig ang Ebanghelyo? Pero hindi laging pinapamahagi ng mga tagasunod ni Hesus ang Ebanghelyo para maniwala ang lahat ng tao. Isang dahilan ay hindi nila natutunan kung paano ipamahagi ang Ebanghelyo. Isa pang dahilan ay masyado silang madaming ginagawa sa araw-araw na buhay kaya nakakalimutan nila. Sa araling "Ipamahagi ang Ebaghelyo," matututunan ng mga pinuno kung paano gumawa ng "pulsera ng Ebanghelyo" para ipamahagi sa mga kaibigan at kapamilya. Ipapaalaala sa atin ng pulseras na magpamahagi sa iba at ito din ay magandang panimula sa mga usapan. Ang mga kulay sa pulseras ay magpapaalala sa atin kung paano ipamahagi ang Ebanghelyo sa mga taong hinahanap ang Diyos.

Ang pulsera ng Ebanghelyo ay pinapakita kung paano natin iniwan ang pamilya ng Diyos. Sa simula ay ang Diyos – ang gintong butil. Ginawa ng Banal na Espiritu ang isang perpektong

mundo na may mga langit at dagat – ang asul na butil. Ginawa Niya ang tao at inilagay niya sa magandang hardin – ang berdeng butil. Ang unang lalaki at babae ay sinuway ang Diyos at nagdala ng kasalanan at kahirapan sa mundo – ang itim na butil. Pinadala ng Diyos ang Kanyang kaisa-isang Anak sa mundo at nagkaroon Siya ng perpektong buhay – ang puting butil. Binayaran ni Hesus ang ating mga kasalanan sa pagkakamatay sa krus – ang pulang butil.

Ang pulsera ng Ebanghelyo ay nagpapakita sa atin kung paano tayo makakabalik sa pamilya ng Diyos sa pagbabaligtad ng ayos. Sinabi ng Diyos na ang naniniwala na namatay si Hesus sa krus para sa kanila – ang pulang butil – at na si Hesus ay ang Anak ng Diyos – ang puting butil – ay mapapatawad ang kanilang mga kasalanan – ang itim na butil. Inaampon tayo ng Diyos pabalik sa kanyang pamilya at tayo ay lalago na tulad ni Hesus – ang berdeng butil. Binibigay sa atin ng Diyos ang kanyang Banal na Espiritu – ang asul na butil – at nangangako na makakasama natin siya sa langit kapag tayo'y namatay kung saan ang mga kalye ay gawa sa ginto – ang gintong butil.

Ang aralin ay natatapos sa pagpapakita na si Hesus lamang ang daan patungo sa Diyos. Walang taong sapat ang katalinuhan, lakas, o pagmamahal para makabalik sa Diyos ng mag-isa. Si Hesus ang tanging daan na pwedeng tahakin ng mga tao para makabalik sa Diyos. Ang pagsunod kay Hesus ang tanging katotohanan na makakapagligtas sa mga tao sa mga kasalanan nila. Si Hesus lamang ang makakapagbigay ng buhay na walang hanggan dahil sa kanyang pagkamatay sa krus.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Hilingin sa isang pinuno na magdasal para sa sesyon na ito.

# Progreso

- Hilingin sa isa pang pinunong sinasanay na magbahagi ng isang maigsing testimonya (tatlong minuto) kung paano binibiyayaan ng Diyos and kanyang grupo. Pagkatapos magbahagi ng pinuno, hilingin sa grupo na ipagdasal siya.

# Problema

*"Maraming mga naniniwala ay nahihirapan na ipamahagi ang Ebanghelyo. Tinatanong nila, 'Kanino ko ipamamahagi ang Ebanghelyo?' at 'Ano ang sasabihin ko?' Ang mga naniniwala ay madalas madaming ginagawa at hindi napapansin kapag ang Diyos ay gumagalaw sa buhay ng iba para ilapit sila sa kanilang pananampalataya."*

# Plano

*"Sa araling ito, aaralin natin ang isang simpleng paraan para ipamahagi ang Ebanghelyo, magsanay sa pagbahagi nito, at gagawa ng 'pulseras ng Ebanghelyo' na tutulong sa atin na makatanda na madalas ibahagi ang Ebanghelyo."*

## Pag-aralan Muli

**Pagbati**

- Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?
- Bakit Ito Importante?
- Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?
  - Maging Matatag sa Diyos
  - Ipamahagi ang Ebanghelyo
  - Gumawa ng Disipulo

Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

**Magsanay Tulad ni Hesus**

Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

Progreso
Problema
Plano
Pagsasanay
Pagdarasal

*–Lucas 6:40–Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.*

**Mamuno Tulad ni Hesus**

Sino ang Pinakamagaling na Pinuno Ayon kay Hesus?

Ano ang Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno?

1. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Mahal Ang Mga Tao
2. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Kanilang Misyon
3. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Pinagsisilbihan ang Kanilang Mga Tagasunod
4. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagwawasto ng May Kabaitan
5. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Mga Kasalukuyang Problema ng Grupo
6. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagbibigay na Magandang Ehemplo Para Sundin
7. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam na Biniyayaan Sila

*–Juan 13:14-15–Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan.*

**Patatagin ang Sarili**

- Anong Personalidad ang Binigay Sayo ng Diyos?
  - Sundalo
  - Tagahanap
  - Pastol
  - Tagatanim
  - Anak
  - Santo
  - Tagapaglingkod
  - Tagapamahala
- Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamahal ng Diyos?
- Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamagaling na Pinuno?

*–Mga Taga-Roma 12:4-5–Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Kristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.*

**Magpatatag Kasama ang Iba**

- Bakit Walo ang Klase ng Tao sa Mundo?
- Ano ang Personalidad ni Hesus?
  - Sundalo
  - Tagahanap
  - Pastol
  - Tagatanim
  - Anak
  - Tagapagligtas/Santo

Tagapaglingkod
Tagapamahala

Ano ang Tatlong Pagpipilian Natin Kapag May Alitan na Mangyari?
Tumakbo Palayo
Makipagaway
Maghanap ng Paraan Gamit ang Espiritu ng Diyos Upang Makapagsama-sama

*–Mga Taga-Galacia 2:20–At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.*

## Paano ko Ipamamamahagi ang Simpleng Ebanghelyo?

–Lucas 24:1-7–

Umagang-umaga nang araw ng Linggo, ang mga babae'y nagtungo sa libingan, dala ang mga pabangong inihanda nila. Nang dumating sila naratnan nilang naigulong na ang batong nakatakip sa pintuan ng libingan. Ngunit nang pumasok sila, wala ang bangkay ng Panginoong Hesus. Samantalang naguguló ang kanilang isip tungkol dito, nakita nila't sukat sa tabi nila ang dalawang lalaking nakasisilaw ang damit. Dahil sa matinding takot, sila'y lumuhod, sayad ang mukha sa lupa. Tinanong sila ng mga lalaki, "Bakit ninyo hinahanap ang buhay sa gitna ng mga patay?" Wala na siya rito – siya'y muling nabuhay! Alalahanin ninyo ang sinabi niya sa inyo noong nasa Galilea pa siya: Ang Anak ng Tao ay kailangang maipagkanulo sa mga makasalanan at maipako sa krus, at sa ikatlong araw ay muling mabuhay.'"

- Pagkatapos basahin ng mga pinuno ang mga berso, ibigay ang mga sumusunod sa bawat isa:

    1. Tig-isa ng ginto, asul, berde, itim, puti, at pulang butil.
    2. Isang piraso ng tali na labindalawang pulgada ang haba.

- Ipaliwanag kung paano gumawa ng "pulseras ng Ebanghelyo." Magsimula sa pagbuhol sa gitna ng tali para hindi mahulog ang mga butil. Ipasok ang mga butil sa lubid habang pinapaliwanag ang ibig sabihin.

## GINTONG BUTIL

*"Sa simula ay ang Diyos."*

## ASUL NA BUTIL

*"Ginawa ng Espiritu ng Diyos ang lahat sa mundo, kasama ang dagat at langit."*

## BERDENG BUTIL

*"Gumawa ang Diyos ng magandang hardin, ginawa ang tao, at nilagay siya sa pamilya ng Diyos."*

## ITIM NA BUTIL

*"Ngunit sinuway ng tao ang Diyos at nagdala ng kasalanan at kahirapan sa mundo. Dahil sa rebelyon na ito, lumisan ang tao sa hardin at sa pamilya ng Diyos."*

## PUTING BUTIL

*"Pero mahal pa rin ng Diyos ang tao, kaya pinadala Niya si Hesus, ang Kanyang anak, sa mundo. Si Hesus ay namuhay ng perpekto at sinunod ang Diyos sa lahat ng pagkakataon."*

## PULANG BUTIL

*"Namatay si Hesus sa krus para sa ating mga kasalanan at inilibing."*

- Sa puntong ito, hindi na magdadagdag ng mga butil sa pulseras ng Ebanghelyo. Ibuhol ang dulo ng tali para hindi mahulog ang mga butil. Simulan ang susunod na bahagi na nakaturo sa pulang butil hanggang pabalik sa gintong butil sa dulo.

## PULANG BUTIL

*"Nakita ng Diyos ang sakripisyo ni Hesus para sa mga kasalanan natin at tinanggap ito. Binuhay Niya muli si Hesus mula sa pagkamatay pagkatapos ng tatlong araw para ipakita sa mundo na si Hesus lang ang daan pabalik sa Diyos."*

## PUTING BUTIL

*"Ang mga naniniwala na si Hesus ang Anak ng Diyos at na Siya ang nagbayad para sa ating mga kasalanan…"*

## ITIM NA BUTIL

*"At ang mga nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at humihingi kay Hesus ng tulong…"*

## BERDENG BUTIL

*"…Pinapatawad sila ng Diyos at pinapabalik sila sa pamilya Niya, tulad ng sa unang hardin."*

## ASUL NA BUTIL

*"Inilalagay ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa loob nila para gumawa ng bagong tao, tulad ng pagkagawa Niya ng mundo sa simula."*

## GINTONG BUTIL

*"Sa huli, ang lahat ng nagtitiwala kay Hesus ay balang araw makakapiling ang Diyos ng walang hanggan. Maninirahan sila kasama ang ibang mga naniniwala sa bayan na gawa sa ginto.*

*Gusto ko ang pulseras na ito dahil pinapaalala nito sa akin kung saan ako nanggaling at kung saan ako pupunta. Pinapaalala din sa akin ng pulseras ng Ebanghelyo kung paano ako pinatawad ng Diyos sa aking mga kasalanan at binago ang buhay ko.*

*Handa ka na bang bumalik sa pamilya ng Diyos? Sama-sama tayong magdasal at sabihin sa Diyos na naniniwala tayo na Siya ay gumawa ng perpektong mundo at ipinadala ang Kanyang anak na binigay ang buhay par asa ating mga kasalanan. Magsisi kayo sa inyong mga kasalanan, humingi kayo ng tawad, at tatanggapin ulit kayo ng Diyos sa pamilya niya."*

- Siguraduhin na ang lahat ng pinuno sa pagsasanay ay mga naniniwala. Pagkatapos ipaliwanag ang pulseras ng Ebanghelyo, itanong kung sino ang handang bumalik sa pamilya ng Diyos.

## Bakit Natin Kailangan ang Tulong ni Hesus?

1. Walang taong sapat ang katalinuhan para bumalik sa Diyos.

–Isaias 55:9–
Kung paanong ang langit higit na mataas, mataas sa lupa, ang daa't isip ko'y hindi maaabot ng inyong akala.

*"Iniisip ng ibang tao na maraming daan pabalik sa Diyos. Nagiimbento sila ng mga teorya na nagpapaliwanag na hindi lang si Hesus ang daan pabalik sa Diyos. Ngunit ang isip ng Diyos ay nakakapanliit ng isip ng tao. Kapag sinabi ng Diyos na si Hesus lang ang daan, ang katotohanan, at ang buhay, sino ang paniniwalaan mo?"*

**Walang taong sapat ang katalinuhan**
**Ilagay ang mga hintuturo sa magkabilang bahagi ng ulo at umiling ng "Hindi."**

2. Walang taong sapat ang pagkamapagbigay para bumalik sa Diyos.

–Isaias 64:6–
Ang lahat sa ami'y pawing nagkasala, ang aming katulad kahit anong gawin ay duming di hamak. Ang nakakawangki ng sinapit nami'y mga dahong lagas, sa simoy ng hangi'y tinatangay ito at ipinapadpad.

*"Pinaniniwalaan ng iba na magkakaroon sila ng buhay na walang hanggan sa pagbibigay ng pera sa mga mahihirap. Iniisip nila na makikita ng Diyos ang mga magagandang gawain nila at papapasukin sila sa langit. Ngunit ang mga pinakamagandang gawain natin ay parang mga maduming basahan kumpara sa nagawa ng Diyos. Binigay Niya ang kanyang anak sa atin at namatay Siya sa krus. Ito lang ang tinatanggap na magandang gawain ng Diyos para sa ating kaligtasan."*

**Walang taong sapat ang pagkamapagbigay**
**Pretend to take a lot of money out of your shirt pocket or purse and shake your head "No."**

3. Walang taong sapat ang lakas para bumalik sa Diyos.

–Mga Taga-Roma 7:18–
Alam kong walang mabuting bagay na nananahan sa akin, ibig kong sabihi'y sa aking katawang makalaman. Kayang-kaya kong magnasa ng mabuti, hindi ko lang magawa ang mabuting ninanasa ko.

*"Pinaniniwalaan ng iba na ang daan papunta sa Diyos ay sa pagpapahirap sa sarili. Sila ay nagdadasal ng taimtiman ng matagal na panahon, naga-ayuno, at hindi tinatanggap ang*

*mundo. Naniniwala sila na ang tao ay naliligtas kapag hindi niya pinagbibigyan ang mga sariling kagustuhan. Ang tao ay dapat dumepende sa pansariling lakas lamang. Pero ang taong nalulunod ay walang kakayahan para iligtas ang sarili. Si Hesus lamang ang tanging sapat ang lakas para mamuhay ng perpekto. Makakabalik tayo sa Diyos sa pamamagitan ng lakas ni Hesus at hindi sa sarili natin."*

Walang taong sapat ang lakas
Itaas ang mga braso parang isang malakas na lalaki, tapos umiling ng "Hindi."

4. Walang taong sapat ang kabaitan para bumalik sa Diyos.

–Mga Taga-Roma 3:23–
Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos.

*"Ang huling grupo ng mga tao ay naniniwala na makakabalik sila sa Diyos dahil masmadami ang ginawa nilang kabutihan kaysa kasalanan. Sigurado sila na masmadami silang nagawang kabutihan para mapansin ng Diyos. Ang sinasabi nila, "Hindi ako nakagawa ng grabeng kasalanan tulad ng ibang tao." Ngunit titimbangin tayo ng Diyos kumpara sa perpektong buhay ng kanyang Anak na si Hesus. Kumpara kay Hesus, lahat tayo ay kulang. Ang sakripisyo lang ni Hesus ang sapat para tanggapin ng Diyos. Si Hesus lamang ang sapat ang kabaitan para ibalik tayo sa pamilya ng Diyos. Dapat nating pagkatiwalaan ang Kanyang kabaitan at hindi ang sarili natin."*

Walang taong sapat ang kabaitan
Ilabas ang mga kamay na parang nagbabalanse, itaas at baba, tapos ay umiling ng "Hindi."

## Berso Pang-saulo

–Juan 14:6–
Sumagot si Hesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.
- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

# Pagsasanay

- Hatiin ang mga pinuno sa mga grupo ng apat.

*"Ngayon ay gagamitin natin ang parehong proseso ng pagsasanay na ginamit ni Hesus para sanayin ang natutunan natin sa araling ito."*

- Ituro ang proseso ng pagsasanay sa mga pinuno, at magbigay sa kanila ng 7-8 na minuto na pag-usapan ang bawat bahagi.

### Progreso

*"Magbahagi ng isang kwento sa inyong grupo tungkol sa isang tao na kung kalian lang ay naging tagasunod ni Kristo."*

## PROBLEMA

*"Ibahagi sa grupo kung ano ang nagpapahirap sa iyo sa pamamahagi ng Ebanghelyo."*

## PLANO

*"Magbahagi ng mga pangalan ng tao na papamahagian mo ng Ebanghelyo sa susunod na 30 araw."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.

## PAGSASANAY

- Gamit ang pulseras ng Ebanghelyo, ang bawat pinuno ay dapat magbahagi ng isang Ebanghelyo sa kanilang maliit na grupo.
- Pagkatapos magbahagi ng lahat ng kanilang kasanayan na gagawin, ang lahat sa grupo ay tatayo at sabay-sabay sasabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses.

## PAGDARASAL

*"Ipagdasal ang listahan ng mga pangalan ng inyong grupo na kailangan makabalik sa pamilya ng Diyos."*

# Pagtatapos

## Ang Kapangyarihan ng Pagsasanay ng Mga Pinuno

Isulat ang sumusunod na talaan sa pisara o malaking papel bago ang sesyon. Saliksikin ang mga numero bago ang sesyon pero hayaan ang mga pinuno na manghula. Ang debate na ito ay dapat makagawa ng aktibong diskusyon tungkol sa mga tamang numero at gawin ang mga numero na mas-totoo para sa mga pinuno.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kabuuang Populasyon** | | **Magsimula ng Bagong Simbahan** | |
| **Bilang ng Hindi Naniniwala** | | **Humigit-kumulang na Laki ng Mga Simbahan** | |
| **Bilang ng Naniniwala** | | **Dami ng Simbahan** | |
| **2% Naabot na Hangarin** | | **Hangarin ng Simbahan** | |

*"Gusto kong ipakita kung bakit importante ang mga puno ng pagsasanay. Sabay-sabay natin punuin ang talaan."*

[Halimbawa lamang ang mga numero na nakasulat sa talaan na ito. Kung lahat ng mga pinuno ay galing sa iisang grupo ng mga tao, gamitin ang mga numero para sa grupo nila. Kung galing sa iba-ibang grupo, gamitin ang mga numero ng bayan, siyudad, o bansa.]

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kabuuang Populasyon** | 2,000,000 | **Magsimula ng Bagong Simbahan** | 10 |
| **Bilang ng Hindi Naniniwala** | 1,995,000 | **Humigit-kumulang na Laki ng Mga Simbahan** | 50 |
| **Bilang ng Naniniwala** | 5,000 | **Dami ng Simbahan** | 100 |
| **2% Naabot na Hangarin** | 40,000 | **Hangarin ng Simbahan** | 800 |

*"Ang grupo namin ay may populasyon na 2,000,000. Sa hula namin, 5,000 ang mga naniniwala, kaya ang ibig sabihin ay 1,995,000 ay hindi naniniwala kay Hesus. Ang hangarin ay maabot ang 2% ng populasyon para kay Hesus, na 40,000 na tao. Malayo pa ang ating hangarin!*

*Ang isang nakatayong simbahan ay magtatayo ng panibagong simbahan tuwing humigit-kumulang 10 taon. Ang laki ng mga simbahan sa buong mundo ay humigit-kumulang 50 na tao, kaya tinatantsa natin na may 100 na simbahan sa isang grupo ng mga tao (5000/50). Ang hangarin natin ay maabot ang 40,000 na tao, kaya kailangan pa nating magtayo ng 70 na simbahan. Hindi sakto ang mga numerong ito, pero makakatulong silang maintindihan natin kung ano ang nangyayari sa grupo namin.*

*Ang karaniwang tradisyunal na simbahan ay kailangan ng sampung taon para magsimula ng isa pang simbahan, kaya sa sampung taon ay dodoble ang bilang ng simbahan. Ang hangarin natin na dami ng simbahan ay 800 (40,000/50). Ang ibang simbahan ay magkakaroon ng masmadami sa limampung katao, pero marami din ang maskonti dito, kaya mainam na tantsa ito. Ngayon paghambingin natin ang dalawang magkaibang paraan para maabot natin ang hangaring ito."*

| Tradisyunal na Pagtatayo Simbahan | Taon | Magsanay ng Mga Pinuno | Taon |
|---|---|---|---|
| 100 | | 5,000 | |
| 200 | 10 | 10,000 | 1 |
| 400 | 20 | 20,000 | 2 |
| 800 | 30 | 40,000 | 3 |

*"Kung nakikita niyo, kung magsanay lang tayo ng mga pinuno para bumuo ng mga grupo, kaya nating maabot ang ating hangarin sa tatlong taon. Meron tayong kasalukuyan na 5,000 naniniwala. Kung ang lahat ay ipamamahagi ang Ebanghelyo, nagdala ng isang tao kay Kristo, sinanay sila na maging pinuno sa kanilang grupo, at tinuruan sila na gawin din ito, dodoble ang numero bawat taon at magkakaroon ng 40,000 na naniniwala pagkatapos ng tatlong taon.*

*Kung umasa lang tayo sa pagtatayo ng simbahan ng tradisyunal na paraan, maaabot natin ang ating hangarin sa 30 taon. Meron tayong 100 simbahan sa kasalukuyan at kung dumoble ang numerong ito bawat 10 taon, magkakaroon tayo ng 800 simbahan sa 30 taon.*

*Ang laki ng pagkakaiba ng tatlong taon at tatlumpung taon!*

*Isang karaniwang problema sa mga simbahan ay hindi sila gumagamit ng proseso para magsanay ng mga tao na maging mga pinuno. Dahil dito, konti lang ang pinuno na tutulong sa pagtayo ng bagong simbahan at pagbuo ng mga bagong grupo. Kapag magsanay tayo tulad ni Hesus, ang problemang ito ay nalulutas sa isang simple pero makapangyarihang paraan."*

## Plano ni Hesus

- Hilingin sa mga pinuno na pumunta sa likod ng kanilang manwal sa pahinang "Plano ni Hesus." Ipaliwanag na ang mga pinuno ay ipapamahagi ang kanilang Plano ni Hesus sa dulo ng seminar. Pagkatapos ay ipagdarasal ng mga pinuno na biyayaan ng Diyos ang kanilang pamilya, ministro, at plano.

  *"Mapapansin niyo na may lugar sa palaso para isulat ang demograpiya ng inyong hinahangad na grupo. Magdasal sandali at punuin ang mga blangko sa pinakamagaling ng inyong makakaya. Pwede niyo naman ibahin ang mga isusulat niyo kung may maisip kayong masmainam isulat."*

# 7

# Gumawa ng Disipulo

Ang magaling na pinuno ay laging may magaling na plano. Binigyan ni Hesus ang kanyang mga disipulo na simple pero makapangyarihang plano para sa kanilang mga ministro sa Luke 10: ihanda ang mga puso, maghanap ng mga mapayapang tao, ipamahagi ang mabuting balita, at tingnan ang resulta. Binigyan tayo ng Hesus ng magandang plano na susundin.

Kung magsisimula tayo ng ministro sa simbahan, magtatayo ng bagong simbahan, o isang grupo, ang mga gawain sa Plano Para Kay Hesus ay tutulong sa atin na makaiwas sa mga pagkakamaling hindi kailangan. Ang aralin na ito ay magtuturo sa mga pinuno kung paano tulungan ang isa't isa sa kanilang mga Plano Para Kay Hesus. Magsisimula din sila sa paggawa ng kanilang Plano Para Kay Hesus na ipapamahagi sa grupo.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Hilingin sa isang pinuno na magdasal para sa sesyon na ito.

## Progreso

- Hilingin sa isa pang pinunong sinasanay na magbahagi ng isang maigsing testimonya (tatlong minuto) kung paano binibiyayaan ng Diyos and kanyang grupo. Pagkatapos magbahagi ng pinuno, hilingin sa grupo na ipagdasal siya.
- Isang alternatibo ay ang paggawa ng oras na pagsasanay sa isang pinuno gamit ang "Progreso, Problema, Plano, Pagsasanay, Pagdarasal" na proseso ng pagsasanay ng pagkapinuno.

## Problema

*"Kapag nabigo tayong magplano, nagplaplano tayong mabigo. Ang pagbuo ng simple at maka-estratehiyang plano ay maaaring mahirap. Maraming mga pinuno ang madalas sumasagot sa problema imbis na tumatahak sa isang daang walang sagabal papunta sa kinabukasan."*

## Plano

*"Si Hesus ay dumating para hanapin at iligtas ang mga nawawala at kung sinusunod natin Siya, iyon din ang gagawin natin. Binigyan Niya ang mga disipulo na malinaw na plano na pwede din natin gamitin para sa ating misyon."*

# Pag-aralan Muli

**Pagbati**

Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?
Bakit Ito Importante?
Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?

- Maging Matatag sa Diyos
- Ipamahagi ang Ebanghelyo
- Gumawa ng Disipulo
- Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
- Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

**Magsanay Tulad ni Hesus**

Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

- Progreso
- Problema
- Plano
- Pagsasanay
- Pagdarasal

*–Lucas 6:40–Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.*

**Mamuno Tulad ni Hesus**

Sino ang Pinakamagaling na Pinuno Ayon kay Hesus?
Ano ang Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno?

1. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Mahal Ang Mga Tao
2. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Kanilang Misyon

3. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Pinagsisilbihan ang Kanilang Mga Tagasunod
4. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagwawasto ng May Kabaitan
5. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Mga Kasalukuyang Problema ng Grupo
6. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagbibigay na Magandang Ehemplo Para Sundin
7. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam na Biniyayaan Sila

*–Juan 13:14-15–Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan.*

**Patatagin ang Sarili**

Anong Personalidad ang Binigay Sayo ng Diyos?

- Sundalo
- Tagahanap
- Pastol
- Tagatanim
- Anak
- Santo
- Tagapaglingkod
- Tagapamahala

Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamahal ng Diyos?

Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamagaling na Pinuno?

*–Mga Taga-Roma 12:4-5–Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Kristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.*

**Magpatatag Kasama ang Iba**

- Bakit Walo ang Klase ng Tao sa Mundo?
- Ano ang Personalidad ni Hesus?
  - Sundalo
  - Tagahanap
  - Pastol
  - Tagatanim
  - Anak
  - Tagapagligtas/Santo
  - Tagapaglingkod
  - Tagapamahala
- Ano ang Tatlong Pagpipilian Natin Kapag May Alitan na Mangyari?
  - Tumakbo Palayo
  - Makipagaway
  - Maghanap ng Paraan Gamit ang Espiritu ng Diyos Upang Makapagsama-sama

*–Mga Taga-Galacia 2:20- At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.*

**Ipamahagi ang Ebanghelyo**

- Paano ko Ipamamahagi ang Simpleng Ebanghelyo?
  - Gintong Butil
  - Asul na Butil
  - Berdeng Butil
  - Itim na Butil
  - Puting Butil
  - Pulang Butil
- Bakit Natin Kailangan ang Tulong ni Hesus?
  - Walang taong sapat ang katalinuhan para bumalik sa Diyos.
  - Walang taong sapat ang pagkamapagbigay para bumalik sa Diyos.

Walang taong sapat ang lakas para bumalik sa Diyos.
Walang taong sapat ang kabaitan para bumalik sa Diyos.

*–Juan 14:6–Sumagot si Hesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."*

## Ano Ang Unang Hakbang sa Plano ni Hesus?

–Lucas 10:1-4–
1 Pagkatapos ng mga bagay na ito, ang Panginoon
ay humirang pa ng pitumpu't dalawa. Pinauna niya
sila nang dala-dalawa sa bawat bayan at pook na
patutunguhan niya.
2 Sinabi niya sa kanila, "Sagana ang aanihin, ngunit
kakaunti ang mga manggagawa. Idalangin ninyo
sa may-ari na magpadala siya ng mga manggagawa
sa kanyang bukirin.
3 Humayo kayo! Sinusugo ko kayong parang mga
kordero sa gitna ng mga asong-gubat.
4 Huwag kayong magdala ng lukbutan, supot, o
panyapak. Huwag na kayong titigil sa daan upang
makipagbatian kaninuman.

# 1. Ihanda ang Mga Puso (1-4)

### HUMAYO NG MAGKAPARES (1)

*"Sa unang berso, ang sabi ni Hesus ay humayo tayo ng magkapares: sa karamihan ng kultura, ang ibig sabihin nito ay*

*dalawang lalaki o dalawang babae. Kung wala kang kapares, nag-iisa ka lang. Ang isa na minultiplika sa isa at minultiplika sa isa ay isa pa rin. Ngunit ang dalawa na minultiplika sa dalawa na minultiplika sa dalawa ay walo. Ang potensyal ng pagpaparami ay lumalaki kapag may kapares.*

*Kapag nahihirapan ang tao sila ay humihina ang loob, lalo na kapag sila'y mag-isa. Sa Bibliya, ang mga pinunong espiritwal ay laging may kapares at pinanindigan ito ni Hesus sa kanyang plano."*

- Ituro ang prinsipyong ito sa pamamagitan ng sumusunod na dula:

## Sandalan Niyo Ako

*"Ano ang pwedeng mangyari kung kayo ay nagmiministro ng mag-isa at naaksidente?"*

- o Maglakad na parang papunta sa lugar ng ministro. Sabihin sa lahat na naaksidente ka at nabalian ng paa. Umika-ika habang sinusubukan na magministro. Tapos sabihin na natamaan ka ng kidlat. Ituloy ang pagmiministro, pero pakibutin ang leeg.

*"Ano kaya ang nag-iba kung meron akong kapares?"*

- o Ulitin ang dula pero meron namang kapares. Tutulungan ka ng kapares mo at aalagaan ka pagkatapos ng aksidente. Sasabihan ka ng kapares mo na huwag magpaulan dahil may hawak kang bakal na patpat.

*"Matalino si Hesus sa pagsabi Niya na humayo ng magkapares. Alam niya na may mga problemang dadating, at kakailanganin natin ng tutulong sa atin kapag nangyari ito."*

Gamitin ang hintuturo at hinlalato sa parehong kamay para "maglakad" ng sabay.

*"Isulat sa unang hanay ng "Plano ni Hesus" ang taong pinaniniwalaan mong magiging iyong kapares."*

## PUMUNTA KUNG SAAN KUMIKILOS SI HESUS (1)

*"Dahil sinusunod natin si Hesus, wala tayong ginagawa ng nag-iisa, at hinahanap natin kung nasaan si Hesus at sinasamahan Siya. Hindi laging madali makita kung saan tayo gustong pumunta ni Hesus. Ang mabuting balita ay mahal Niya tayo at ipapakita Niya sa atin."*

- Pag-aralan muli ang galaw ng kamay sa aralin sa seminar ng Pagkadisipulo.

*"Wala akong ginagawa ng nag-iisa."*

Ipatong ang isang kamay sa puso at umiling ng 'hindi'.

*"Hinahanap ko kung nasaan ang Diyos."*

Ilagay ang isang kamay sa taas ng mga mata at maghanap pakanan at pakaliwa.

*"Kung nasaan Siya, sasama ako."*

Ituro ang kamay paharap at umiling ng "oo".

*"At alam kong mahal Niya ako at ipapakita Niya sa akin."*

Itaas ang mga kamay sa pagpuri at pagkatapos ay ipatong sila sa inyng puso.

*"Isulat sa unang hanay sa "Plano ni Hesus" kung saan kumikilos ang Diyos at kung saan ka Niya tinatawag na pumunta."*

## IPAGDASAL ANG MGA PINUNO SA ANIHAN (2)

*"Sa pangalawang berso, inuutusan tayo ni Hesus na ipagdasal ang ating trabaho bago tayo umalis. Nagdasal ng taimtiman si Hesus bago Niya ginawa ang Kanyang plano. Tayo din ay dapat ipagdasal ng taimtim ang ating plano bago ito simulan.*

*Kapag nagdasal tayo, pinupuri natin ang Diyos para sa mga tao sa ating grupo, kung paano siya nagtratrabaho, at para sa mga taong maaabot natin."*

Pagpuri
Itaas ang mga kamay sa pagpupuri.

*"Nagsisisi tayo para sa mga kasalanan sa ating buhay. Nagsisisi din tayo para sa mga kasalanan ng mga taong sumusunod sa atin. At nagsisisi din tayo para sa mga kasalanan ng grupo na ating tinuturuan (halimbawa, pamahiin, pagsamba ng mga idolo, at paggamit ng anting-anting)."*

Pagsisi
Nakaharap ang mga palad at tinatakpan ang mukha; nakalingon ang ulo palayo.

*"Humihingi tayo sa Diyos na bigyan tayo ng mga lokal na pinuno sa mga lugar na pupuntahan natin. Hinihiling natin sa*

*Diyos na gawin tayong mga pinuno na sumusunod kay Hesus, kaya pag sinunod tayo ng iba, sinusunod nila si Hesus."*

Paghingi
Ibilog ang mga kamay para tumanggap.

*"At sa huli, pinagbibigyan kung ano ang gusto ng Diyos."*

Pagbibigay
Idikit ang mga kamay sa pagdadasal at idikit sa noo para sumimbolo ng respeto.

*"Sa unang hanay ng "Plano ni Hesus," isulat ang mga pangalan ng mga posibleng pinuno na pinagdadasal niyo sa lugar na inyong pinupuntahan."*

## HUMAYO NG MAPAGPAKUMBABA (3)

*"Sa ikatlong berso, sabi ni Hesus na nagpapadala Siya ng mga tupa papunta sa mga lobo, kaya dapat humayo tayo ng mapagpakumbaba. Ang mga tao ay makikinig sa mga mensahe na manggaling sa isang pusong mapagpakumbaba. Hindi sila makikinig kung naniniwala silang tayo ay mayabang o mapagmataas."*

- Ituro ang prinsipyong ito sa pamamagitan ng sumusunod na dula.

### Ang Mayabang na Pinuno

*"Ano sa tingin niyo ang iisipin ng mga tao sa isang nayon kung dumating kayo sa kanilang nayon ng ganito…?"*

- Maglakad ng pinapamintog ang iyong dibdib at sabihin, "Ako ang Mayabang na Pinuno, makinig kayo dapat sa akin!" Ipaalam sa lahat na sa tingin mo ay ikaw ang pinakamayabang at pinakamagaling.

*"Matalino si Hesus sa pagsabi Niya na tayo ay humayo ng mapagpakumbaba. Masmadali para sa mga tao na tumanggap kung ang mensahero ay mapagpakumbaba at may puso para tumulong sa iba. Walang may gusto sa isang taong pala-utos."*

Humayo ng mapagpakumbaba
Idikit ang kamay sa pagdadasal at yumuko.

*"Isulat sa unang hanay ng "Plano ni Hesus" ang sagot sa tanong na ito: ano ang ibig sabihin ng 'humayo ng mapagpakumbaba' sa iyo?"*

## UMASA SA DIYOS, HINDI SA PERA (4)

*"Sa plano ni Hesus, binigyan Niya tayo ng mga malinaw na alituntunin para sundin sa pagsimula ng ministro o misyon. Sa kasaysayang Kristiyano, madaming pagkakamali na ang nagawa ng mga pinuno sa ministro dahil hindi sinunod ang mga alituntunin na ito. Ang sabi ni Hesus ay ang ministro o misyon natin ay dapat nakaasa sa Diyos at hindi sa pera. Pwede nating paglingkuran ang Diyos o ang pera, pero hindi sabay. Dapat nating siguraduhin na ang lahat ng ginagawa natin ay nakaasa sa Diyos at hindi sa pera."*

- Ituro ang prinsipyong ito sa pamamagitan ng sumusunod na dula:

### Ang Pera ay Parang Matamis

*"Ano kaya ang iisipin ng mga tao sa isang nayon kung dumating tayo sa nayon nila ng ganito…?"*

- Magdala ng bagahe at magkunwari na kakarating mo lang sa isang nayon. Lapitan ang isa sa mga pinuno at sabihin, "Magtatayo kami ng bagong simbahan sa nayon na ito. Madami kaming pera. Tingnan niyo kung ano magagawa namin para sa inyo!" Ulitin ang sinasabi na ito sa ilang pinuno sa grupo.

*"Matalino si Hesus sa pagsabi Niya na huwag magtiwala sa pera. Sa ministro, ang mga tao ay dapat pumunta kay Hesus dahil Siya ay ang anak ng Diyos at Tagapagligtas ng mundo, hindi dahil sa mga pangako ng pera at tulong. Ang pera ay parang matamis na nakakaakit ng gulo kung umaasa tayo dito at hindi sa Diyos."*

Umasa sa Diyos, Hindi sa Pera
Magkunwari na kukuha ng pera sa bulsa, umiling ng "Hindi." Pagkatapos ay tumuro papunta sa langit at tumango ng "Oo."

*"Isulat sa unang hanay ng "Plano ni Hesus" kung magkano aabutin ang unang taon ng inyong bagong ministro o misyon."*

## PUMUNTA KUNG SAAN KA NIYA TINATAWAG (4)

*"Inuutusan tayo ni Hesus sa pang-apat na berso na huwag batiin ang mga tao sa daan. Hindi niya tayo inuutusan na maging bastos, kundi manatiling nakatuon sa misyon na binigay Niya sa atin. Marami sa atin ay naliligaw dahil sa paggawa ng*

*mabuting gawain, imbis na gawin ang mga pinakamagagandang gawain."*

- Ituro ang prinsipyong ito sa pamamagitan ng sumusunod na dula:

## Mabuting Abala

*"Ano kaya ang iisipin ng mga tao sa isang nayon kung dumating tayo sa nayon nila ng ganito…?"*

- Sabihin sa lahat na ang kasamahan mo ang magpapakita ng prinsipyong ito. Ituro ang grupo sa kabilang dulo ng kwarto at sabihin:

*"May isang grupo ng tao na humihingi ng tulong sa kasamahan ko. Panoorin natin ang mangyayari."*

- Ang kasamahan ay ilalarawan sa mga pinuno ang ginagawa niya habang ginagawa ito. Papunta na siya dapat sa mga taong nagangailangan ng tulong, pero matatandaan niya na magpaalam sa mga kaibigan niya. Umupo siya sa mga kaibigan niya at nakipag-usap ng sandali. Pagkatapos ng ilang minuto, matatandaan niya na may misyon siya. Tatayo na dapat siya pero matatandaan niya na may utang siyang pera sa kapatid niya, kaya pumunta siya sa bahay ng kapatid. Siya ay pinakain at inimbitang magpalipas ng gabi. Sa pangatlong beses na papunta na dapat siya, gagawa siya ng isa pang dahilan na madalas ginagamit sa kultura natin. Sa wakas, makakarating na siya sa lugar ng ministro, pero wala nang tao sa nayon na gustong makinig sa kanya.

*"Matalino si Hesus sa pagsabi na tayo ay pumunta diretso sa lugar ng ministro kung saan tinatawag Niya tayo. Ang mga maliliit na bagay sa mundo ay maaaring maka-abala sa atin para hindi natin maabutan ang ginagawa ng Diyos sa lugar ng ministro."*

**Ipagdikit ang mga palad at daliri ng parehong kamay at gumawa ng galaw na "diretso."**

*"Isulat sa unang hanay ng "Plano ni Hesus" ang isang listahan ng mga posibleng mang-abala sa inyo."*

## Berso Pang-saulo

–LUCAS 10:2–
SINABI NIYA SA KANILA, "SAGANA ANG AANIHIN, NGUNIT KAKAUNTI ANG MGA MANGGAGAWA. IDALANGIN NINYO SA MAY-ARI NA MAGPADALA SIYA NG MGA MANGGAGAWA SA KANYANG BUKIRIN."

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.
- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

# Pagsasanay

- Hatiin ang mga pinuno sa mga grupo ng apat. Hilingin sa kanila na gamitin ang proseso ng pagsasanay sa araling pagkapinunong ito at sagutin ang mga tanong sa baba.
- Ituro ang proseso ng pagsasanay sa mga pinuno, at magbigay sa kanila ng 7-8 na minuto na pag-usapan ang bawat bahagi.

## PROGRESO

*"Aling bahagi sa araling ito ang pinakamadaling sundin ng inyong grupo?"*

## PROBLEMA

*"Aling bahagi sa araling ito ang pinakamahirap sundin ng inyong grupo?"*

## PLANO

*"Ano ang isang gawain na sisimulan niyong gawin sa inyong grupo sa susunod na 30 araw para sundin ang bahaging ito ng plano ni Hesus?"*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.

### PAGSASANAY

*"Ano ang isang gawain na pagbubutihin niyo sa inyong grupo sa susunod na 30 araw para sundin ang bahaging ito ng plano ni Hesus?"*

- Ang lahat ay dapat isulat ang gawain ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.
- Pagkatapos magbahagi ng lahat ng kanilang kasanayan na gagawin, ang lahat sa grupo ay tatayo at sabay-sabay sasabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses.

### PAGDARASAL

- Ipagdasal ang mga plano ng isa't isa.


# PAGTATAPOS

## Plano ni Hesus

- Hilingin sa mga pinuno na puntahan ang likurang bahagi ng manwal nila sa pahina ng "Plano ni Hesus."

  *"Gamit ang inyong mga tala sa sesyon na ito, punuin ang unang hanay ng inyong Plano Para Kay Hesus – paano gagawin ang inyong trabaho. Magsulat ng mga eksaktong detalye kung paano niyo susundin ang mga prinsipyo ni Hesus sa ministro mula sa Lucas 10."*

# My Jesus Plan



# 8

# Magsimula ng Mga Grupo

Hinahanda ng mga pinuno ang kanilang mga puso sa Unang Hakbang ng Plano ni Hesus. Ang araling "Magsimula ng Mga Grupo" ay sumasakop sa ikalawa, ikatlo, at ikaapat na hakbang. Madami tayong maiiwasang mga pagkakamali sa ministro at misyon sa pagsunod sa mga prinispyo ng plano ni Hesus sa Lucas 10. Ang mga pinuno ay ginagamit ang mga prinsipyong ito sa dulo ng sesyon sa pagbuo ng kani-kanilang "Plano ni Hesus."

Ang Ikalawang Hakbang ay tungkol sa pagbubuo ng mga relasyon. Sinasamahan natin kung nasaan ang Diyos at naghahanap ng mga taong maimpluwensiya na tumutugon sa Kanyang mensahe. Kinakain at iniinom natin ang inaalok nila sa atin para ipakita ang ating pagtanggap sa kanila. Hindi tayo lumilipat mula sa isang pagkakaibigan papunta sa kabila dahil sinisira nito ang mensahe ng pagkakasundo na ating tinuturo.

Ipinamamahagi natin ang Ebanghelyo sa Ikatlong Hakbang. Si Hesus ay isang pastol na gustong magtanggol at magbigay sa

mga tao. Sa hakbang na ito, ang mga tagasanay ay inaanyayahan ang mga pinuno na maghanap ng mga paraan na kung saan makakapagpagaling sila habang nagmiministro. Walang pakialam ang mga tao sa alam mo hanggang hindi nila alam na ikaw ay may pakialam sa kanila. Ang pagpapagaling sa mga maysakit ay nagbubukas ng mga pinto sa pamamahagi ng Ebanghelyo.

Inaaral natin ang halaga ng mga resulta at nag-aayos sa Ikaapat na Hakbang. Gaano kahandang tumanggap ang mga tao? Mayroon bang totoong interes sa mga bagay pang-espiritwal o may ibang rason sa pagkakawili nila tulad ng pera? Kung tumutugon ang mga tao, tayo ay nananatili at tinutuloy ang misyon. Kung hindi tumutugon ang mga tao, inuutusan tayo ni Hesus na umalis at magsimula ulit sa ibang lugar.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Hilingin sa isang pinuno na magdasal para sa sesyon na ito.

## Progreso

- Hilingin sa isa pang pinunong sinasanay na magbahagi ng isang maigsing testimonya (tatlong minuto) kung paano binibiyayaan ng Diyos and kanyang grupo. Pagkatapos magbahagi ng pinuno, hilingin sa grupo na ipagdasal siya.
- Isang alternatibo ay ang paggawa ng oras na pagsasanay sa isang pinuno gamit ang "Progreso, Problema, Plano, Pagsasanay, Pagdarasal" na proseso ng pagsasanay ng pagkapinuno.

# Problema

*"Kadalasan ang mga naniniwala ay may mabuting puso at malaki ang kagustuhan na maabot ang komunidad. Ngunit wala silang simpleng planong susundin na aakma sa kanilang mga hangarin. Ang karamihan ay nangangapa sa pagsisimula ng mga grupo, pero ito ay nagsasayang lang ng pagod at oras. Binigyan ni Hesus ang mga disipulo ng mga malinaw na utos kung paano magsimula ng mga grupo. Kapag sinunod natin ang Kanyang plano, sinasamahan natin Siya kung saan Siya kumikilos at umiiwas tayo sa mga pagkakamaling hindi naman kailangan."*

# Plano

*"Ang hangarin sa araling ito ay ipakita sa inyo ang isang mabuting paraan sa pagsisimula ng grupo ng mga disipulo gamit ang mga utos ni Hesus. Magsisimula tayo sa paghahanap ng isang taong naniniwala sa kapayapaan at pagbibigay ng kanyang pisikal at espiritwal na pangangailangan. Inuutusan din tayo ni Hesus na aralin ang ating trabaho sa dulo ng Kanyang plano."*

## Pag-aralan Muli

**Pagbati**

- Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?
- Bakit Ito Importante?
- Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?
    - Maging Matatag sa Diyos
    - Ipamahagi ang Ebanghelyo
    - Gumawa ng Disipulo
    - Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
    - Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

**Magsanay Tulad ni Hesus**

Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

Progreso

Problema

Plano

Pagsasanay

Pagdarasal

*–Lucas 6:40–Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.*

**Mamuno Tulad ni Hesus**

Sino ang Pinakamagaling na Pinuno Ayon kay Hesus?

Ano ang Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno?

1. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Mahal Ang Mga Tao
2. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Kanilang Misyon
3. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Pinagsisilbihan ang Kanilang Mga Tagasunod
4. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagwawasto ng May Kabaitan
5. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Mga Kasalukuyang Problema ng Grupo
6. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagbibigay na Magandang Ehemplo Para Sundin
7. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam na Biniyayaan Sila

*–Juan 13:14-15–Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din*

*kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan.*

**Patatagin ang Sarili**

- Anong Personalidad ang Binigay Sayo ng Diyos?
  - Sundalo
  - Tagahanap
  - Pastol
  - Tagatanim
  - Anak
  - Santo
  - Tagapaglingkod
  - Tagapamahala
- Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamahal ng Diyos?
- Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamagaling na Pinuno?

*–Mga Taga-Roma 12:4-5–Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Kristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.*

**Magpatatag Kasama ang Iba**

- Bakit Walo ang Klase ng Tao sa Mundo?
- Ano ang Personalidad ni Hesus?
  - Sundalo
  - Tagahanap
  - Pastol
  - Tagatanim
  - Anak
  - Tagapagligtas/Santo
  - Tagapaglingkod
  - Tagapamahala

- Ano ang Tatlong Pagpipilian Natin Kapag May Alitan na Mangyari?
  - Tumakbo Palayo
  - Makipagaway
  - Maghanap ng Paraan Gamit ang Espiritu ng Diyos Upang Makapagsama-sama

    *–Mga Taga-Galacia 2:20–At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.*

**Ipamahagi ang Ebanghelyo**

- Paano ko Ipamamahagi ang Simpleng Ebanghelyo?
  - Gintong Butil
  - Asul na Butil
  - Berdeng Butil
  - Itim na Butil
  - Puting Butil
  - Pulang Butil
- Bakit Natin Kailangan ang Tulong ni Hesus?
  - Walang taong sapat ang katalinuhan para bumalik sa Diyos.
  - Walang taong sapat ang pagkamapagbigay para bumalik sa Diyos.
  - Walang taong sapat ang lakas para bumalik sa Diyos.
  - Walang taong sapat ang kabaitan para bumalik sa Diyos.

    *–Juan 14:6–Sumagot si Hesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."*

**Gumawa ng Disipulo**

Ano ang Unang Hakbang sa Plano ni Hesus?

Ihanda ang Mga Puso

Humayo ng Magkapares

Pumunta Kung Saan Kumikilos si Hesus

Ipagdasal ang Mga Pinuno sa Anihan

Humayo ng Mapagpakumbaba

Umasa sa Diyos, Hindi sa Pera

Pumunta Kung Saan Ka Niya Tinatawag

*–Lucas 10:2-4–Sinabi niya sa kanila, "Sagana ang aanihin, ngunit kakaunti ang mga manggagawa. Idalangin ninyo sa may-ari na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang bukirin."*

## Ano ang Ikalawang Hakbang sa Plano ni Hesus?

–Lucas 10:5-8–

5"Pagpasok ninyo sa alinmang bahay, sabihin muna ninyo, 'Maghari nawa ang kapayapaan sa bahay na ito!'

6Kung maibigin sa kapayapaan ang nakatira roon, sasakanila ang kapayapaan; ngunit kung hindi, hindi sila magkakamit nito.

7Manatili kayo sa bahay na inyong tinutuluyan; kanin niyo at inumin ang anumang idulot sa inyo – sapagkat ang manggagawa ay may karapatang tumanggap ng kanyang upa. Huwag kayong magpapalipat-lipat ng bahay.

8"Kapag tinanggap kayo sa alinmang bayan, kanin ninyo ang anumang ihain sa inyo.

# 2. Bumuo ng Pagkakaibigan (5-8)

## MAGHANAP NG TAONG NANINIWALA SA KAPAYAPAAN (5, 6)

*"Sa ikalima at ikaanim na berso, inuutusan tayo ni Hesus na maghanap ng mga taong naniniwala sa kapayapaan. Ang isang taong naniniwala sa kapayapaan ay ang hinahanap ang Diyos sa lugar na pupuntahan niyo. Kapag kinakausap niyo siya tungkol sa mga espiritwal na bagay, sila ay interesado at gusto pang matuto. Kumikilos na ang Diyos at pinapalapit siya sa Kanya. Ang pamamahagi ng ating mga kwento ay mabuting paraan ng paghahanap ng taong naniniwala sa kapayapaan."*

- Isulat sa ikalawang hanay ng Plano ni Hesus ang mga 'Taong Naniniwala sa Kapayapaan' sa inyong hangaring lugar.

  Taong Naniniwala sa Kapayapaan
  Ipagdikit ang mga kamay na parang magkaibigan na nagkakamayan.

## KAININ AT INUMIN ANG INAALOK SA INYO (7, 8)

*"Sa tingin niyo, bakit sinabi ni Hesus na 'kainin at inuman ang inaalok sa inyo' sa ikapitong berso? Gusto niyang maging sensitibo tayo sa ibang kultura habang bumubuo ng mga pagkakaibigan. Ang pinakamabuting paraan para gawin ito ay kainin at inumin ang inaalok ng punong-abala para sa pagkakaibigan.*

*Minsan, kailangan niyong hingin ang tulong ng Diyos kapag may hindi karaniwang pagkain na nakakadiri! Pero kapag hingin niyo, makukuha niyo. Tandaan niyo na ang mga tao ay nararamdaman*

*na minamahal at tinatanggap niyo sila kapag kinakain niyo ang kinakain nila at iniinom niyo ang iniinom nila."*

- Isulat sa ikalawang hanay ng Plano ni Hesus ang mga kaugalian at pagkain ng hangarin na grupo na kailangan niyong bigyan ng pagkasensitibo.

Kumain at Uminom
Magkunwaring kumakain at umiinom. Tapos himasin ang tiyan na parang masarap ang pagkain.

## HUWAG PALIPAT-LIPAT NG BAHAY (7)

*"Sa ikapitong berso, sabi ni Hesus na manatili sa bahay ng tao sa nayon na kinaibigan niyo. Madaming oras ang ginugugol sa pagbuo ng pagkakaibigan, at lahat ng relasyon ay nakakaranas ng alitan at gulo paminsan-minsan. Kung lumipat na tayo agad sa unang senyas ng gulo, sinisiraan nito ang mensahe ng pagkakasundo na ating itinuturo."*

Huwag palipat-lipat ng bahay
Gawin ang hugis ng bubong gamit ang parehong kamay. Ilipat ang bahay sa iba't ibang lugar at umiling ng "Hindi."

- Ituro ang mga prinsipyo sa ikalawang hakbang ng plano ni Hesus sa paggawa ng sumusunod na dula:

### Paano Pagagalitin ang Isang Nayon

*"Ano kaya ang iisipin ng mga tao sa isang nayon kung dumating tayo sa nayon nila ng ganito?"*

- Sabihin sa lahat na ikaw at ang iyong kasama ay sumunod sa plano ni Hesus hanggang sa puntong ito. Pumupunta kayo sa lugar ng ministro ng magkapares. Nagdadasal kayo, nagpapakumbaba, at hindi umaasa sa pera. Nandoon ang Diyos sa nayon at dumiretso kayong dalawa doon. Sabihan sila na panoorin ang mangyayari at tingnan kung paano tutugon ang mga taga-nayon.
- Hilingin sa mga pinuno na magkunwari na sila ay isang nayon. Ang mga grupo na tao ay mga bahay sa nayon.
- Pumunta sa unang bahay, magbigay ng biyaya, umupo katabi sila, at gumugol ng oras sa kanila. Itanong kung pwede kang makikain dahil gutom na gutom na kayo. Pagkatapos kayong dalhan ng pagkain, kainin ito, pero mandiri. Sabihin sa kasama mo na hindi na kayo pwedeng manatili doon dahil parang mamamatay ka na sa sama ng lasa ng pagkain. Magpaalam habang hinihimas ang tiyan na parang masakit ito.
- Pumunta sa pangalawang bahay, magbigay ng biyaya, umupo katabi sila, at pumayag na doon magpalipas ng gabi. Magkunwari na nakatulog. Pagkatapos ng ilang sandali, sasabihin sa iyo ng kasamahan mo na hindi na siya makakapanatili doon dahil may tao sa bahay na ang lakas humilik. Hindi nakatulog ang kasamahan mo buong gabi. Magpaalam habang kinukusot ang mata.
- Pumunta sa ikatlong bahay, magbigay ng biyaya, umupo katabi sila, at manatili ng sandali. Sa susunod na araw, sabihin sa iyong kasamahan na hindi ka na makakapanatili doon dahil sumasakit na ang tenga mo sa kakatsimis nila. Magpaalam habang hinihimas ang tenga.
- Pumunta sa huling bahay, magbigay ng biyaya, umupo katabi sila, at manatili ng sandali. Sabihin sa lahat na

narinig niyo na ang bahay na ito ay may magagandang dalaga. Tinutulungan mo ang kaibigan mong makahanap ng asawa. Sabihin sa mga tao sa bahay ang lahat ng magagandang katangian ng kasamahan mo. Ipaliwanag na sigurado kang gusto ng Diyos na mapangasawa ng kasamahan mo ang isa sa mga magagandang dalaga.

*"Kung subukan nating ipamahagi ang Ebanghelyo sa nayon na ito, ano ang iisipin ng mga tao? Iisipin nila na wala kang dangal. Ang gusto lang natin ay ang kung anuman na maibibigay nila sa atin. Ang pagsunod sa plano ni Hesus ay tutulong sa atin na makaiwas sa maraming pagkakamali."*

- Isulat sa ikalawang hanay ng Plano ni Hesus kung ano ang maitutulong mo sa bahay kung saan ka maninirahan. Ano ang mga paraan para maging biyaya ka sa kanila?

## Ano ang Ikatlong Hakbang ng Plano ni Hesus?

–Lucas 10:9–
Pagalingin ninyo ang mga maysakit doon, at sabihin sa bayan, 'Nalalapit na ang paghahari ng Diyos sa inyo.'

## 3. Ipamahagi ang Ebanghelyo

### PAGALINGIN ANG MAYSAKIT (9)

*"Ang ministro ni Hesus ay ministro para sa parehong pisikal at espiritwal na pangangailangan. Pwede nating pagalingin ang*

*isang nayon o grupo sa madaming paraan, tulad ng pagtulong sa komunidad, pagpapagawa ng sistema ng tubig, pagdadala ng medikal at dental na tulong, pagdadasal para sa mga maysakit, at pagbibigay ng payo."*

- Isulat sa ikalawang hanay ng Plano ni Hesus ang isang praktikal na paraan para mabigay ang mga pisikal na pangangailangan ng komunidad sa inyong ministro o misyon.

Pagalingin ang maysakit
Itaas ang mga kamay ng parang pinagdadasal ang isang taong may sakit.

## Ipamahagi ang Ebanghelyo (9)

*"Ang ikalawang bahagi ng pamamahagi ng mabuting balita ay ang pamamahagi ng Ebanghelyo."*

- Pag-aralan muli ang Ebanghelyo gamit ang pulseras ng Ebanghelyo.

*"Ang mabuting balita ay mabuting balita lamang kung naiintindihan ito ng mga tao sa tamang paraan. Isang mahalagang bahagi ng pamamahagi ng Ebanghelyo ay ang paninigurado na may saysay ito sa mga nakakarinig."*

Ipamahagi ang Ebanghelyo
Ikutin ang mga kamay sa paligid ng bibig na parang may hawak na megaphone.

- Ituro ang mga prinsipyo sa pangatlong hakbang ng estratehiya ni Hesus sa paggawa ng sumusunod na dula:

## Ang Ibon Na May Dalawang Pakpak

*"Ang sabi ni Hesus ay pagalingin ang maysakit at ipamahagi ang Ebanghelyo. Para itong dalawang pakpak ng ibon. Kailangan ang pareho para lumipad!"*

- Humiling ng isang boluntaryo. Ipaliwanag na ang boluntaryo ay napakagaling na tagabahagi ng Ebanghelyo at ikaw naman ay pinakamagaling sa pagpapagaling ng maysakit.
- Hilingin sa boluntaryo na itaas ang parehong braso na parang mga pakpak. Ipaliwanag na ang kanyang kanang braso ay magaling sa pagbabahagi ng Ebanghelyo, pero masmahina ang kanyang kaliwang braso (hilingin sa kanya na paliitin ang kaliwang braso kumpara sa kanang braso).
- Itaas ang parehong braso na parang mga pakpak. Ipaliwanag na ang iyong kaliwang braso ay magaling sa pagpapagaling ng maysakit, pero masmahina ang iyong kanang braso. Hold up both of your arms like you have wings. Mahina ka sa pamamahagi ng Ebanghelyo. Hilingin sa boluntaryo na lumipad gamit ang parehong malakas at mahina na pakpak. Gawin din ito. (Pareho kayo ay dapat umikot-ikot lang sa paglipad).

*"Paano mag-iiba ang resulta kung kami ay nagsama?"*

- Ipagdikit ang iyong "mahinang" braso (pamamahagi ng Ebanghelyo) sa "mahinang" braso ng boluntaryo (pagpapagaling ng maysakit).

*"Kapag pinagsama namin ang aming lakas at nagtrabaho ng magkasama, pwede na kaming lumipad."*

- Ipayagpag niyo ang inyong mga "malakas" na braso at "lumipad" sa buong kwarto.

## Ano ang Ikaapat na Hakbang sa Plano ni Hesus?

–Lucas 10:10-11–
Ngunit sa alinmang bayang hindi tumanggap sa inyo, lumabas kayo sa mga lansangan nito at sabihin ninyo, 'Pati ang alikabok dito na dumikit sa aming mga paa ay ipinapagpag namin bilang babala sa inyo. Ngunit pakatandaan ninyong nalapit na sa inyo ang paghahari ng Diyos!'

## 4. Aralin ang Halaga ng Resulta at Mag-ayos

### ARALIN ANG HALAGA NG KANILANG TUGON (10, 11)

*"Isang susi sa tagumpay ng kahit anong misyon ay ang kakayahang aralin ang halaga ng mga resulta. Sa hakbang na ito, sinasabi sa atin ni Hesus na aralin ang halaga ng tugon ng mga tao at na ayusin ang ating mga plano ayon dito.*

*Minsan kaya hindi tumutugon ang tao ay dahil hindi nila naiintindihan ang mensahe kaya dapat pa nating lalong ipaliwanag. Minsan naman ay hindi sila tumutugon dahil may kasalanan sila sa buhay nila, kaya ipinamamahagi natin sa kanila ang pagpapatawad ng Diyos. Ang iba naman ay hindi nakikinig dahil may mga masamang karanasan sila sa kanilang nakaraan kaya sila ay dapat mahalin natin para bumalik sa pamilya ng Diyos. Pero magkakaroon ng oras na kailangan nating aralin ang halaga ng pagkabukas ng isip ng mga taong kasama natin at ayusin ang plano natin ayon dito.*

*Isang mahalagang hakbang sa Plano ni Hesus ay ang pagpasiya kung paano aaralin ang halaga ng mga resulta bago magsimula."*

- Isulat sa ikalawang hanay ng inyong Ang Aking Plano ni Hesus kung ano ang "tagumpay" para sa inyong ministro o misyon. Paano niyo aaralin ang halaga ng tugon nila?

**Aralin ang halaga ng mga resulta**
**Ilabas ang mga palad na parang nagbabalanse ng timbangan. Itaas baba ang timbangan na may nagtatanong na itsura sa mukha.**

## UMALIS KAPAG HINDI SILA TUMUGON (11)

*"Ang huling prinsipyo sa Plano ni Hesus ay mahirap para sa madaming tao. Kailangan nating umalis sa lugar kung saan tayo nagmiministro kung hindi sila tumutugon. Madalas, patuloy tayong naniniwala na may magbabago. Umaasa pa tayo kahit ang dapat ay lumipat na tayo sa iba."*

*"Isang bahagi ng estratehiya sa trabaho ng misyon ay ang pagdetermina kung kailan ang oras na kailangan nang lumipat sa iba. Ang iba ay gustong umalis ng masyadong mabilis, ang iba naman ay masyadong mabagal. Ang pag-iwan sa pagkakaibigan ay hindi madali, pero kailangang tandaan na inutos ni Hesus na umalis na tayo kung hindi tumutugon ang mga tao.*

*Gaano kadaming oras ang kailangan niyong igugol sa mga tao bago kayo magdesisyon na hindi sila tumutugon: isang araw, isang buwan, o isang taon? Ang lahat ng ministro ay iba-iba. Ang katotohanan ay madami ang masyadong matagal na nananatili kaya hindi naaabutan ang biyaya ng Diyos sa ibang lugar dahil hindi nila sinusunod ang mga prinsipyo sa Plano ni Hesus."*

- Isulat sa ikalawang hanay ng inyong Plano ni Hesus kung gaano katagal sa tingin niyo ang kailangang oras para gawin ang misyon na binigay sa inyo ng Diyos. Kung hindi tumutugon ang grupo ng tao na ito sa Ebanghelyo, saan ka susunod na magsisimula?

Umalis kung walang resulta
Kumaway ng pagpaalam.

## Berso Pang-saulo

–LUCAS 10:9–
PAGALINGIN NINYO ANG MGA MAYSAKIT DOON, AT SABIHIN SA BAYAN, 'NALALAPIT NA ANG PAGHAHARI NG DIYOS SA INYO.'

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.
- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

# PAGSASANAY

- Hatiin ang mga pinuno sa mga grupo ng apat. Hilingin sa kanila na gamitin ang proseso ng pagsasanay sa araling pagkapinuno na ito.

- Ituro ang proseso ng pagsasanay sa mga pinuno, at magbigay sa kanila ng 7-8 na minuto na pag-usapan ang bawat bahagi.

## PROGRESO

*"Aling bahagi sa mga hakbang na ito ang pinakamadaling sundin para sa inyong grupo?"*

## PROBLEMA

*"Aling bahagi sa mga hakbang na ito ang pinakamahirap sundin para sa inyong grupo?"*

## PLANO

*"Ano ang isang gawain na sisimulan niyong gawin sa inyong grupo sa susunod na 30 araw para sundin ang bahaging ito ng plano ni Hesus?"*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.

## PAGSASANAY

*"Ano ang isang gawain na pagbubutihin niyo sa inyong grupo sa susunod na 30 araw para sundin ang bahaging ito ng plano ni Hesus?"*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.

- Pagkatapos magbahagi ng lahat ng kanilang kasanayan na gagawin, ang lahat sa grupo ay tatayo at sabay-sabay sasabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses.

### PAGDARASAL

- Ipagdasal ang mga plano ng isa't isa. Ipagdasal sa Diyos na ituloy Niya ang pagtulong sa progreso ng grupo at palakasin ang mga kahinaan nila.

# PAGTATAPOS

## Plano ni Hesus

- Hilingin sa mga pinuno na puntahan ang likurang bahagi ng manwal nila sa pahina ng "Plano ni Hesus."

  *"Gamit ang inyong mga tala sa sesyon na ito, punuin niyo ang ikalawa at ikatlong hanay ng inyong Plano ni Hesus. Ang mga hanay na ito ay magsasabi kung sino ang ating mga taong naniniwala sa kapayapaan, at kung paano tayo magmiministro sa kanila. Magsulat ng mga eksaktong detalye kung paano niyo susundin ang mga prinsipyo ni Hesus sa pagmiministro sa Lucas 10."*

# 9

# Palaguin ang Mga Grupo

Ang mga malusog na lumalagong mga simbahan ay ang resulta ng pagiging matatag sa Diyos, pamamahagi ng Ebanghelyo, paggawa ng mga disipulo, pagsimula ng mga grupo, at pagsasanay ng mga pinuno. Ngunit ang karamihan sa mga pinuno ay hindi pa nakakapagtayo ng simbahan, at hindi alam kung paano ito sisimulan. Tinuturo sa "Palaguin ang Mga Grupo" ang mga lugar kung saan tayo dapat tumuon sa pagsisimula ng mga grupo na magiging mga simbahan. Sa libro ng Mga Gawa, inuutusan tayo ni Hesus na magsimula ng grupo sa apat na iba't ibang lugar. Sabi Niya na magsimula ng mga grupo sa siyudad at rehiyon kung saan tayo nakatira. Pagkatapos ay magsimula naman tayo ng mga bagong grupo sa mga katabing rehiyon at ibang grupong etniko kung saan tayo nakatira. At ang huli, inuutusan tayo ni Hesus na pumunta sa malalayong lugar at abutin ang bawat grupong etniko sa buong mundo. Inaanyayahan ng mga tagapagsanay ang mga pinuno na gayahin ang puso ni Hesus para sa lahat ng tao

at gumawa ng mga plano para maabot ang kanilang Herusalem, Judea, Samaria, at hanggang sa dulo ng mundo. Idadagdag ng mga pinuno ang mga pangako na ito sa "Plano ni Hesus."

Ang libro ng Mga Gawa ay naglalarawan din sa trabaho ng apat na klase ng tagapagsimula ng grupo. Si Pedro, isang pastor, ay tumulong magsimula ng grupo sa bahay ni Cornelio. Si Pablo, isang karaniwang tao, ay naglakbay sa buong Imperyo ng Roma para magsimula ng mga grupo. Sina Priscila & Aquila, mga negosyante, ay nagsimula ng mga grupo kung saan man sila dinala ng kanilang negosyo. Ang mga inaping mga tao sa Mga Gawa 8 ay nagkalat at nagsimula ng mga grupo sa mga lugar na pinuntahan nila. Sa araling ito, ang mga pinuno ay tutukoy ng mga pwedeng tagasimula ng grupo sa kanilang mga kilala at idadagdag sila sa "Plano ni Hesus." Natatapos ang sesyon sa pananagot sa inaakala na ang pagsisimula ng simbahan ay nangangailangan ng malaking pera. Karamihan sa mga simbahan ay nagsisimula lamang sa gastos ng pagbili ng iisang Bibliya.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Hilingin sa isang pinuno na magdasal para sa sesyon na ito.

## Progreso

- Hilingin sa isa pang pinunong sinasanay na magbahagi ng isang maigsing testimonya (tatlong minuto) kung paano binibiyayaan ng Diyos and kanyang grupo. Pagkatapos magbahagi ng pinuno, hilingin sa grupo na ipagdasal siya.
- Isang alternatibo ay ang paggawa ng oras na pagsasanay sa isang pinuno gamit ang "Progreso, Problema, Plano, Pagsasanay, Pagdarasal" na proseso ng pagsasanay ng pagkapinuno.

# Problema

*"Ang pamumuno sa isang grupo o simbahan na nakatayo na ay hindi madali. Ang pagsisimula naman ng isa pang grupo o simbahan ay parang imposible. Nahihirapan ang simbahan sa paggamit ng kakaunting pera, oras, at tao. Ngunit alam ni Hesus ang ating mga kailangan, at inuutusan pa rin tayo na magsimula ng mga bagong simbahan.*

*Isa pang problema na ating nararanasan sa pagsisimula ng mga grupo at simbahan ay na ang karamihan sa mga naniniwala ay hindi pa nakakapagsimula ng isang grupo o simbahan. Ang mga pastor, pinuno, negosyante, at miyembro ng simbahan ay may imahe sa isip ng isang "totoo" na simbahan. Kadalasan, ang mga sinisimulang simbahan ay tinatayo ng katulad sa naunang simbahan, pero halos sigurado nang hindi magtatagumpay ang bagong simbahan kung ito ang ginawa."*

# Plan

*"Natatandaan niyo ba ang pinag-usapan natin na kung paano maging 40,000 ang 5,000 na naniniwala? Ang susi doon ay dapat ang lahat ng naniniwala ay magsisimula ng grupo. Sa araling ito, aalamin natin ang apat na lugar kung saan tayo magsisimula ng grupo. Pagkatapos ay kikilalanin natin ang apat na uro ng tao na nagsimula ng grupo sa libro ng Mga Gawa."*

## Pag-aralan Muli

**Pagbati**

Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?
Bakit Ito Importante?
Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?

Maging Matatag sa Diyos
Ipamahagi ang Ebanghelyo
Gumawa ng Disipulo
Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

**Magsanay Tulad ni Hesus**

Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?

Progreso
Problema
Plano
Pagsasanay
Pagdarasal

*–Lucas 6:40–Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.*

**Mamuno Tulad ni Hesus**

Sino ang Pinakamagaling na Pinuno Ayon kay Hesus?

Ano ang Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno?

1. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Mahal Ang Mga Tao
2. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Kanilang Misyon
3. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Pinagsisilbihan ang Kanilang Mga Tagasunod
4. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagwawasto ng May Kabaitan
5. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Mga Kasalukuyang Problema ng Grupo

6. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagbibigay na Magandang Ehemplo Para Sundin
7. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam na Biniyayaan Sila

*–Juan 13:14-15–Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan.*

**Patatagin ang Sarili**

Anong Personalidad ang Binigay Sayo ng Diyos?

Sundalo
Tagahanap
Pastol
Tagatanim
Anak
Santo
Tagapaglingkod
Tagapamahala

Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamahal ng Diyos?

Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamagaling na Pinuno?

*–Mga Taga-Roma 12:4-5–Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Kristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.*

**Magpatatag Kasama ang Iba**

Bakit Walo ang Klase ng Tao sa Mundo?

Ano ang Personalidad ni Hesus?

Sundalo
Tagahanap

- Pastol
- Tagatanim
- Anak
- Tagapagligtas/Santo
- Tagapaglingkod
- Tagapamahala

Ano ang Tatlong Pagpipilian Natin Kapag May Alitan na Mangyari?

- Tumakbo Palayo
- Makipagaway
- Maghanap ng Paraan Gamit ang Espiritu ng Diyos Upang Makapagsama-sama

*–Mga Taga-Galacia 2:20–At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.*

**Ipamahagi ang Ebanghelyo**

Paano ko Ipamamahagi ang Simpleng Ebanghelyo?

- Gintong Butil
- Asul na Butil
- Berdeng Butil
- Itim na Butil
- Puting Butil
- Pulang Butil

Bakit Natin Kailangan ang Tulong ni Hesus?

- Walang taong sapat ang katalinuhan para bumalik sa Diyos.
- Walang taong sapat ang pagkamapagbigay para bumalik sa Diyos.
- Walang taong sapat ang lakas para bumalik sa Diyos.
- Walang taong sapat ang kabaitan para bumalik sa Diyos.

*–Juan 14:6–Sumagot si Hesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."*

**Gumawa ng Disipulo**

- Ano ang Unang Hakbang sa Plano ni Hesus?
  - Ihanda ang Mga Puso
    - Humayo ng Magkapares
    - Pumunta Kung Saan Kumikilos si Hesus
    - Ipagdasal ang Mga Pinuno sa Anihan
    - Humayo ng Mapagpakumbaba
    - Umasa sa Diyos, Hindi sa Pera
    - Pumunta Kung Saan Ka Niya Tinatawag

*–Lucas 10:2-4–Sinabi niya sa kanila, "Sagana ang aanihin, ngunit kakaunti ang mga manggagawa. Idalangin ninyo sa may-ari na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang bukirin."*

**Magsimula ng Mga Grupo**

- Ano ang Ikalawang Hakbang sa Plano ni Hesus?
  - Bumuo ng Pagkakaibigan
    - Maghanap Ng Taong Naniniwala Sa Kapayapaan
    - Kainin at Inumin ang Inaalok sa Inyo
    - Huwag Palipat-Lipat ng Bahay
- Ano ang Ikatlong Hakbang ng Plano ni Hesus?
  - Ipamahagi ang Ebanghelyo
    - Pagalingin ang Maysakit
    - Ipamahagi ang Ebanghelyo
- Ano ang Ikaapat na Hakbang sa Plano ni Hesus?
  - Aralin ang Halaga ng Resulta at Mag-ayos
    - Aralin ang Halaga ng Kanilang Tugon
    - Umalis Kapag Hindi Sila Tumugon

> *–Lucas 10:9–Pagalingin ninyo ang mga maysakit doon, at sabihin sa bayan, 'Nalalapit na ang paghahari ng Diyos sa inyo.'*

## Saan ang apat na lugar na inutusan ni Hesus ang mga naniniwala na magsimula ng mga grupo?

> –Mga Gawa 1:8–
> Ngunit bibigyan ko kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Herusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.

1. **Herusalem**

*"Sinabi ni Hesus sa mga disipulo na magsimula ng mga grupo sa siyudad kung saan sila tumira at sa mga tao sa kanilang grupong etniko. Kung susundin natin ang Kanyang ehemplo, magsisimula tayo ng mga bagong grupo at simbahan sa siyudad kung saan tayo nakatira."*

- Sa ikatlong hanay ng Plano ni Hesus, isulat ang pangalan ng isang lugar sa siyudad kung saan kayo nakatira na nangangailangan ng bagong grupo o simbahan. Magsulat ng maikling paglalawaran kung paano ito mangyayari.

2. **Judea**

*"Ikalawa, sinabi ni Hesus sa mga disipulo na magsimula ng mga grupo sa rehiyon kung saan sila tumira. Ang Herusalem*

*ay isang lungsod, habang ang Judea ay isang rural na lugar sa Israel. Ang mga taong nakatira sa Judea ay galing sa parehong grupong etniko ng mga disipulo. Sa pagsunod sa utos ni Hesus, magsisimula tayo ng mga bagong grupo at simbahan sa mga rural na lugar ng ating tinitirhan."*

- Sa ikatlong hanay ng Plano ni Hesus, isulat ang pangalan ng lugar sa parehong rehiyon kung saan ka nakatira na nangangailangan ng bagong grupo o simbahan. Magsulat ng maikling paglalawaran kung paano ito mangyayari.

3. **Samaria**

*"Ikatlo, inutusan ni Hesus ang mga disipulo na magsimula ng mga grupo sa ibang siyudad na may ibang grupong etniko. Galit ang mga Hudyo sa mga taong nakatira sa Samaria. Kahit na may maling akala, tinawag ni Hesus ang mga disipulo na ipamahagi ang Ebanghelyo at magsimula ng mga grupo at simbahan sa mga Samaritano. Sinusundan natin ang utos ni Hesus kapag nagsimula tayo ng mga grupo at simbahan sa mga siyudad na malapit sa atin pero sa ibang grupong etniko."*

- Sa ikatlong hanay ng Plano ni Hesus, isulat ang pangalan ng lugar sa ibang siyudad na may ibang grupong etniko sa nangangailangan ng bagong grupo o simbahan. Magsulat ng maikling paglalawaran kung paano ito mangyayari.

4. **Kadulu-duluhan**

*"At ang huli, inutusan ni Hesus ang mga disipulo na magsimula ng mga grupo sa buong mundo at sa lahat ng mga*

*grupong etniko. Ang pagsunod sa kautusan na ito ay kadalasan nangangailangan ng pag-aral ng bagong wika at bagong kultura. Sumusunod tayo sa utos na ito kapag nagpapadala tayo ng mga misyonaryo mula sa ating simbahan papunta sa mga banyagang lugar para magsimula ng mga bagong grupo at simbahan."*

- Sa ikatlong hanay ng inyong Plano ni Hesus, isulat ang pangalan ng lugar sa ibang rehiyon na may ibang grupong etniko na nangangailangan ng bagong grupo o simbahan. Magsulat ng maikling paglalawaran kung paano ito mangyayari.

## Ano ang apat na paraan para magsimula ng grupo o simbahan?

1. **Pedro**

> –Mga Gawa 10:9–
> Kinabukasan, nang malapit na sa Jope ang mga inutusan ni Cornelio, si Pedro nama'y umakyat sa bubungan upang manalangin. Magtatanghaling-tapat na noon.

*"Si Pedro ang pastor ng simbahan sa Herusalem. Inanyayahan siya ni Cornelio na pumunta sa Jope para ipamahagi ang mabuting balita ni Hesus Kristo. Nang magpamahagi si Pedro sa bahay ni Cornelio, ang lahat ay tinanggap si Kristo, bumalik sa pamilya ng Diyos, at isang bagong grupo ang nagsimula.*

*Isang paraan para magsimula ng mga bagong grupo o simbahan ay ang pagtanggap ng isang pastor ng isang nakatayong simbahan ng isang panandaliang misyon upang tumulong magsimula ng*

*grupo o simbahan. Ang ganitong klaseng misyon ng pagtatanim ng simbahan ay kadalasan tumatagal ng isa hanggang tatlong linggo."*

- Sa ikaapat na hanay ng inyong Plano ni Hesus, isulat ang pangalan ng isang kakilalang pastor na maaaring makatulong sa pagsimula ng bagong grupo o simbahan. Magsulat ng maikling paglalawaran kung paano ito mangyayari.

2. **Pablo**

> –Mga Gawa 13:2–
> Samantalang sila'y nag-aayuno at sumasamba sa Panginoon, sinabi sa kanila ng Espiritu Santo, "Ibukod ninyo sina Bernabe at Saulo. Sila'y hinirang ko para sa tanging gawaing inilaan ko sa kanila."

*"Sina Pablo at Barnabas ay dating mga pinuno ng simbahan sa Antioquia. Kinausap sila ng Diyos sa oras ng pagpuri at inutusan sila na puntahan ang mga hindi pa naaabot na lugar at magpamahagi ng Ebanghelyo. Sa pagsunod, nagsimula sila ng mga grupo at simbahan sa buong Imperyo ng Roma.*

*Ang ikalawang paraan para magsimula ng mga grupo o simbahan ay ang pagpapadala ng mga pinuno sa ibang siyudad at rehiyon para ipmahagi ang Ebanghelyo. Pinagtitipon ng mga misyonaryo ang mga bagong naniniwala at nagbubuo ng mga bagong grupo o simbahan. Ang ganitong misyon ay kadalasan tumatagal ng isa hanggang tatlong buwan."*

- Sa ikaapat na hanay ng inyong Plano ni Hesus, isulat ang pangalan ng mga kakilalang pinuno ng simbahan na maaaring makatulong sa pagtayo ng bagong grupo o simbahan. Magsulat ng maikling paglalawaran kung paano ito mangyayari.

3. **Priscila & Aquila**

–I Mga Taga-Corinto 16:19–
Kinukumusta kayo ng mga iglesiya sa Asya. Kinukumusta rin kayo nina Aquila at Priscila at ng mga kapatid na nagtitipon sa kanilang bahay, sa ngalan ng Panginoon.

*"Sina Priscila at Aquila ay dating mga negosyante sa simbahan. Nagsimula sila ng grupo o simbahan kung saan man sila tumira at nagtrabaho. Kapag lumipat ang negosyo nila, nagsimula sila ng bagong grupo o simbahan sa kanilang bagong lokasyon.*

*Ang ikatlong paraan para magsimula ng mga bagong grupo o simbahan ay ang pagsimula ng mga grupo ng mga Kristiyanong negosyante sa kanilang mga mamimili na magiging simbahan. Kung ang Kristiyanong negosyante ay lilipat sa lugar na walang simbahan, nagsisimula sila ng grupo. Ang ganitong misyon ay kadalasan tumatagal ng isa hanggang tatlong taon."*

- Sa ikaapat na hanay ng inyong Plano ni Hesus, isulat ang pangalan ng mga kakilalang negosyante na maaaring makatulong magsimula ng mga bagong grupo o simbahan. Magsulat ng maikling paglalawaran kung paano ito mangyayari.

4. **Mga Inapi**

> –MGA GAWA 8:1–
> KASANG-AYON SI SAULO SA PAGKAPATAY KAY ESTEBAN. AT NAGSIMULA NANG ARAW NA IYON ANG ISANG MAHIGPIT NA PAG-UUSIG LABAN SA IGLESIYA SA HERUSALEM. AT LIBAN SA MGA APOSTOL, LAHAT NG SUMASAMPALATAYA AY NANGALAT SA LUPAIN NG JUDEA AT SAMARIA.

*"Ang huling grupo ng tao na nagsimula ng mga grupo at simbahan sa libro ng Mga Gawa ay ang mga inaping naniniwala. Maraming naniniwala ang tumakas ng Herusalem nang nagsimula si Saulo na apihin ng malupit ang Simbahan. Nagsimula sila ng mga grupo at simbahan sa buong Judea at Samaria. Alam natin na totoo ito dahil ang mga apostol ay bumisita sa mga nakatayong simbahan na ito.*

*Ang huling paraan para magsimula ng mga bagong grupo at simbahan ay sa mga inaping naniniwala na kinailangang lumipat sa ibang lugar. Kung walang nakatayong grupo o simbahan, ang mga naniniwalang bagong dating ay magsisimula nito. Ang pagsisimula ng grupo o simbahan ay hindi nangangailangan ng pag-aaral na maging seminaryo, kung hindi pagmamahal lamang para kay Hesus at puso na gustong sumunod sa mga utos Niya."*

- Sa ikaapat na hanay ng inyong Plano ni Hesus, isulat ang pangalan ng mga kakilalang napilit lumipat ng lugar na maaaring makatulong magsimula ng bagong grupo o simbahan. Magsulat ng maikling paglalawaran kung paano ito mangyayari.

## Berso Pang-saulo

–Mga Gawa 1:8–
Ngunit bibigyan ko kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Herusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.

- Tatayo ang lahat at sabay-sabay bibigkasin ang berso pang-saulo ng sampung beses. Sa unang anim na beses, pwedeng gamitin ang Bibliya o ang mga tala. Sa huling apat na beses, sasabihin ang berso mula sa memorya. Sabihin muna ang pinanggalingan ng berso bago sabihin ito at umupo pagkatapos.
- Ang pagsunod sa kalakaran na ito ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman kung aling mga grupo ang nakatapos na ng "Pagsasanay."

# Pagsasanay

- Hatiin ang mga pinuno sa mga grupo ng apat. Hilingin sa kanila na gamitin ang proseso ng pagsasanay sa araling pagkapinuno na ito.
- Ituro ang proseso ng pagsasanay sa mga pinuno, at magbigay sa kanila ng 7-8 na minuto na pag-usapan ang bawat bahagi.

### PROGRESO

*"Ipamahagi ang progreso na nagawa sa pagsisimula ng mga grupo o simbahan sa apat na magkakaibang lugar at sa apat na klase ng taong nagsisimula ng grupo."*

## PROBLEMS

*"Ipamahagi ang mga problemang nararanasan sa pagsisimula ng mga grupo o simbahan sa apat na magkakaibang lugar at sa apat na klase ng taong nagsisimula ng grupo."*

## PLANO

*"Magbahagi ng dalawang gawin na pamumunuan mo ang paggawa sa inyong grupo sa susunod na 30 araw na makakatulong sa kanilang makapagsimula ng isang bagong grupo o simbahan."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.

## PAGSASANAY

*"Magbahagi ng isang kasanayan na ikaw mismo ang gagawa sa susunod na 30 araw para makatulong sa iyo na maging masmabuting pinuno ng inyong grupo."*

- Ang lahat ay dapat isulat ang plano ng mga kagrupo para sila ay ipagdadasal mamaya.
- Pagkatapos magbahagi ng lahat ng kanilang kasanayan na gagawin, ang lahat sa grupo ay tatayo at sabay-sabay sasabihin ang berso pang-saulo ng sampung beses.

## PAGDARASAL

- "Sa inyong maliliit na grupo, ipagdasal ninyo ang plano ng isa't isa at ang kasanayan na sasanayin niyo

sa susunod na 30 araw upang maging masmabuting mga pinuno."

# Pagtatapos

## Magkano magsimula ng bagong simbahan?

*"Ano ang mga kailangan sa pagsisimula ng bagong simbahan? Gumawa tayo ng listahan."*

- Magsulat ng listahan sa pisara habang sinasagot ang katanungan. Payagan ang diskusyon at debate. Halimbawa, kapag may nagsabi ng "gusali," itanong sa lahat kung kailangan nga ba talaga ito sa pagsisimula ng simbahan.

*"Ngayon na mayroon na tayong listahan ng mga kailangan sa pagsisimula ng simbahan, lagyan natin sila ng presyo."*

- Itanong kung mga magkano ang bawat bagay sa listahan. Anyayahan ang mga pinuno na pag-usapan at pag-desisyunan ang presyo ng bawat bagay. Kadalasan, pagdedesisyunan ng grupo na walang gastos sa pagsisimula ng simbahan, o hindi kaya'y ang gastos lamang ay ang pagbili ng isang Bibliya.

*"Ang layunin ng gawain na ito ay para sagutin ang karaniwang pagkakamali ng mga nagplaplano na magsimula ng simbahan. Ang palagay nila ay maraming pera ang kailangan sa pagsisimula ng simbahan. Ngunit karamihan ng mga simbahan ay nagsisimula sa mga bahay at hindi nangangailangan ng malaking gastos. Kahit ang mga napakalaking mga simbahan ngayon ay kadalasan nagsimula sa isang bahay. Pananampalataya, pag-*

*asa, at pagmamahal lamang ang kailangan sa pagsisimula ng simbahan, hindi madaming pera.*

## Plano ni Hesus

- Hilingin sa mga pinuno na puntahan ang likurang bahagi ng manwal nila sa pahina ng "Plano ni Hesus."

  *"Iprepresenta natin sa isa't isa ang ating Plano ni Hesus sa susunod na sesyon. Gamitin ang ilang minuto upang kumpletuhin ang inyong Plano at isipin kung paano ito iprepresenta sa grupo. Pagkatapos ay magdasal kayo upang humingi ng biyaya sa Diyos para sa susunod na sesyon."*

# Isang Karaniwang Tanong

### Paano kung may mga hindi marunong bumasa at sumulat sa mga sesyon ng pagsasanay?

Ang *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* ay gumagamit ng mga kagamitang pang-turo na tumutulong sa mga marunong at hindi marunong magbasa at magsulat na tandaan ang kanilang mga natutunan. Sa aming karanasan, ang parehong grupo ay natutuwa at madaming natututunan sa pagsasanay. Lalo naming binibigyan ng importansya ang mga galaw ng kamay kapag nagsasanay ng mga hindi marunong magbasa at magsulat. Sa ibang kultura sa Asya, walang edukasyon na natatanggap ang mga babae na higit pa sa ikatlong baitang. Pagkatapos magsanay ng ganitong grupo ng mga babae, naluluha silang lumapit sa amin. "Salamat," sabi nila, "dahil tinulungan kami matuto ng mga galaw ng kamay, kaya ngayon ay masusunod na namin si Hesus."

Kung madami ang hindi marunong magbasa at magsulat, kadalasan naman ay may isang tao na pwedeng magbasa para sa grupo. Hinihiling namin sa tao na ito na basahin ang Bibliya ng malakas para sa grupo. Minsan ay hinihiling namin na 2 or 3 beses niyang basahin ito para makasiguradong naiintindihan ng grupo. Kung alam namin na ang lahat ay hindi marunong magbasa at magsulat, gumagawa kami ng "recording" para sa bawat sesyon.

Malaki ang impluwensiya ng telebisyon at radio sa mga taong hindi marunong magbasa at magsulat, kahit sa liblib na lugar. Huwag kayong magkakamali na iisipin na paulit-ulit dapat ituro ang aralin sa mga taong ito. Kung hindi nila naintindihan ang aralin sa unang beses, ulitin ito ng isang beses pa, at pagkatapos ay mag-iwan na lang ng "recording" na pwede nilang pag-aralan muli kapag wala na kayo. Karamihan ng mga lugar ay may pampublikong DVD o VCD player. Pwede din gamitin ang mga MP3 player na tumatakbo sa baterya.

Magpapatuloy ang Diyos sa pagbibigay ng biyaya sa mga gustong matuto pagkaalis niyo gamit ang mga "recording" na ito. Kung gumawa kayo nito, kung maaari lamang ay padalhan niyo kami ng kopya sa *lanfam@FollowJesusTraining.com*.

# 10

# Sundin si Hesus

Natutunan ng mga pinuno sa *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* kung sino ang nagtatayo ng simbahan at kung bakit ito importante. Bihasa na sila sa limang bahagi ng estratehiya ni Hesus para maabot ang mundo at nagsanay na para maturuan ang isa't isa. Naiintindihan nila ang pitong katangian ng isang magaling na pinuno, nakagawa ng "puno ng pagsasanay" para sa kinabukasan, at marunong na makisama sa iba't ibang personalidad. Ang bawat pinuno ay may plano na base sa plano ni Hesus sa Lucas 10. Ang "Sundin si Hesus" ay sumasagot sa isa pang bahagi ng pagkapinuno na natitira: pag-uudyok.

Dalawang libong taon na ang nakalipas, sinunod ng mga tao si Hesus dahil sa iba't ibang rason. Ang iba, tulad nina Santiago at Juan, ay naniwala na ang pagsunod kay Hesus ay magdadala sa kanila ng kasikatan. Ang iba, tulad ng mga Pariseo, ay sinunod Siya para batikusin at ipakita na masmagaling sila. At ang iba naman, tulad ni Hudas, ay sinundan si Hesus para sa pera. Isang grupo ng limang libong tao ay gustong sundin si Hesus dahil binigyan

Niya sila ng pagkain na kailangan nila. May isa pang grupo na sumunod kay Hesus dahil kinailangan nilang magamot, at isang tao lamang ang bumalik para magpasalamat. Nakakalungkot na maraming tao ang sumusunod kay Hesus para sa mabibigay Niya sa kanila. Walang pinagkaiba ngayon. Bilang mga pinuno, dapat nating tanungin ang ating sarili ng "Bakit ko sinusunod si Hesus?"

Pinuri ni Hesus ang mga taong sumusunod sa Kanya ng may puso na puno ng pagmamahal. Ang isang mamahaling regalo ng pabango ng isang babaeng tinanggihan ay may dalang pangako ng pagtanda kung saan man ipinamamamahagi ng tao ang Ebanghelyo. Ang katiting na donasyon ng isang biyuda ay masmatimbang sa puso ni Hesus kumpara sa lahat ng ginto sa templo. Nabigo si Hesus nang ang isang batang lalaki na puno ng pangako ay tumangging mahalin ang Diyos ng buong puso, at pinili ang kayamanan. At si Hesus ay tinanong si Pedro ng isang tanong lang para pabalikin siya pagkatapos niyang magtaksil, "Simon, mahal mo ba ako?" Ang mga pinunong espiritwal ay mahal ang mga tao at mahal ang Diyos.

Ang sesyon ay natatapos sa pamamahagi ng bawat pinuno ng kanilang "Plano ni Hesus." Ang mga pinuno ay pinagdarasal ang isa't isa, nangakong magtratrabaho ng sama-sama, at nagtuturo sa mga bagong pinuno para sa pagmamahal at kaluwalhatian ng Diyos.

## Pagpuri

- Kumanta ng dalawang kantang pangsamba ng sama-sama. Hilingin sa isang pinuno na magdasal para sa sesyon na ito.

# Progreso

## Pag-aralan Muli

**Pagbati**

Sino ang Nagtatayo ng Simbahan?
Bakit Ito Importante?
Paano Tinatayo ni Hesus ang Kanyang Simbahan?
- Maging Matatag sa Diyos
- Ipamahagi ang Ebanghelyo
- Gumawa ng Disipulo
- Bumuo ng Mga Grupo at Simbahan
- Magsanay ng Mga Pinuno

*–I Mga Taga-Corinto 11:1–Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.*

**Magsanay Tulad ni Hesus**

Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno?
- Progreso
- Problema
- Plano
- Pagsasanay
- Pagdarasal

*–Lucas 6:40–Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.*

**Mamuno Tulad ni Hesus**

Sino ang Pinakamagaling na Pinuno Ayon kay Hesus?

Ano ang Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno?

1. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Mahal Ang Mga Tao
2. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Kanilang Misyon
3. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Pinagsisilbihan ang Kanilang Mga Tagasunod
4. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagwawasto ng May Kabaitan
5. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam ang Mga Kasalukuyang Problema ng Grupo
6. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Nagbibigay na Magandang Ehemplo Para Sundin
7. Ang Mga Magaling na Pinuno ay Alam na Biniyayaan Sila

*–Juan 13:14-15–Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan.*

**Patatagin ang Sarili**

Anong Personalidad ang Binigay Sayo ng Diyos?

Sundalo

Tagahanap

Pastol

Tagatanim

Anak

Santo

Tagapaglingkod

Tagapamahala

Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamahal ng Diyos?
Aling Klase ng Personalidad ang Pinakamagaling na Pinuno?

> *–Mga Taga-Roma 12:4-5–Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Kristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.*

**Magpatatag Kasama ang Iba**

- Bakit Walo ang Klase ng Tao sa Mundo?
- Ano ang Personalidad ni Hesus?
  - Sundalo
  - Tagahanap
  - Pastol
  - Tagatanim
  - Anak
  - Tagapagligtas/Santo
  - Tagapaglingkod
  - Tagapamahala
- Ano ang Tatlong Pagpipilian Natin Kapag May Alitan na Mangyari?
  - Tumakbo Palayo
  - Makipagaway
  - Maghanap ng Paraan Gamit ang Espiritu ng Diyos Upang Makapagsama-sama

> *–Mga Taga-Galacia 2:20–At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.*

**Ipamahagi ang Ebanghelyo**

- Paano ko Ipamamahagi ang Simpleng Ebanghelyo?
  - Gintong Butil
  - Asul na Butil
  - Berdeng Butil
  - Itim na Butil
  - Puting Butil
  - Pulang Butil
- Bakit Natin Kailangan ang Tulong ni Hesus?
  - Walang taong sapat ang katalinuhan para bumalik sa Diyos.
  - Walang taong sapat ang pagkamapagbigay para bumalik sa Diyos.
  - Walang taong sapat ang lakas para bumalik sa Diyos.
  - Walang taong sapat ang kabaitan para bumalik sa Diyos.

*–Juan 14:6–Sumagot si Hesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."*

**Gumawa ng Disipulo**

- Ano ang Unang Hakbang sa Plano ni Hesus?
  - Ihanda ang Mga Puso
    - Humayo ng Magkapares
    - Pumunta Kung Saan Kumikilos si Hesus
    - Ipagdasal ang Mga Pinuno sa Anihan
    - Humayo ng Mapagpakumbaba
    - Umasa sa Diyos, Hindi sa Pera
    - Pumunta Kung Saan Ka Niya Tinatawag

*–Lucas 10:2-4–Sinabi niya sa kanila, "Sagana ang aanihin, ngunit kakaunti ang mga manggagawa.*

*Idalangin ninyo sa may-ari na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang bukirin."*

**Magsimula ng Mga Grupo**

Ano ang Ikalawang Hakbang sa Plano ni Hesus?
- Bumuo ng Pagkakaibigan
- Maghanap Ng Taong Naniniwala Sa Kapayapaan
- Kainin at Inumin ang Inaalok sa Inyo
- Huwag Palipat-Lipat ng Bahay

Ano ang Ikatlong Hakbang ng Plano ni Hesus?
- Ipamahagi ang Ebanghelyo
- Pagalingin ang Maysakit
- Ipamahagi ang Ebanghelyo

Ano ang Ikaapat na Hakbang sa Plano ni Hesus?
- Aralin ang Halaga ng Resulta at Mag-ayos
- Aralin ang Halaga ng Kanilang Tugon
- Umalis Kapag Hindi Sila Tumugon

*–Lucas 10:9–Pagalingin ninyo ang mga maysakit doon, at sabihin sa bayan, 'Nalalapit na ang paghahari ng Diyos sa inyo.'*

**Magsimula ng Mga Simbahan**

Saan ang apat na lugar na inutusan ni Hesus ang mga naniniwala na magsimula ng mga grupo?
- Herusalem
- Judea
- Samaria
- Kadulu-duluhan

Ano ang apat na paraan para magsimula ng simbahan?
- Pedro
- Pablo
- Priscila & Aquila
- Mga Inapi

Magkano magsimula ng bagong simbahan?

*–Mga Gawa 1:8–"Ngunit bibigyan ko kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Herusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.*

# Plano

## Bakit mo Sinusunod si Hesus?

*"Nung nandito sa mundo si Hesus dalawang libong taon na ang nakalipas, sinunod Siya ng mga tao dahil sa iba't ibang rason.*

*Ang mga tao tulad ni Santiago at Juan ay naniwala na ang pagsunod kay Hesus ay magdadala sa kanila ng kasikatan."*

–Marcos 10:35-37–
Lumapit kay Hesus sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo, at ang sabi, "Guro, may hihilingin po sana kami sa inyo." "Ano iyon?" tanong ni Hesus. Sumagot sila, "Sana'y makaupo kami katabi ninyo sa inyong kaharian – isa sa kanan at isa sa kaliwa."

*"Ang mga tao tulad ng mga Pariseo ay sumunod kay Hesus para ipakita kung gaano sila katalino."*

–Lucas 11:53-54–
At umalis si Hesus sa bahay na iyon. Mula noon, tinuligsa na siya ng mga eskriba at ng mga Pariseo at pinagtatanong tungkol sa maraming bagay, upang masilo siya sa kanyang pananalita.

*"Ang mga tao tulad ni Hudas ay sumunod kay Hesus para sa pera."*

–Juan 12:4-6–
Si Hudas Iscariote, ang alagad na magkakanulo kay Hesus, ay nagsabi, "Bakit hindi ipinagbili ang pabango at binigay sa mga dukha ang pinagbilhan? Maaaring umabot sa 300 denaryo ang halaga niyan." Hindi dahil sa siya'y may malasakit sa mga dukha kaya niya sinabi iyon, kundi dahil sa siya'y magnanakaw. Siya ang nag-iingat ng kanilang salapi at kinukupit niya ito.

*"Ang mga tao tulad ng grupo ng limang libo ay sumunod kay Hesus para sa pagkain."*

–Juan 6:11-15–
Kinuha ni Hesus ang tinapay at matapos magpasalamat sa Diyos ay ipinamahagi sa mga tao; gayon din ang ginawa niya sa isda. Binigyan ang lahat hangga't gusto nila. At nang makakain na sila, sinabi niya sa mga alagad, "Tipunin ninyo ang lumabis para hindi masayang." Gayon nga ang ginawa nila, at nakapuno sila ng labindalawang bakol. Nang makita ng mga tao ang kababalaghang ginawa ni Hesus, sinabi nila, "Tunay na ito ang Propetang paririto sa sanlibutan!" Nahalata ni Hesus na lalapit ang mga tao at pilit siyang kukunin upang gawing hari, kaya muli siyang umalis na mag-isa patungo sa kaburulan.

*"Ang mga tao tulad ng sampung ketongin ay sumunod kay Hesus para magamot."*

–Lucas 17:12-14–

Nang papasok na siya sa isang nayon, siya'y sinalubong ng sampung ketongin. Tumigil sila sa malayu-layo at humiyaw ng "Hesus! Panginoon! Mahabag po kayo sa amin!" Nang makita sila ay sinabi niya, "Humayo kayo at pakita sa mga saserdote." At samantalang sila'y naglalakad, gumaling sila.

*"Nakikita niyo na maraming tao ang sumusunod kay Hesus dahil meron silang makasariling puso. Konti lang ang pakialam nila kay Hesus dahil masimportante sa kanila ang kung anong maibibigay Niya sa kanila. Ngayon, walang nag-iba.*

*Bilang mga pinuno, kailangan nating tanungin ang ating mga sarili, 'Bakit ko sinusunod si Hesus?'*

*Sinusunod mo ba si Hesus para maging sikat?"*

*"Sinusunod mo ba Siya para ipakita sa mga tao kung gaano ka katalino?*

*Sinusunod mo ba si Hesus para sa pera?*

*Sinusunod mo ba Siya para may pangkain ang iyong pamilya?*

*Sinusunod mo ba si Hesus na umaasang papagalingin ka Niya?*

*Sinusunod ng mga tao si Hesus dahil sa madaming dahilan. Ngunit isang pag-uudyok lamang ang binibiyayaan ng Diyos. Gusto ni Hesus na sundin Siya ng mga tao galing sa isang pusong puno ng pagmamahal.*

*Natatandaan niyo ba ang babaeng makasalanan na binuhusan ng mamahaling pabango si Hesus?"*

–Mateo 26:13–
"Tandaan ninyo: saanman ipangaral ang Mabuting Balita, mababanggit din ang ginawa niyang ito bilang pag-aalaala sa kanya."

*"Natatandaan niyo ba ang mahirap na biyuda? Ang kanyang alay ay masmatimbang sa puso ng Diyos kaysa lahat ng kayamanan ng templo."*

–Lucas 21:3–
Ang wika ni Hesus, "Sinasabi ko sa inyo: ang dukhang balong iyon ay naghulog nang higit kaysa kanilang lahat."

*"Natatandaan niyo ba ang isang tanong ni Hesus kay Pedro pagkatapos niyang pagtaksilan si Hesus?"*

–Juan 21:17–
Pangatlong ulit na tinanong siya ni Hesus, "Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?" Nalungkot si Pedro sapagkat makaitlo siyang tinanong: "Iniibig mo ba ako?" At sumagot siya, "Panginoon, nalalaman po ninyo ang lahat ng bagay; nalalaman ninyong iniibig ko kayo." Sinabi sa kanya ni Hesus, "Pakanin mo ang aking mga tupa."

*"Tinanong ni Hesus si Pedro tungkol sa pagmamahal sa puso niya dahil ito ang mahalagang bagay kay Hesus. Sinusunod ba natin Siya dahil mahal natin Siya?*

*Sinusunod natin si Hesus gamit ang puso ng pagmamahal dahil nauna Siyang mahalin tayo. Tumatatag tayo sa Diyos dahil mahal natin si Hesus. Ipinamamahagi natin ang Ebanghelyo dahil mahal natin si Hesus. Gumagawa tayo ng disipulo dahil*

*mahal natin si Hesus. Nagsisimula tayo ng mga grupong nagiging simbahan dahil mahal natin si Hesus. Nagsasanay tayo ng mga pinunong espiritwal dahil mahal natin si Hesus. Tanging pananampalataya, pag-asa, at pagmamahal ang matitira sa mundo kapag ito'y naglaho. Pero ang pinakamatimbang dito ay pagmamahal.*

## Presentasyon Ng Mga Plano Ni Hesus

- Hatiin ang mga tao sa mga grupo ng walo. Ipaliwanag ang sumusunod na programa ng presentasyon sa mga pinuno.
- Ang mga pinuno ay bubuo ng bilog at isa-isang iprepresenta ang kanilang "Plano ni Hesus sa grupo. Pagkatapos ng presentasyon, ang ibang mga pinuno ay ipagdarasal ang Plano at ipagdarasal ang kapangyarihan at biyaya ng Diyos. Ang mga pinuno ay ipagdarasal ng malakas ng sabay-sabay para sa pinunong nagpresenta ng kanyang Plano.
- Ang isa sa mga pinuno ay tatapusin ang oras ng pagdarasal habang namumuno ang Espiritu. Sa puntong iyon, ang taong nagprepresenta ng kanyang "Plano ni Hesus" ay ididikit ito sa kanyang dibdib at sasabihin ng grupo "Buhatin niyo ang inyong krus at sundin sa Hesus" ng tatlong beses, sabay-sabay.
- Ulitin ang mga hakbang na nilarawan hanggang ang lahat ng pinuno ay tapos na sa pagpresenta.
- Pagkatapos magpresenta ng lahat, ang mga pinuno ay pwedeng sumali sa ibang mga grupo na hindi pa tapos. Sa huli, ang lahat ng grupo ay sumali na sa iba, at isang malaking grupo na lang ang matitira.
- Tapusin ang oras ng pagsasanay sa pamamagitan ng pagkanta ng isang kantang pangsamba tungkol sa dedikasyon na makabuluhan sa grupo.

## Ikatlong Bahagi

# Pagkukunan

# Dagdag Na Aralin

Tinitingnan namin ang mga susunod na manunulat na pinakamalaki ang naitulong sa pagsasanay ng mga kumpletong pinuno. Ang unang libro na isasalin para sa trabahong misyonaryo ay ang Bibliya. Pagkatapos, ang mga sumusunod na pitong libro ay mainam din isalin para sa matatag na pundasyon sa magaling na pagsasanay ng pagkapinuno.

Blanchard, Ken and Hodges, Phil. *Lead like Jesus: Lessons from the Greatest Role Model of all Time.* Thomas Nelson, 2006.

Clinton, J. Robert. *The Making of a Leader.* NavPress Publishing Group, 1988.

Coleman, Robert E. *The Masterplan of Evangelism.* Fleming H. Revell, 1970.

Hettinga, Jan D. *Follow Me: Experiencing the Loving Leadership of Jesus.* Navpress, 1996.

Maxwell, John C. *Developing the Leader Within You.* Thomas Nelson Publishers, 1993.

Ogne, Steven L. and Nebel, Thomas P. *Empowering Leaders through Coaching.* Churchsmart Resources, 1995.

Sanders, J. Oswald. *Spiritual Leadership: Principles of Excellence for Every Believer.* Moody Publishers, 2007.

# Apendiks A

## Mga Madalas na Katanungan

### Ano ang dapat gawin kung hindi ko makumpleto ang aralin sa isa't kalahating oras?

Tandaan na ang proseso at ang nilalaman ay magkasing-importante. Ang pagsunod sa proseso ay bumubuo ng lakas ng loob. Ang magandang nilalaman ay nagdadala ng edukasyon. Ang magkasamang proseso at magandang nilalaman ay gumagawa ng pagbabago. Ang pinakamadalas na pagkakamaling nakikita namin ay ang pagbibigay ng masyadong madaming nilalaman at konting oras lamang para magsanay.

Karamihan ng mga sesyon sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* ay may maikling pahinga sa kalagitnaan ng aralin. Kung wala kayong sapat na oras para kumpletuhin ang aralin, ituro ang unang kalahati ng aralin habang sinusunod ang buong proseso ng pagsasanay, at gawin ang susunod na kalahati sa susunod na pagtitipon. Pwedeng ganito ang gawin sa lahat ng sesyon depende sa antas ng edukasyon ng mga tinuturuan.

Ang hangarin natin ay ang matulungan ang mga pinuno na isama ang estilo ng pagkapinuno ni Hesus sa bawat bahagi ng buhay nila. Kinakailangan nito ang oras at pasensya, pero sulit naman ang puhunan na ito.

## Ano ang itsura ng kilusang pagkapinuno?

Kumikilos ang Diyos sa makabuluhang mga paraan sa lahat ng bansa. Ang mga tagapagsaliksik ay nakatala na ng 80 na kilusan ng tao. Kung ang pamamahagi ng Ebanghelyo ang nagpapatakbo ng "makina" sa mga kilusan na ito, ang "gulong" ay ang pagsasanay ng pagkapinuno. Sa totoo lang ay mahirap sabihin kung ang mga kilusan na ito ay para sa pagkapinuno, pagkadisipulo, o para sa pagtatanim ng simbahan. Kahit ano pa man ang pangalan, mayroon silang isang parehong katangian: ang mga lalaki, babae, at kabataan sa kanilang impluwensiya ay sumusunod kay Kristo, ang pinakamagaling na pinuno sa buong kasaysayan.

Ang mga kilusang pagkapinuno ay nakikilala dahil sa kanilang kadena ng pagkapinuno. May mga maliit na grupo ng lalaki at babae na nagtitipon para sa pananagutan, pagtuturo, at pag-aaral. Pinag-usapan ito ni Pablo sa 2 Timoteo 2:2. Ang isang pinuno ay tuturuan ng isang grupo at nagtuturo naman sa isa pang grupo. Ang kadena ng pagkapinuno ay tuloy-tuloy na humahaba hanggang sa ikaanim o ikapitong henerasyon sa mga kumpletong kilusan. Kahit na anong organisasyon, ministro, or grupo ng tao ay makakarating lamang sa kung saan sila kayang dalhin ng kanilang mga pinuno. Kaya ang pagkapinuno ay dapat sadyang alagaan dahil ang mga pinuno ay hindi ipinapanganak. Ang mga pinuno ay dapat matuto kung paano mamuno.

Sa isang kilusang pagkapinuno, ang mga binata at dalaga ay natututunan ang mga kagamitan ng pagkapinuno: ang pangarap, hangarin, misyon, at layunin. Ang mga lalaki at babae sa edad na dalawampu pataas ay ginagamit ang mga ito sa kanilang negosyo at personal na buhay. Ang mga edad tatlumpu pataas ay ginagamit ang mga ito sa tiyak na mga ministro at negosyo. Kapag nasa apatnapu pataas na ang edad, nakikita na ang bunga ng mga kagamitan na ito kung ginamit ng may kasipagan. Ang mga tao na nasa edad limampu pataas, na sumunod sa estilo ng pagkapinuno ni Hesus ng matagal na panahon, ay nagiging modelo para sa mga batang henerasyon. Kadalasan, ang mga nasa edad na animnapu

pataas ay kayang magturo sa mga batang lalaki at babae na maging pinuno. At ang mga nasa edad pitumpu pataas ay nag-iiwan na ng pamana ng pananampalataya at pagbubunga, kahit sa matandang edad.

## Sa anong mga paraan na nagbago ang tungkulin ng isang banyagang misyonaryo?

Ang bawat misyon ay may apat na bahagi: pagtuklas, pag-unlad, pagpapadala, at pagpapakatawan. Ang bawat bahagi ay may natatanging layunin at hamon. Ang bawat bahagi ay nangangailangan din ng iba't ibang kasanayan mula sa mga misyonaryo.

Sa *pagtuklas,* hinahanap ang mga taong hindi pa naaabot, nagpapadala ng mga unang misyonaryo, at naghahanap ng pwedeng tirhan sa lugar. Ang tungkulin ng misyonaryo ay magsaliksik, magpamahagi ng Ebanghelyo, at makipag-ugnayan sa mga interesadong mamamayan. Ang bunga ng bahaging ito ay konting simbahan. Ngunit ang mga simbahan na ito ay parang ang mga simbahan pa sa bansa na pinanggalingan ng grupo at hindi pa parang simbahan ng pinuntahang bansa at kultura. Sa bahaging pagtuklas, ang mga misyonaryo ay gumagawa ng walumpung porsyento ng trabaho at ang mga mamamayan ay gumagawa ng dalawampung porsyento.

Ang konting simbahan na sinimulan sa bahaging pagtuklas ay tuloy-tuloy na lalago at magsisimula ng ibang simbahan, na magbubunga ng samahan ng mga simbahan sa bahaging *pag-unlad.* Ang mga misyonaryo sa bahaging ito ay tutulong sa mga simbahan na bumuo ng mga samahan, magpapamahagi ng Ebanghelyo, at sisimulan ang pagsasanay ng pagkadisipulo sa mga naniniwala. Isang maliit na kulturang Kristiyano ang mamumuo sa bansa. Sa bahaging pag-unlad, ang mga misyonaryo ay gumagawa ng animnapung porsyento ng trabaho at ang mga mamamayan ay gumagawa ng apatnapung porsyento.

Ang misyon ay lumilipat sa bahaging *pagpapadala* kapag may ilang samahan ng simbahan ang nagsama para bumuo ng kapulungan. Ito ay kadalasang nagsisimula kapag may ilang daang grupo o simbahan na ang lalo pang lumalago. Ang tungkulin ng misyonaryo dito ay ang pagsigurado ng tuloy-tuloy na pagsasanay ng pagkapinuno, tumulong sa mga mamamayan sa mga lugar na maaaring pagmulan ng problema, at tumulong sa mga mamamayan sa pagsasagawa ng mga estratehiya para maaabot ang buong grupo ng tao nila. Sa bahaging pagpapadala, ang mga mamamayan ay gumagawa ng animnapung porsyento ng trabaho at ang mga misyonaryo ay gumagawa ng apatnapung porsyento.

Ang huling bahagi ng bawat misyon ay ang pagpapakatawan. Sa bahaging ito, ang mga misyonaryo ay pinagkakatiwala na ang trabaho sa mga mamamayang naniniwala. Bumabalik sa trabaho ang mga misyonaryo sa oras ng pagtuturo, pagdiriwang, at pakikipagtulungan. Sa bahaging pagpapakatawan, ang mga mamamayan ay gumagawa ng siyamnapung porsyento ng trabaho at ang mga misyonaryo ay gumagawa ng sampung porsyento. Ang bahagi ng pagtuklas ay nagsisimula muli, pero sa pagkakataon na ito sa buhay at trabaho na ng mga mamamayang naniniwala.

Ang mga banyagang misyonaryo ay dapat kilalanin na sa ngayon, nasa bahaging pagpapakatawan ang karamihang lugar sa mundo. Ang pangunahing tungkulin ng misyonaryo ngayon ay ang pagturo, pagsanay, at pagtulong sa mga mamamayang kapatid para maisagawa ang misyon na binigay sa kanila ng Diyos. Isa sa mga layunin ng Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus ay para bigyan ang mga misyonaryo ng simple at madaling gayahin na kagamitan para sa bahaging pagpapakatawan.

## Ano ang "Patakaran ng 5?"

Sa madaling salita, ang tao ay dapat sanayin ang isang kasanayan ng limang beses bago siya magkaroon ng lakas ng loob na gawin ang kasanayan ng mag-isa. Pagkatapos kong magsanay ng 5,000

katao sa huling siyam na taon, nakita namin ang prinsipyong ito na paulit-ulit na napapatunayan.

Ang mga seminar ng pagsasanay ay puno ng mga matalino at mahusay na mga tao, pero kadalasan ay konti lamang ang pagbabago na nangyayari sa buhay nila pagkatapos ng seminar. Isang kinaugaliang tugon sa problema na ito ay ang pag-iba sa nilalaman para maging maskawili-wili, maskatanda-tanda, o (punuin ang blangko). Kadalasan, ang problema ay hindi ang nilalaman, kundi ang katotohanan na hindi ito sinasanay ng sapat para maging bahagi ito ng buhay nila.

## Bakit ang daming ginagamit na galaw ng kamay?

Ang mga tao ay natututo sa sa kanilang nakikita, naririnig, at ginagawa. Ang mga paraan ng pagturo sa Kanluran ay pinahahalagahan ang una at ikalawang klase ng pag-aaral (lalo na sa panayam na uri ng pagtuturo). Maraming saliksik ang nagpapakita kung gaano kakonti ang natatandaan ng mga nag-aaral gamit lamang ang pananalita at pakikinig. Ang ikatlong klase ng pag-aaral – kinestetic – ay nananatiling ang klase na pinakakonti ang gumagamit sa pagsasanay ng iba. Natuklasan namin na ang mga galaw ng kamay ang pinakamadaling paraan para ituro sa isang grupo na makamemorya na maraming impormasyon. Ang mga marunong at hindi marunong magbasa at magsulat ay parehong masnadadalian na makatanda at magkwento kapag may kasamang aksyon at galaw ng kamay.

Dapat niyong malaman na hindi kami gumamit ng mga galaw ng kamay nang magsimula kaming magsanay ng iba sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus*. Ngunit iniba namin ang aming paraan nung iniba namin ang isa sa mga layunin ng pagsasanay; gusto namin na maulit sa amin ng mga nag-aaral ang buong seminar pagkatapos. Ang pagsaulo ay isang mahalagang kasangkapan sa karamihan ng pag-aaral sa Asya. Ngayon, kayang ulitin ng mga tao ang buong seminar mula sa memorya sa huling sesyon gamit

ang mga galaw ng kamay. Hindi nila kayang gawin ito bago namin sinimulan gamitin ang mga ito. Pagkatapos ng ilang maigsing aralin, natutuwa ang mga mag-aaral sa aktibong pag-aaral at namamangha na natatandaan nila ang buong seminar hanggang dulo.

Pagkatapos namin gumamit ng mga galaw ng kamay, napansin namin ang pagtaas ng bilang ng mga pinuno na nagsasanay ng ibang pinuno. Ang pagsasanay pang-espiritwal ay hindi lamang ang isip ang kasali. Kung hindi nag-iba ang puso, walang pagbabagong naganap. Ang paggamit ng galaw ng kamay ay tumutulong na ilipat ang natutunan sa ulo papunta sa puso. Ito ang dahilan kung bakit tinuturuan natin ang mga bata gamit ang mga galaw ng kamay para tulungan silang matandaan ang mga importanteng bagay sa buhay. Mga matanda at bata ay kayang matuto kahit halo-halo sila kapag gumagamit ng galaw ng kamay. Ako mismo ay kadalasang gumagamit ng galaw ng kamay sa aking mga oras ng pagdarasal para nakatuon lang ang aking pansin sa aking dinarasal – pagpuri, paghingi ng tawad, pagtanong, at pagsuko.

## Bakit ang simple ng mga aralin?

Ang pangunahing dahilan kung bakit simple lang ang mga aralin ay dahil sinusunod natin ang halimbawa ni Hesus na nagtuturo sa simpleng pamamaraan. Ginawa niyang simple ang komplikado. Ginagawa naman nating komplikado ang simple lang. Ang gusto ni Hesus ay pagbabago ng buhay, hindi ang maging magaling sa "pinakabagong katotohanan." Kapag nagtuturo tayo sa simpleng paraan, ang mga bata at matanda ay kayang matutunan ang aralin sa kanilang komunidad. Hindi niyo kailangan ng mamahaling makina na may kung anu-anong laman para sabihin sa iyo kung nasaan ang "hilaga." Pwede na itong gawin ng isang mumurahing aguhon.

Sinasabi sa libro ng Mga Kawikaan na hanapin ang karunungan ng higit sa iba. Ang karunungan ay ang abilidad na gamitin sa

buhay ng magaling at tama ang kaalaman. Napansin naman na maskomplikado ang plano, masmadalas ito ay hindi nagtatagumpay. Ang mga pastor at misyonaryo sa buong mundo ay may mga estratehiya sa plano ng kanilang mga misyon na ginugulan nila ng ilang linggo o buwan para mabuo. Karamihan sa mga planong ito ay nakatago. Sabi ng iba ay sinasabi sa libro ng Mga Kawikaan na iwasan ang pagiging simple. Pero ang sinasabi sa Mga Kawikaan ay iwasan ang pagiging "simpleng tao," o "uto-uto." Ang marunong na tao ay gumagawa ng gawain sa paraan na pwedeng gayahin ng iba; ang simpleng tao ay ang kabaligtaran ang ginagawa.

Ang mabuting balita ay hindi nakadepende sa talino, talento, edukasyon, nagawa, o personalidad ng tao ang pagsunod niya kay Hesus. Ang pagsunod kay Hesus ay nakadepende sa kagustuhan ng isang tao na sundin ang mga utos ni Hesus agad, sa lahat ng oras, at gamit ang isang puso na puno ng pagmamahal. Ang komplikadong pagtuturo ay kadalasan gumagawa ng mga mag-aaral na hindi kayang gamitin ang kanilang natutunan sa kanilang araw-araw na buhay. Inuutusan ni Hesus ang mga naniniwala na gumawa ng mga disipulo, at tinuturuan sila na sundin ang lahat ng mga utos Niya. Naniniwala kami na hinaharangan ng mga guro ang pagsunod ng mga tao kung nagtuturo sila ng mga komplikadong aralin na hindi kayang ituro ng mag-aaral sa ibang tao.

## Ano ang mga madalas na pagkakamali na ginagawa ng tao kapag nagsasanay ng iba?

Ang mga tagapagsanay ay gumagawa ng pagkakamali sa pagsasanay sa tatlong bahagi: sa tao, sa proseso, at sa nilalaman. Dahil nasanay ako at nakapagsanay na rin ng iba, sasabihin namin ang mga obserbasyon na ito para tulungan kayong patatagin ang inyong mga kasanayan.

Ang bawat mag-aaral ay pumupunta sa sesyon ng pagsasanay ng may dalang dating karanasan, kaalaman, at kasanayan. Ang mga tagapagsanay na hindi ito iniisip sa simula ng sesyon ay maaaring

magkamali na sanayin ang mga pinuno sa mga bagay na alam na nila. Isang simpleng tanong na "Ano na ang alam niyo tungkol sa paksang ito?" ay makakatulong sa mga tagapagsanay na malaman ang tamang antas ng pagsasanay na kailangan. Ngunit nakakita na rin kami ng mga tagapagsanay na iniisip na masmadaming nalalaman ang mga mag-aaral kumpara sa nalalaman talaga nila. Ang mag maling akala ay babalik at makakasakit sa inyo. Komunikasyon ang sasagot sa problemang ito. Ang mga tao ay may iba't ibang estilo ng pag-aaral at mali na gawin ang pagsasanay sa isa o dalawang estilo lamang. Kapag ginawa ang pagkakamaling ito, ang ibang mag-aaral ay hindi makukuha ang buong benepisyo ng aralin na makukuha sana sa maayos na pagplano ng aralin. Ang mga tao ay may iba't ibang kailangan din ayon sa kanilang personalidad. Ang pagsasanay na kawili-wili sa mga taong palabas ay hindi magiging mabuti para sa mga taong paloob. Ang pagtuon ng pansin sa mga taong puro "pag-iisip" ay hindi kasing bisa ng mga aralin na nakatuon din sa "pakiramdam."

Ang proseso ng pagsasanay ay isa pang bahagi kung saan nagkakamali ang mga nagtuturo. Ang pagsasanay na walang pagkakataon para sa diskusyon at nakasalalay lamang sa pagsasalita ay hindi pagsasanay kundi pagprepresenta. Ang pagsasanay ay isang paglalakbay kung saan kabilang ang buong pagkatao sa pag-aaral ng isang kasanayan, kalidad ng karakter, o kaalaman. Nakapansin na kami ng mga tagapagsanay na masyadong nakatuon ang pansin sa nilalaman na hindi na nila binibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataon na pag-usapan ang kanilang mga natutunan. Ang pinakamagandang oras para matuto ang mga matanda ay kapag pinag-uusapan nila ang mga aralin at ang paggamit nito sa kanilang araw-araw na buhay. Isa pang madalas na pagkakamali ay ang paggamit ng parehong paraan ng pagtuturo sa buong oras ng pagsasanay. Kahit na anong paraan ng pagtuturo ay mawawalan ng bisa kapag masyadong madalas ginamit. Ang huling pagkakamali ay ang mga sesyon na masyadong mahaba. Bilang patakaran, sinusubukan naming ituro ang aralin sa unang ikatlong bahagi ng oras. Sa susunod na ikatlong bahagi, hinihiling namin sa mga

mag-aaral na sanayin ang aralin. At sa huling ikatlong bahagi, nagpapasimula kami ng diskusyon tungkol sa paggamit ng aralin sa pangaraw-araw na buhay. Sa sesyon na may siyamnapung minuto, nakikinig ang mga mag-aaral sa amin ng mga dalawampung minuto lamang.

Kadalasan, ang dahilan kung bakit humahaba ng sobra ang mga sesyon ng pagsasanay ay dahil ang tagapagsanay ay namamahagi ng masyadong madaming nilalaman – ang huling bahagi kung saan nagkakamali ang mga tagapagsanay. Ang magandang nilalaman ng pagsasanay ay sumasagot sa kaalaman, karakter, kasanayan, at pag-uudyok. Kung ang tagapagsanay ay galing sa Kanluran, malamang ay nakatuon siya sa kaalaman, dahil iniisip niyang ang kaalaman ay gagawin na yung iba. Pwede silang magsalita tungkol sa karakter at pag-uudyok, pero bihira silang magsanay ng kasanayan. Kadalasan, ang mga tagapagsanay ay magsasanay ng iba gamit ang modelo ng proseso na ginamit sa kanila. Ngunit baka kailanganin na hindi sundin ang nakaraan para magkaroon ng totoong pagbabago sa buhay ng mag-aaral. Ang mahusay na pagsasanay ay hindi gustong magbigay lang ng kaalaman. Ang layunin ay ang pagbabago. Nakapansin kami ng mga tagapagsanay na hindi inaayos ang kanilang mga kagamitan ayon sa bagong lugar o kultura; inaasahan nila ang mga magsasaka ng bigas sa probinsiya na tanggapin ang kaalaman na parang mga batang manggagawa sa siyudad. Ang kakulangan sa pagdarasal ang pinakamadalas na rason para sa pagkakamaling ito.

Ang pinakamalaking pagkakamali na ginagawa ng mga tagapagsanay, sa karanasan namin, ay ang hindi pagbigay ng sapat na oras sa mga mag-aaral na magsanay sa kanilang mga natutunan. Ang mga tagapagsanay ay hinaharap ang panunukso na tingnan ang pagsasanay na pangyayaring pang-isang beses lang at hindi isang tuloy-tuloy na paglalakbay. Isang siguradong tanda ng ugaling "pangyayaring pang-isang beses" ay, "Nandito sila. Buhusan natin sila ng pinakamadaming pag-aaral na kaya natin." Ang pagtuon ng pansin sa pagbibigay sa mga mag-aaral ng prosesong maka-Bibliya para sanayin sila ay kinakailangan ng pag-iiba ng pag-iisip. Ang

mga tagapagsanay ay iniisip ang taong sasanayin ng mag-aaral, at hindi ang mag-aaral mismo. Kung makita mo na madami kang tinuturong nilalaman at walang oras para sa pagsasanay, maaaring masayo kang madaming binibigay na hindi na nila ito masusunod lahat o maipapamahagi sa iba. Hinahanda niyo sila na mabigo, imbis na magtagumpay.

## Ano ang inyong imumungkahi kung walang mga pinuno para sanayin?

Ang mga nabubuong mga pinuno ay nakakaakit ng iba pang mga nabubuong pinuno. Kapag kayo'y nangako na sundin si Hesus at ang Kanyang estilo ng pagkapinuno, ang Diyos ay magbibiyaya ng iba at ipapadala sa iyo para samahan ka. Ngunit kailangan nating itapak ang unang hakbang ng pananampalataya. Si Hesus ay naninirahan sa bawat naniniwala at gustong dumating ang Kanyang kaharian at ang Kanyang gusto na masunod. Ang paghahari at pamumuno ay nagsasama. Tandaan, wala tayo kung hindi tayo humingi. Magdasal para sa mga mata na makakakita ng mga pinuno na binubuo ng Diyos. Magdasal para sa puso ng pagtanggap at paghimok. Magdasal para sa prespektibo ni Hesus sa pagkapinuno. Ang mga mangingisda ay nagiging magaling na apostol.

Ituon ang pansin sa mga taong binigay na sa inyo ng Diyos, hindi sa mga taong wala pa. Magsimulang sanayin ang mga tao na sumusunod sa inyo na maging masmabuting mga pinuno. Ang lahat ng tayo ay pinamumunuan ang iba. Ang mga tatay ay pinamumunuan ang kanilang pamilya. Ang mga nanay ay pinamumunuan ang kanilang mga anak. Ang mga guro ay pinamumunuan ang kanilang mga estudyante. Ang mga negosyante ay pinamumunuan ang kanilang mga komunidad. Ang mga prinsipyo ng pagkapinuno sa tinuro sa *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* ay maaaring gamitin sa alin man sa mga sitwasyon na ito. Tratuhin ang bawat tao na parang pinuno na siya at tingnan kung ano ang gagawin ng Diyos sa kanyang buhay.

Pag-isipan na maging punong-abala ng isang pagsasanay ng pagkapinuno. Ipaalam sa iba ang pangyayari sa pamamagitan ng mga kilalang grupo ng pagkapinuno – ang Lion's Club, Chamber of Commerce, sangguniang bayan, o direktor ng lugar. Gamitin ang mga kagamitang pagsasanay na ito para bigyan ang mga pinuno sa negosyo ng mga prinsipyo ng pagkapinuno na galing sa pinakamagaling na pinuno sa kasaysayan. Ang pagiging punong-abala sa isang pangyayaring ito ay hindi lamang magbibigay sa inyo ng kredibilidad sa komunidad, pero tutulong din itong gumaling ka bilang pinuno. Kung walang sumusunod kay Hesus sa grupo ng tao niyo, magsanay ng mga pinuno sa isang "kamag-anak" na grupo ng tao, ng may pangarap na maabot ang mga hindi pa naaabot.

## Ano ang mga unang hakbang para sa mga pinuno na magsisimulang magsanay ng mga bagong pinuno?

Si Hesus ay nagdasal ng isang buong gabi bago mamili ng mga pinuno, kaya ang pagdarasal ang pinakamainam na simula. Magdasal na lumabas ang mga pinuno sa ani para pamunuan ang ani. Habang nagdarasal, tandaan na ang Diyos ay tinitingnan ang puso at ang tao ay tinitingnan ang panglabas na anyo. Maghanap ng pagkapananampalataya at karakter sa mga pwedeng maging pinuno. Masyadong madalas tayong nakatuon ang pansin sa talento at unang impresyon. Magdasal para humiling sa Diyos na gumawa ng mga marubdob at espiritwal na mga pinuno.

Pagkatapos magdasal, magsimula na palaging pinamamahagi ang pangarap na mga pinunong sinusunod ang halimbawa ni Hesus bilang pinuno. Magdasal kasama ang mga kapamilya at kaibigan, habang hinihiling sa Diyos na maging masmabuting pinuno kayo ng sama-sama. Itanong sa mga taong dinadala sa inyo ng Diyos kung gusto nilang matuto kung paano maging masmatatag na mga pinuno. Laging sabihin ang pangarap ng mga magkakaibigang nagtutulungan para maging mga pinuno na

masmabunga ang mga ginagawa. Habang sinasabi ang pangarap ng pagsasanay ng mga pinuno, pansinin ang mga taong nakikinig ng mabuti at ginaganahan sa inyong sinasabi.

Ang susunod na hakbang ay hilingin sa Diyos na ipakita sa inyo ang mga pinunong Kanyang inaaruga. Huwag pilitin na ikaw mismo ang pumili. Hayaan silang mapili ang sarili nila sa kanilang kagustuhan na gawin ang mga gawaing kailangan sa pagiging pinuno. Hindi tayo "nagtatakda" ng pinuno, dahil tayo ay "nagbabasbas" ng mga pinuno na nagpakita na ng kanilang pananampalataya. Masyadong madalas na ang mga "huli" sa listahan natin ng mga pwedeng maging pinuno ay sila pang pinili ng Diyos na maging "una." Maghanap ng mga tao na hindi kampante sa kasalukuyang sitwasyon. Ituon ang pansin sa mga taong gustong matutuo at sumunod. Huwag panghinaan ng loob kung ang pagkapinuno sa itaas ng organisasyon ay hindi nagpapakita ng interes.

Sa huli, magsimula ng mga hakbang para sa pagsasagawa ng inyong Plano ni Hesus. Walang nakakaakit sa mga kasalukuyan at potensyal na mga pinuno tulad ng aksyon. Ang mga tao ay gusto laging maging bahagi ng grupong panalo. Habang binibiyayaan ng Diyos ang inyong Plano, magpapadala Siya ng mga taong tutulong sa inyo. Madalas ang ipapadala ng Diyos ay mga kapamilya, kaibigan, at mga matagumpay na negosyante. Ang mga pinuno ay may mga tagasunod. Kapag sinunod natin si Hesus, bibigyan nito ang iba ng malinaw na direksyon para sundin. May taong dapat magsimula ng paglalakbay sa inyong grupo ng tao. Ikaw na dapat yun!

## Ano ang mga sitwasyon kung saan ginamit na ng mga tagapagsanay ang *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno?*

Kung meron lamang kayong isang araw, nirerekmenda namin na ituro ang mga araling "Paano Nagsanay si Hesus ng Mga Pinuno," "Pitong Katangian ng Isang Mahusay na Pinuno," at

"Walong Imahe ni Kristo." Bibigyan nito ang mga pinuno ng kasanayan, karakter, at pasyon para magsanay ng ibang pinuno. Kapag hiniling ka nilang bumalik, ituro ang ibang mga aralin para punuin ang kanilang kaalaman at karunungan sa pagkapinuno, at bigyan sila ng mabuting maka-estratehiyang plano para sundin. Ito ay pinakamagandang gawin sa mga sitwasyon kung saan ang mga tao ay laging abala at konti lamang ang oras para makadalo sa mga sesyon ng pagsasanay.

Kung makakapagtipon lamang kayo ng isang beses kada linggo o isang beses kada dalawang linggo, nirerekomenda namin na ituro ang seminar ng kada aralin. Ang mga kasanayan ay tumutulong sa isa't isa at ang mga pinuno ay magkakaroon ng matatag na pundasyon pagkatapos ng 10 hanggang 20 na linggo. Anyayahan ang mga pinuno na magsanay ng mga bagong pinuno sa kalagitnaan ng bawat pagtitipon na binibigay niyo sa kanila. Ito ay pinakamagandang gawin kapag laging abala ang mga tao pero pwedeng mag-aral sa isang eksaktong oras para mag-aral sa bawat linggo. Hilingin sa mga pinuno na ituro muli sa labas ng klase ang mga aralin na maaaring hindi mapuntahan ng iba dahil sa sakit o ibang hindi inaasahang rason.

Kung meron kayong tatlong araw, nirerekomenda namin na sundin ang pagkasunod-sunod sa manwal na ito. Hayaan ang maraming diskusyon at gumamit ng mga panandaliang pahinga para kausapin ng paisa-isa ang mga pinuno. Sa dulo ng bawat sesyon, itanong sa mga pinuno ang sumusunod: "Ano ang sinasabi ng Diyos sa iyo tungkol sa araling ito?" Hayaan sila na pag-usapan ang sagot sa kanilang mga grupo. Ang mga matanda ay pinaka-natututo kapag nakikipag-usap at nakikipag-diskusyon sa iba. Magkakaroon din kayo ng kaalaman tungkol sa mga kailangan ng grupo. Ito ay pinakamagandang gawin sa mga Eskuwela ng Seminaryo o Bibliya, kasama ang mga ministro, at sa mga probinsiya o nayon kung saan nagtratrabaho ang mga tao ayon sa panahon ng pagsasaka.

# Apendiks B

## Listahan Para sa Pagsasanay

### Isang Buwan Bago ang Pagsasanay

- *Kumuha ng Grupo Para sa Pagdarasal*– Kumuha ng grupo para sa pagdarasal na binubuo ng labindalawang tao para mamagitan sa pagsasanay, bago at pagkatapos ng linggo ng pagsasanay. Importante ito!
- *Kumuha ng Aprentis*– Kumuha ng aprentis na tutulong sa iyo magturo, na nakadalo na sa *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno*.
- *Mag-anyaya ng mga Dadalo*– Mag-anyaya ng mga dadalo sa isang paraan na tanggap sa kanilang kultura. Magpadala ng mga liham, imbitasyon, o tumawag. Ang pinakamagandang laki ng grupo para sa *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ay nasa 16-24 katao bawat sesyon. Kapag tinutulungan ng ilang aprentis, maaari kayong makapagsanay ng hanggang 50 na pinuno. Ang *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* ay pwede din gawin sa grupo ng tatlo o higit pang mga pinuno.
- *Ayusin ang mga Detalye*– Ayusin ang pabahay, pagkain, at transportasyon para sa mga pinuno kung kinakailangan.
- *Kumuha ng Lugar ng Pagtitipon*– Kumuha ng lugar ng pagtitipon na may dalawang lamesa sa likod ng kwarto

para sa mga kagamitan, mga silyang naka-ayos ng pabilog at malawak na lugar para sa mga gawain sa mga sesyon. Kung masmainam, gumamit ng sapin sa sahig imbis na mga silya. Magplano ng dalawang panandaliang pahinga araw-araw na may kape, tsaa, at meryenda.

- *Kumuha ng Mga Kagamitan Para sa Pagsasanay*– Mangolekta ng mga Bibliya, isang pisara o malalaking piraso ng papel, mga tala ng estudyante, mga tala ng pinuno, mga pangkulay, mga kwaderno, mga panulat, bola ng Chinlone, at mga premyo.
- *Ayusin ang Mga Oras ng Pagpuri*– Gumamit ng mga libro o papel para sa mga nota at salita ng mga kanta. Maghanap nga tao sa inyong grupo na marunong tumugtog ng gitara at hilingin na tulungan kayo sa mga oras ng pagpuri.

## Pagkatapos ng Pagsasanay

- *Aralin ang Halaga ng Bawat Bahagi ng Pagsasanay Kasama ang iyong Aprentis*– Balikan at aralin ang halaga ng pagsasanay kasama ang iyong aprentis. Gumawa ng listahan ng mga positibo at negatibo. Gumawa ng mga plano para lalong mapaganda ang pagsasanay sa susunod na ituturo ito.
- *Makipag-uganayan sa Mga Pwedeng Maging Aprentis Tungkol sa Pagtulong sa Mga Susunod na Pagsasanay*– Makipag-ugnayan sa dalawa o tatlong pinuno na nagpakita ng potensyal ng pagkapinuno sa pagsasanay tungkol sa pagtulong nila sa *Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno* sa kinabukasan.
- *Anyayahan ang Mga Mag-aaral na Magsama ng Kaibigan sa Susunod na Pagsasanay*– Anyayahan ang mga mag-aaral na bumalik na may kasamang kasamahan sa ministro sa susunod na beses na dadalo sila. Ito ay magpapabilis ng pagdami ng bilang ng mga pinuno na nagsasanay ng ibang pinuno.

# Apendiks C

## Puna Para sa Mga Magsasalin

Ang manunulat ay binibigyan ng pahintulot ang pagsalin ng manwal na ito sa iba't ibang wika sa utos ng Diyos. Gamitin ang mga sumusunod na alituntunin sa pagsasalin ng *Pagsasanay sa Pagsunod Kay Hesus* (PPH):

- Bago simulan ang pagsasalin, nirerekomenda namin na magsanay muna ng iba gamit ang mga materyales sa PPH ng ilang beses. Ang pagsasalin ay dapat maibigay ang tamang ibig sabihin, at hindi isang literal na pagsasalin lang ng salita. Halimbawa, kung ang "samahan ang Espiritu" ay isinalin sa "mabuhay sa Espiritu" sa inyong bersyon ng Bibliya, gamitin ang "mabuhay sa Espiritu" sa mga materyales ng PPH. Ibahin din ang mga galaw ng kamay kung kinakailangan.
- Ang wikang gagamitin sa pagsasalin ay dapat ang karaniwang wika at hindi ang "banal na wika" ng inyong grupo ng tao, hanggang posible.
- Sa pagkopya ng mga kasulatan, gumamit ng sinalin na Bibliya na maiintindihan ng karamihan ng tao sa inyong grupo. Kung isang pagsasalin lamang ang meron, at mahirap ito intindihin, gumamit ng mga masmalinaw na salita.

- Gumamit ng salita na may positibong kahulugan sa walong imahe ni Kristo. Madalas, kailangang mag-eksperimento ng grupo ng ilang beses hanggang makuha ang tamang salin.
- Isalin ang "santo" sa salita sa inyong kultura na nagpaparating ng isang banal na tao. Kung ang salitang ginamit para ilarawan ang pagkabanal ni Hesus sa inyong wika ay kapareho ng "santo," hindi kailangang gamitin ang "Ang Banal." Ginagamit ang "Ang Banal" sa mga materyales na ito dahil ang salitang "santo" ay hindi lubos na inilalarawan si Hesus.
- Ang "tagapaglingkod" ay minsan mahirap isalin sa isang positibong salita, pero importante ito. Ingatan ang pagpili ng salita na naglalarawan ng isang taong masipag magtrabaho, may mapagpakumbabang puso, at masayang tumutulong sa iba. Ang karamihan sa mga kultura ay may ideya na "puso ng tagapaglingkod."
- Hinango namin ang ilan sa mga araling dula para sa Timog Silangang Asya mula sa "Magsanay at Magparami" na seminar ni George Patterson. Pwede niyo silang ibahin para bumagay sa inyong kultura gamit ang mga bagay at ideya na pamilyar sa inyong grupo.
- Gusto namin makarinig ng tungkol sa inyong gawain at tutulong kami sa anong paraan na kaya namin.
- Makipag-ugnayan kayo sa amin sa *lanfam@FollowJesusTraining.com* para makipagtulungan at makakita ng masmadaming taong sumusunod kay Hesus!

# Apendiks D

## Dagdag na Pagkukunan

Pwede niyong makuha ang ilan pang pagkukunan online na makakatulong sa inyong magsanay ng iba na sumunod kay Hesus sa *www.FollowJesusTraining.com*.

Kabilang ang mga sumusunod sa mga pagkukunan:

1. *Mga artikulo at kaalaman ng manunulat sa pagsasanay.*
2. *Mga video ng lahat ng galaw ng kamay sa Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno.*
3. *Mga pagsasalin ng Pagsasanay ng Mga Kumpletong Pinuno. Ang mga pagsasalin ay maaaring magkakaiba sa kalidad, kaya ipasuri sa mga lokal at internasyonal na mga naniniwala bago gamitin.*

Makipag-ugnayan sa *lanfam@FollowJesusTraining.com* para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang proyekto at pagsasanay.